

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HULYO 2011

# Liahona

## Mga Pioneer na Latino-Amerikano, p. 16

**Pagpili ng Landas sa Buhay, p. 42**
**Ang Banal na Kasulatan Na Nagpapabago sa Lahat, p. 50**
**Ang Baka at ang Templo, p. 68**



*Pag-asa ng Sion,* ni Miroslava Menssen-Bezakova

*Maraming Banal sa mga Huling Araw na naglakbay pakanluran patungo sa Salt Lake Valley noong kalagitnaan ng ika-19 na siglo. Ilang taon bago ito, noong Agosto 1, 1831, nagsalita si Propetang Joseph Smith sa mga Banal sa Missouri, na binibigyan sila ng pag-asa para sa kanilang hinaharap sa Missouri at sa paglalakbay nila pakanluran kalaunan.*

*Sa isang paghahayag sa Propeta, sinabi ng Panginoon:*

*"Sapagkat pagkatapos ng maraming kapighatian darating ang mga pagpapala. Dahil dito darating ang araw na kayo ay puputungan ng maraming kaluwalhatian; hindi pa oras, subalit nalalapit na.*

*"Tandaan ito, na aking sinabi sa inyo noon, upang inyong mailagay ito sa inyong mga puso, at tanggapin ang yaong susunod" (D at T 58:4–5).*

*Dito ay nakikita natin ang ilan sa mga nanatiling tapat, at kinakatawan nila ang lahat ng naglakbay nang may pananampalataya upang maitatag ang Sion.*

Liahona, Hulyo 2011



22

## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Kapatid, Desidido Na Ako**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Pumunta sa Templo at Kamtin ang Inyong mga Pagpapala**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


16 **Mi Vida, Mi Historia**
*Mga kuwento ng pananampalataya at pagbabalik-loob mula sa 10 Banal sa mga Huling Araw na Latino-Amerikano.*

22 **Pananampalatayang Tumugon sa Tawag**
Ni Elder Jeffrey R. Holland
*Ang matibay na pananalig na umakay sa mga pioneer na manirahan sa mga liblib na lugar ay makapagbibigay-inspirasyon sa atin na ibigay ang lahat ng kaya natin sa gawain ng Diyos.*

29 **"Kung Paanong Iniibig Ko Kayo"**
Ni Barbara Thompson
*Dalawang katangian ang nagpapakilala sa atin bilang mga disipulo ni Jesucristo.*

32 **Kapuluan ng Pananampalataya: Isang Kuwento ng Kasigasigan**
Ni Adam C. Olson

36 **Hindi Takot sa Tubig**
Ni Adam C. Olson


## MGA BAHAGI


8 **Maliliit at mga Karaniwang Bagay**

10 **Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo: Uminom nang Sagana sa Tubig na Buhay**
Ni Matthew Heaps

12 **Ang Ating Paniniwala: Ang Pagtatrabaho ay Isang Walang Hanggang Alituntunin**

14 **Paglilingkod sa Simbahan: Tinawag ng Diyos**
Ni Ramona Dutton

15 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Ang Misyon sa Buhay ng Isang Mapagmahal na Ina**
Ni Peiholani Kauvaka

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**


75 **Mga Balita sa Simbahan**

79 **Mga Ideya para sa Family Home Evening**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Sa Taong Ito ay Damo Iyan—Bunutin Mo**
Ni Mont Poulsen


**SA PABALAT**
Harap: larawang kuha ni Mark J. Davis.
Likod: larawang kuha ni Kent Miles.

## MGA YOUNG ADULT



42

**42 Nagsalita Sila sa Atin: Magsimulang Kumilos**
Ni Elder Von G. Keetch
*Ang kuwento tungkol sa mga bumbero sa isang bundok ay matuturuan tayo tungkol sa pagtanggap ng inspirasyon sa ating buhay.*



Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: mga bagon, ho!

## MGA KABATAAN

**46 Tuwirang Sagot**

**48 Poster: Tsismis**

**49 Ang Bahaging para sa Atin**

**50 Paano Ko Nalaman: Ang Sagot sa Talata Walo**
Ni Angelica Nelson

**52 Ang Marangal na Pamana sa Atin ng mga Pioneer**
Ni Pangulong Thomas S. Monson
*Marami tayong matututuhan sa mga naunang ninuno nating pioneer.*

**54 Pagtutulungan sa India**
Nina Elder Charles at Sister Carol Kewish
*Tumulong ang mga kabataan at young adult na maibsan ang pagdurusa ng mga apektado ng pagbaha sa katimugang India.*

**56 Mula sa Misyon: Ang Basura ng Isang Tao ay Kayamanan ng Iba**
Ni Andrej Bozhenov

**58 Magpatuloy Ka Lang sa Paglangoy**
*Paano nakayanan ng isa sa mga nangungunang kabataang manlalangoy sa New Zealand ang biglaang pagkamatay ng kanyang ama?*



58



## MGA BATA



68

**61 Natatanging Saksi: Bakit Mahalagang Maglingkod sa Kapwa?**
Ni Elder Dallin H. Oaks

**62 Gagabay sa Iyong Pag-uwi**
Ni Pangulong Henry B. Eyring
*Ang ating mapagmahal na Ama sa Langit ay naglagay ng mga tagasagip sa daan para tulungan tayong makabalik sa Kanya.*

**64 Dalhin ang Primary sa Tahanan: Ang Templo ay Bahay ng Diyos**
Nina JoAnn Child at Cristina Franco

**66 Araw ng mga Pioneer sa Tahiti**
Ni Maria T. Moody
*Tingnan kung paano ipinagdiriwang ng mga batang Tahitian ang Araw ng mga Pioneer.*

**67 Ang Ating Pahina**

**68 Ang Tungkulin**
Ni Corine Pugh
*Si Isaac, si Taurus, at ang Nauvoo Temple.*

**70 Para sa Maliliit na Bata**

**74 Mga Conference Spotlight Card**

**HULYO 2011 TOMO 14 BLG. 7**
**LIAHONA 09687 893**
Opisyal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Stanley G. Ellis, Christoffel Golden Jr., Yoshihiko Kikuchi

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na mga Patnugot:** Susan Barrett, Ryan Carr
**Staff sa Patnugutan:** Brittany Beattie, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Larry Hiller, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Janet Thomas, Paul VanDenBerghe, Mellissa Zenteno

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Thomas S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy
**Staff sa Produksyon:** Collette Nebeker Aune, Howard G. Brown, Julie Burdett, Reginald J. Christensen, Kim Fenstermaker, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala anag mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** July 2011 Vol. 14 No. 7. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pang Iba Online

Liahona.lds.org

## PARA SA MATATANDA




Ang pamilya Coila ay nakatira sa nakalutang na pulo sa Lake Titicaca. Ang pulo ay gawa sa tambo; ang panatilihing matibay ito ay isang aral sa kasigasigan (tingnan sa pahina 32). Tingnan ang iba pang mga larawan sa www.liahona.lds.org.

## PARA SA MGA KABATAAN



Isa ang labindalawang-taong-gulang na si Monica Saili sa pinakamahusay na mga batang manlalangoy sa New Zealand. Nang biglaang mamatay ang kanyang ama, nalaman niya na ang "mahihirap na bagay ay nagpapalakas sa atin. Basta magpatuloy ka lang sa paglangoy" (tingnan sa pahina 58). Tingnan ang iba pang mga larawan sa www.liahona.lds.org.

## PARA SA MGA BATA




Makikita ninyo ang mga aktibidad na pambata sa www.liahona.lds.org.

## SA INYONG WIKA


Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa www.languages.lds.org.

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *38, 49, 56*
***Binyag,*** *36, 46*
***Espiritu Santo,*** *42, 47*
***Gawain, trabaho,*** *12, 32*
***Gawaing misyonero,*** *56*
***Inspirasyon,*** *42*
***Jesucristo,*** *10, 29*
***Kasaysayan ng Simbahan,*** *9*
***Magiliw na awa,*** *41*
***Matibay na pangako,*** *4, 22, 50, 58*
***Media,*** *47*
***Pag-aaral ng mga banal na kasulatan,*** *50*
***Pag-aayuno,*** *9*
***Pagbabalik-loob,*** *16, 40*
***Pag-ibig, pagmamahal,*** *29*
***Pagiging ina,*** *15*
***Pagkabuhay na Mag-uli,*** *39*
***Paglilingkod,*** *29, 54, 61, 62, 68*
***Pagsunod,*** *22, 58, 80*
***Pamilya,*** *15, 32, 39, 58, 67, 70*
***Pananampalataya,*** *22, 32*
***Patotoo,*** *16, 38, 50*
***Pioneer, mga,*** *22, 40, 52, 66*
***Relief Society,*** *7*
***Templo, mga,*** *8, 64, 67, 70*
***Tsismis,*** *48*
***Tungkulin, mga,*** *14, 68*

**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan



# KAPATID, Desidido Na Ako

Nakatayo ang dalawang magkapatid na lalaki sa ibabaw ng maliit na talampas kung saan tanaw ang dalisay na tubig ng bughaw na lawa. Popular itong talunan ng mga lumalangoy, at madalas pag-usapan ng magkapatid ang pagtalon dito—isang bagay na nakita nilang ginagawa ng iba.

Kahit pareho nilang gustong tumalon, walang gustong magpauna sa kanila. Hindi naman gaanong matarik ang talampas, ngunit para sa magkapatid, parang naragdagan ang taas nito tuwing dudukwang sila—at agad silang pinanghihinaan ng loob.

Sa wakas, ipinuwesto ng isa sa kanila ang kanyang paa sa gilid ng talampas at walang takot na bumuwelo. Sa sandaling iyon bumulong ang kanyang kapatid, "Mabuti pa siguro sa susunod na tag-init na lang."

Gayunman, nakabuwelo na ang kapatid niya at hindi na mapigilang tumalon. "Kapatid," sabi niya, "desidido na 'ko!"

Bumagsak siya sa tubig at mabilis na pumaibabaw at tuwang-tuwang sumigaw. Agad sumunod ang kanyang kapatid. Maya-maya, pinagtatawanan na nila ang huling salita ng unang kapatid bago ito tumalon sa tubig, "Kapatid, desidido na ako."

Ang pagiging desidido ay parang pagtalon sa tubig. Kung tatalon ka nga o hindi. Kung susulong ka o mananatiling nakatigil. Hindi maaaring tumigil sa gitna. Lahat tayo ay gagawa ng desisyong magpapabago sa buhay natin. Bilang mga miyembro ng Simbahan, dapat nating itanong sa ating sarili, "Tatalon ba ako o tatayo lang sa gilid? Lulusong ba ako o papakiramdam ko lang sa mga daliri ng paa ko ang temperatura ng tubig?"

May ilang kasalanang nagagawa dahil may ginagawa tayong mali; may ibang mga kasalanang nagagawa dahil wala tayong ginagawa. Ang hindi lubos na pamumuhay ayon sa ebanghelyo ay humahantong sa kabiguan, kalungkutan, at panunurot ng budhi. Hindi ito dapat mangyari sa atin dahil tayo ay pinagtipanang mga tao. Nakipagtipan tayo sa Panginoon nang binyagan tayo at nang pumasok tayo sa bahay ng Panginoon. Ang mga lalaki ay nakikipagtipan sa Panginoon kapag inoorden sila sa priesthood. Wala nang mas mahalaga pa kaysa pagtupad sa tapat na pangakong ginawa natin sa Panginoon. Alalahanin natin ang tugon nina Raquel at Lea kay Jacob sa Lumang Tipan. Ito ay simple at tuwiran at nagpapakita ng kanilang tapat na pangako: "Gawin mo ang lahat ng sinabi sa iyo ng Dios" (Genesis 31:16).

Yaong hindi gaanong tapat sa pangako ay hindi rin lubusang nagkakaroon ng patotoo, kagalakan, at kapayapaan. Ang mga dungawan ng langit ay maaaring bahagya lamang na nakabukas sa kanila. Hindi ba kahangalang isipin na, "Nangangako akong sumunod nang 50 porsiyento ngayon, pero sa Ikalawang Pagparito ni Cristo, 100 porsiyento ko nang tutuparin ang pangako ko"?

Ang katapatan sa ating mga tipan sa Panginoon ay bunga ng ating pagbabalik-loob. Ang katapatan sa ating Tagapagligtas at sa Kanyang Simbahan ay humuhubog sa ating pagkatao at nagpapatatag sa ating espiritu para kapag nakaharap natin si Cristo, yayakapin Niya tayo at sasabihing, "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin" (Mateo 25:21).

May kaibhan sa pagitan ng balak at pagkilos. Yaong mga balak lang tumupad ay maaaring magdahilan sa tuwina. Yaong talagang tapat sa pangako ay matapang na hinaharap ang kanilang mga hamon at sinasabi sa kanilang sarili: "Oo, napakagandang dahilan niyan para magpaliban, pero nakipagtipan ako, kaya gagawin ko ang ipinangako kong gawin." Sinasaliksik nila ang mga banal na kasulatan at taimtim na hinahangad ang patnubay ng kanilang Ama sa Langit. Tinatanggap at ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin sa Simbahan. Dumadalo sila sa kanilang mga pulong.



Ginagawa nila ang kanilang home o visiting teaching.

Sabi sa isang sawikaing Aleman, "Ang mga pangako ay parang kabilugan ng buwan. Kung hindi kaagad tutuparin, unti-unti itong naglalaho." Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, tapat tayong nangako na mamumuhay na isang disipulo. Tapat tayong nangako na susundan ang halimbawa ng ating Tagapagligtas. Wariin kung gaano mabibiyayaan at mapapabuti ang mundo kapag lahat ng miyembro ng Simbahan ng Panginoon ay mamumuhay ayon sa tunay nilang potensyal—lubos na nabago sa kaibuturan ng kanilang kaluluwa at tapat sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

Kahit paano, bawat isa sa atin ay magpapasiya habang nakatanaw sa tubig. Dalangin ko na tayo ay sumampalataya, sumulong, matapang na harapin ang ating takot at pag-aalinlangan, at sabihin sa ating sarili, "Desidido na ako!" ■

PAGLALARAWAN NI BJORN THORKLESON

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Check manual—"Ang isang paraan para maipaunawa sa mga mag-aaral ang mga alituntunin ng ebanghelyo ay pagdrowingin sila ng mga larawan. Ang pagdodrowing ay nagpapahintulot sa kanila na saliksikin at ipahiwatig ang kanilang pang-unawa at damdamin tungkol sa mga kuwento at alituntunin ng ebanghelyo" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [1999], 220). Isiping basahin ang artikulo, talakayin ang alituntunin ng katapatan sa ebanghelyo, at saka ipadrowing sa sinumang may gusto ang aktibidad tungkol sa ebanghelyo na nagpapakita ng katapatan. Maaaring kailanganing bigyan ng mga ideya ang mas maliliit na bata kung ano ang idodrowing.

## MGA KABATAAN

### Ang Tanging Maibibigay Ko

Ni Alyssa Hansen

Nag-alala ako kung paano ko babayaran ang mga bagay na gusto kong gawin sa tag-init: mga klase, workshop, summer camp, at marami pang iba. Parang gusto ko nang maiyak. Pagkatapos ay naalala ko ang lahat ng bagay na naituro sa akin tungkol sa pagtitiwala at pananampalataya sa Panginoon. Nagpasiya akong ipaubaya sa Panginoon ang sitwasyon at magtiwala na kung ito ang Kanyang kalooban, maglalaan Siya ng paraan.

Di-nagtagal matapos iyon, may nakitang tseke si Inay mula sa trabaho ko noong unang mga buwan ng taong iyon na hindi pa naipapalit, at kinabukasan din ay may natanggap akong kaunting perang premyo sa koreo dahil pumangalawa ako sa isang kompetisyon. Malaking patotoo ito sa akin na buhay nga ang Diyos, na mahal Niya ako at pinagmamalasakitan at paglalaanan.

Puspos ako ng pasasalamat at pagmamahal sa aking Ama sa Langit at sa Tagapagligtas. Parang sasabog ang puso ko sa tuwa! Sabik akong ipakita ang malaking pasasalamat ko, na purihin ang Diyos nang abot-kaya ko, at ibahagi ang damdaming iyon. Nagawa na ito ng iba sa pagkatha ng awitin, pagsulat ng tula, o pagpipinta, ngunit hindi ko kayang gawin ang alinman sa mga iyon. Natanto ko na ang tanging maibibigay ko na sasapat na papuri ay ang buhay ko—ang maging "uliran ng mga nagsisisampalataya" (I Kay Timoteo 4:12), ang ibigay ang buhay ko kay Cristo. Iyan lang ang Kanyang hinihiling, at iyan ang tanging maibibigay ko.


## MGA BATA

### Desidido Ka Ba?

Kapag nangako tayong sundin si Jesucristo, ginagawa natin ang tama nang hindi na nagdadahilan.

Sumali ang apat na batang ito sa klase nila sa Primary para linisin ang isang palaruan sa lugar. Sino sa mga batang ito ang mukhang hindi desidido? Bakit hindi? Paano ipinapakita ng iba na desidido sila?

Bilugan ang limang bagay na makakatulong sa batang ito na sumama sa iba sa paglilingkod. Mahahanap ba ninyo ang kalaykay, brotsa, hagdan, timba, at pala?



PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP

# Pumunta sa Templo at Kamtin ang Inyong mga Pagpapala

*Pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang binibisita ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong kababaihan at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya • Pamilya • Kapanatagan**

Mga kapatid, napakapalad natin. Ang Tagapagligtas ang namumuno sa Simbahang ito. Pinamumunuan tayo ng mga buhay na propeta. Mayroon tayong mga banal na kasulatan. At marami tayong banal na templo sa lahat ng dako ng mundo kung saan matatamo natin ang mga ordenansang kailangan para makabalik tayo sa ating Ama sa Langit.

Pumupunta tayo sa templo para muna sa ating sarili. "Ang pangunahing layunin ng templo," paliwanag ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "ay ilaan ang kailangang mga ordenansa para sa ating kadakilaan sa kahariang selestiyal. Ang mga ordenansa sa templo ay ginagabayan tayo patungo sa ating Tagapagligtas at pinagpapala tayo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Mga templo ang pinakadakilang lugar ng pagkatuto na alam ng tao, na nagbibigay sa atin ng kaalaman at karunungan tungkol sa Paglikha ng mundo. Ang mga tagubilin sa endowment ay nagbibigay ng patnubay kung paano tayo dapat mamuhay rito sa mortalidad. . . . Ang ordenansa ay binubuo ng sunud-sunod na mga tagubilin kung paano tayo dapat mamuhay at ng mga tipang ginagawa natin para mamuhay nang matwid sa pamamagitan ng pagsunod sa ating Tagapagligtas."[1]

Ngunit hindi riyan nagtatapos ang ating paglilingkod sa templo. Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Sa pagpapabinyag para sa isang namayapa na, naipapaalala sa inyo ang mga tipang inyong ginawa. Napagtitibay na muli sa inyong isipan ang mga dakilang espirituwal na pagpapala na may kaugnayan sa bahay ng Panginoon. . . . Sa mga tipan at ordenansa nakasentro ang mga pagpapalang maaari ninyong makamit sa banal na templo."[2]

Pumunta sa templo nang paulit-ulit. Ang paggawa at pagtupad ng mga tipan sa templo ay magpapanatili sa atin sa landas tungo sa pinakadakila sa lahat ng pagpapala—ang buhay na walang hanggan.

***Barbara Thompson, pangalawang tagapayo sa Relief Society general presidency.***

## *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Isaias 2:3; I Mga Taga Corinto 11:11; Apocalipsis 7:13–15; Doktrina at mga Tipan 109

## *Ano ang Magagawa Ko?*

**1.** Anong karanasan ang maibabahagi ko para mapalakas ang aking mga binibisita sa determinasyon nilang "pumunta sa templo"?

**2.** Paano ko mismo makakamtan ang mga pagpapala ng templo?

Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa www.reliefsociety.lds.org.

## *Mula sa Ating Kasaysayan*

Si Propetang Joseph ay madalas magsalita sa kababaihan ng Relief Society sa kanilang mga pulong. Noong itinatayo ang Nauvoo Temple, tinuruan ng Propeta ang kababaihan sa doktrina, at inihanda silang tumanggap ng iba pang kaalaman sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo. Noong 1842 sinabi niya kay Mercy Fielding Thompson na ang endowment ay "ilalabas ka . . . mula sa kadiliman tungo sa kagila-gilalas na kaliwanagan."[3]

Tinatayang 6,000 Banal sa mga Huling Araw ang nakatanggap ng mga ordenansa sa templo bago nila nilisan ang Nauvoo. Sabi ni Pangulong Brigham Young (1801–77), "Gayon na lamang ang pananabik na ipinakita ng mga Banal na makatanggap ng mga ordenansa [ng templo], at gayon na lamang ang pananabik namin na mangasiwa sa kanila; kaya't inilaan ko na ang aking sarili sa gawain ng Panginoon sa Templo sa gabi at araw. Karaniwan ay hindi [ako] natutulog nang higit pa sa apat na oras sa bawat araw, at umuuwi ako minsan lamang sa isang linggo."[4] Ang lakas at kapangyarihan ng mga tipan sa templo ay lalong nagpatatag sa mga Banal nang lisanin nila ang kanilang lungsod at templo at naglakbay sa di-pamilyar na lugar.


**MGA TALA**

1. Robert D. Hales, "Mga Pagpapala ng Templo," *Liahona,* Okt. 2009, 14.
2. Boyd K. Packer, *The Holy Temple* (1980), 170, 171.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 486.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 12.




PAGLALARAWAN NI ATHLEY GLORI

# **Maliliit** at **mga Karaniwang** Bagay

*"Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay" (Alma 37:6).*

**TAMPOK NA TEMPLO**


## Vancouver British Columbia Temple


Noong Mayo 2, 2010, ang Vancouver British Columbia Temple ay naging ika-131 templong nailaan sa dispensasyong ito. Ang templo ay may sukat na 28,165 square feet (2,617 $m^2$) at naglalaman ng isang bautismuhan, isang silid-selestiyal, dalawang silid para sa endowment, at dalawang silid-bukluran. Sa loob, ang tampok na mga kulay ay berde, bughaw, at ginintuan, bilang parangal sa karingalan ng kagubatan, dagat, at himpapawid ng Pacific Northwest. Ang Pacific dogwood, bulaklak ng lalawigan ng British Columbia, ay nakapinta at nakapalamuti sa buong gusali.




Noong gabi bago ang paglalaan, mahigit 1,200 kabataan ang nakibahagi sa pangkulturang pagtatanghal. Pinamagatang "A Beacon to the World," itinampok sa pagtatanghal ang kasaysayan at ang mga mamamayan ng Canada. Sa simula ng pagdiriwang, pinalitan ni Pangulong Monson ang pambungad na himno ng pambansang awit ng Canada, at sinabing, "Narito kami upang makita ang kagandahan ng Canada na kasama ninyo."

Sa panalangin ng paglalaan, sinabi ni Pangulong Monson: "Nawa'y malinis ang mga kamay at puso ng lahat ng papasok dito. Nawa'y mag-ibayo ang kanilang pananampalataya habang nagsasagawa sila rito para sa mga patay. Nawa'y lumisan sila na payapa ang damdamin, at pinupuri ang Inyong banal na pangalan."[1]









*Mula itaas: Isang sulyap sa bautismuhan, sa detalye ng dekorasyon at silid-selestiyal ng Vancouver British Columbia Temple.*

**TALA**

1. Thomas S. Monson, "Dedicatory Prayer," ldschurchtemples.com/vancouver/prayer.

KALIWA: LARAWAN NG VANCOUVER BRITISH COLUMBIA TEMPLE NA KUHA NI STEVEN DAVIS; MGA LARAWAN NG LOOB NG TEMPLO NA KUHA NI MATTHEW REIER, © IRI, HINDI MAAARING KOPYAHIN; KANAN: PAGLALARAWAN NI GLEN HOPKINSON

# Journal tungkol sa Pag-aayuno

Mahirap sa akin ang mag-ayuno noon—hanggang sa sumulat ako ng journal tungkol sa pag-aayuno. Ngayon, bago ko simulan ang bawat pag-aayuno, isinusulat ko ang partikular kong layunin sa pag-aayuno. Halimbawa, isusulat ko, "Dahil kinakabahan ako sa bago kong tungkulin bilang Beehive adviser, nag-aayuno at nagdarasal ako na basbasan ako ng Panginoon para ako mapanatag, magtiwala sa sarili, at hindi kabahan bukas sa pagtuturo ng una kong aralin."

Sa buong pag-aayuno ko, isinusulat ko ang mahahalagang bagay na nangyayari; mga ideya, damdamin, at opinyon na sumasagi sa puso't isipan ko; at mga talata sa banal na kasulatan na may kinalaman lalo na sa layunin ng pag-aayuno ko.

Kapag ibinahagi ko ang aking mga hangarin sa Ama sa Langit, madalas Niya akong pagpalain sa mga paraang hindi ko mawari. Ang tila di-magkakaugnay na mga pangyayari sa buhay ko ay malinaw na napag-uugnay kapag isinulat ko ang mga ito at nakita ko kung paano nakakatulong ang lahat ng ito sa aking paglago at pag-unlad. Mula noong 1996, nang simulan kong magsulat sa journal tungkol sa pag-aayuno, nakita ko kung paano pinagpala ng Ama sa Langit ang buhay ko. Pinatototohanan ko ang pambihirang espirituwal na kapangyarihan ng pag-aayuno at pagdarasal at itinuturing kong pagkakataon ang pag-aayuno para sa "kagalakan at panalangin" (D at T 59:14).

**Renee Harding, North Carolina, USA**

**PAGGUNITA SA MGA DAKILANG TAO**

# Mary Fielding Smith

Si Mary Fielding Smith, isang tapat na babaeng Banal sa mga Huling Araw, ay naiwang mag-isa sa pag-aalaga sa mga musmos na anak habang nakakulong ang kanyang asawa sa Liberty Jail noong taglamig ng 1838–39. Pinasok ng mga mandurumog ang bahay niya, at muntik nang mapatay ang kanyang anak na lalaki dahil dito. Bilang maybahay ni Hyrum Smith, nabiyuda si Mary nang paslangin ang kanyang asawa sa Carthage Jail noong Hunyo 27, 1844. Nagtiis sila ni Emma Smith ng maraming pagsubok na kasama ng kanilang mga asawang sina Hyrum at Joseph Smith. Ngayon, si Mary ay hinahangaan bilang isa sa mga pinakamatatag na pioneer ng Simbahan noong araw.

Nagpakasal si Mary kay Hyrum Smith noong Disyembre 24, 1837. Ang unang asawa ni Hyrum na si Jerusha ay namatay sa panganganak, at inalagaan ni Mary ang maliliit na anak ni Hyrum na parang sarili niyang mga anak. Nagkaroon din ng dalawang anak sina Hyrum at Mary, kabilang na si Joseph F. Smith, na kalaunan ay naging ikaanim na Pangulo ng Simbahan.

Nang lisanin ng mga Banal ang Nauvoo para magtungo sa Salt Lake Valley matapos paslangin sina Joseph at Hyrum, nagpasiya si Mary na sumama sa paglalakbay. Sila ng kanyang pamilya ay isinama sa isang pangkat ng mga maglalakbay, at sinabihan siya ng kapitan nito na magiging pabigat lang siya sa iba at hindi siya dapat magtangkang sumama sa mahirap na paglalakbay. Sumagot si Mary, "Uunahan kitang makarating sa lambak at hindi rin ako hihingi ng tulong sa iyo."[1] Naging mahirap nga ang paglalakbay, ngunit nakarating sila ng kanyang pamilya sa Salt Lake noong Setyembre 23, 1848, mas maaga ng isang araw sa kapitan na nagduda sa kanya.

Si Mary Fielding Smith ay nanatiling tapat hanggang kamatayan.





*Itaas: Si Mary Fielding Smith na tinatawid ang kapatagan. Itaas: Si Joseph F. Smith kasama ang mga kapamilya sa tahanan ni Mary Fielding Smith sa Salt Lake City, bandang 1910.*

Nagbayad siya ng kanyang ikapu, kahit sa kanyang kahirapan. Nang may nagkamaling magmungkahi sa kanya na huwag na siyang magbigay ng ikasampung bahagi ng ani niyang patatas sa taong iyon, sinabi niya, "Mahiya ka sa sarili mo. Pagkakaitan mo ba ako ng pagpapala? . . . Nagbabayad ako ng ikapu, hindi lamang dahil ito'y batas ng Diyos, kundi dahil umaasa akong may pagpapala sa paggawa nito."[2] Nagsimula siya ng isang sakahan sa Salt Lake Valley at itinuro sa kanyang mga anak ang ebanghelyo. Sabi ni Pangulong Joseph F. Smith kalaunan, "Tinuruan niya ako ng karangalan, at kalinisan, at katotohanan, at katapatan, sa kaharian ng Diyos, at hindi lamang niya ako tinuruan sa pamamagitan ng tuntunin kundi sa pamamagitan ng halimbawa."[3]

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Don Cecil Corbett, *Mary Fielding Smith: Daughter of Britain* (1966), 228.
2. Mary Fielding Smith, binanggit ni Joseph F. Smith, sa Conference Report, Abr. 1900, 48.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 42.

# UMINOM NANG SAGANA SA Tubig na Buhay

*"Sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw" (Juan 4:14).*

**Ni Matthew Heaps**
Welfare Services


Dahil sa trabaho ko nakakarating ako sa mga komunidad sa buong mundo kung saan walang makuhang malinis na tubig ang mga tao. Ang grupo namin ay nakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan at residente upang makapaglaan ng mapagkukunan ng malinis at nagbibigay-buhay na tubig tulad ng mga balon at bukal o sinahod na ulan.

Ang mga proyektong patubig na ito ay nagbibigay ng mahalagang pag-unlad sa uri ng pamumuhay. Malaki ang iginaganda ng kalusugan dahil napipigilan ng malinis na tubig ang pagkalat ng sakit na tipus, kolera, at iba pang sakit na nakukuha sa maruming tubig. Umuunlad din ang ekonomiya dahil ang mga magulang at anak na dati ay nauubos ang oras sa pagsalok ng tubig ay makapagtatrabaho at makapag-aaral na. Maging sa mga komunidad na napakarami at napakalawak ng mga problema, laging sinasabi ng mga tao na malinis na tubig ang pinakagusto nila.

Ginugol ng Tagapagligtas ang Kanyang ministeryo sa lupa sa panahon at lugar kung saan umasa ang mga tao sa mga balon para sa tubig. Nang turuan Niya ang babae sa may balon sa pagsasabing "sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw" (Juan 4:14), itinuturo din ba Niya sa atin na ang Kanyang ebanghelyo ang tumitighaw—nang palagian—sa ating pinakamahahalagang pangangailangan? Naniniwala ako.

Lagi kong pasasalamatan ang isang babae sa Kenya, Africa, na nagturo sa akin ng kahandaang kumilos para makakuha ng tubig. Nakilala ko siya sa isang pagdiriwang matapos mailagay ang isang balon sa kanyang komunidad. Nagpapasalamat niyang sinabi sa akin na dahil sa bagong balon isang milya (1.6 km) na lang ang lalakarin niya araw-araw sa halip na siyam na milya (14 km). Tuwang-tuwa siya sa mga pagkakataong napasakanya ngayon.

Hindi ko maiwasang isipin kung ano ang madarama ko kung *ako* ang maglakad ng isang milya para makakuha ng tubig. Humanga ako dahil isinantabi niyang lahat—mula sa gawaing-bahay hanggang sa paghahalaman—para maglakad at sumalok ng tubig. Alam niya na hindi niya matatapos ang iba pang mga gawain kung wala ang tubig na iyon. Naisip ko kung gaano kabigat ang kanyang pasan. Kailangan ng lakas at pagtitiis sa pagbuhat ng sinalok na tubig. Subalit, alang-alang sa kanyang pamilya, handa siyang maglakad ng siyam na milya araw-araw para mag-igib.



**SIYA ANG TUBIG NA BUHAY**

"Nais ba ninyong makibahagi rito sa tubig na buhay [na binanggit sa Juan 4:14] at madama ang banal na balong iyon na bumubukal sa buhay na walang hanggan?

"Kung gayon ay huwag matakot. Maniwala nang buong puso. Magkaroon ng matatag na pananalig sa Anak ng Diyos. Hayaang manalangin nang taimtim ang inyong puso. Puspusin ang inyong isipan ng kaalaman tungkol sa Kanya. Talikuran ang inyong mga kahinaan. Mabuhay sa kabanalan at sundin ang mga utos.

"Uminom nang sagana sa tubig na buhay ng ebanghelyo ni Jesucristo."

**Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Masaganang Buhay," *Liahona,* Mayo 2006, 100.**



***Itinuro ng Tagapagligtas, "Sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man; nguni't ang tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan" (Juan 4:14).***

Iniisip ko kung tayo na kumukuha ng malinis na tubig sa gripo sa ating tahanan ay umaasa kung minsan na makalapit kay Cristo na kasingdali ng pagpihit sa gripo para makakuha ng isang basong tubig. O handa kaya tayong isantabi ang ibang mga gawain, pati na ang mahahalaga, upang hangaring makilala si Jesucristo at ang Kanyang Ama?

Alam ko na ang balon ng tubig na buhay na iniaalok sa atin ng Tagapagligtas ay hindi natutuyo kailanman at ito ay dalisay at nagbibigay-buhay. Kapag lumapit tayo sa Kanya na may dalang isang basong walang laman, pupunuin Niya ito, na kadalasan ay higit pa sa kaya nating tanggapin. Siya ay tunay na tubig na buhay, isang pagpapakita ng pagmamahal ng Diyos. ■

### ANO ANG TUBIG NA BUHAY?

- Ang tubig na buhay ay ang ebanghelyo ni Jesucristo.
- "[Ang] bukal ng mga buhay na tubig . . . [ay] sumasagisag sa pag-ibig ng Diyos" (1 Nephi 11:25).
- Ang tubig na buhay ay makapagbibigay sa atin ng "kabuhayang walang hanggan" (Juan 4:14; D at T 63:23).

Para sa sa iba pang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan sa 1 Nephi 8; 11; at sa Richard G. Scott, "Ang Nagpapabagong Kapangyarihan ng Pananampalataya at Pagkatao," *Liahona,* Nob. 2010, 43.

### PAANO TAYO PINAGPAPALA NG TUBIG NA BUHAY?

Si Kathleen H. Hughes, dating unang tagapayo sa Relief Society general presidency, ay tumulong sa pagsagot sa tanong na ito sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya na "Pinagpala ng Tubig na Buhay" (*Liahona,* Mayo 2003, 13).

1. Ang tubig na buhay ay nagpapagaling sa atin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.
2. Ang tubig na buhay ay nangangalaga at sumusuporta sa atin (tingnan sa Mateo 11:28).
3. Ang tubig na buhay ay naghahatid ng kapayapaan at kagalakan (tingnan sa Juan 14:27); D at T 101:16).

Isiping basahin ang 1 Nephi 11:25 sa inyong pamilya o isang kaibigan. Talakayin ang kaugnayan ng bukal ng tubig na buhay at ng punungkahoy ng buhay.

*ANG BALON NG BUHAY,* NI ROBERT T. BARRETT, HINDI MAARING KOPYAHIN

# ANG PAGTATRABAHO AY ISANG WALANG HANGGANG ALITUNTUNIN

Ang ating Ama sa Langit at si Jesucristo ay nagtrabaho upang likhain ang langit at lupa. Nilikha nila ang araw, buwan, at mga bituin. Tinipon nila ang mga dagat at pinalitaw ang tuyong lupa at pinasibol ang mga halaman. Pagkatapos ay nilikha nila ang bawat buhay na nilalang sa dagat at sa lupa. (Tingnan sa Genesis 1; Moises 2.) Makikita natin sa kanilang halimbawa na mahalaga ang pagtatrabaho sa langit at sa lupa. (Tingnan din sa Juan 5:17; 9:4.)

Nang likhain ng Diyos ang lalaki at babae sa Kanyang sariling larawan, inilagay Niya sila sa Halamanan ng Eden (tingnan sa Genesis 1:26–27; 2:8). Kalaunan, nang paalisin sila sa halamanan, sinabi ng Panginoon kay Adan, "Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay" (Genesis 3:19). Mula noon, nagtrabaho na sina Adan at Eva para matustusan ang mga pangangailangan nila at ng kanilang mga anak (tingnan sa Moises 5:1).

Simula noong panahon nina Adan at Eva, ang pagtatrabaho ay naging paraan na ng pamumuhay nating lahat sa mundo. Nagtatrabaho tayo para sa pisikal, espirituwal, at emosyonal na kapakanan natin at ng ating pamilya. Ang mga magulang ay nagpupunyaging magbuo ng mga tahanan kung saan itinuturo ang alituntunin ng pagtatrabaho. Ang pag-aatas sa mga anak ng mga gawaing akma sa kanilang mga kakayahan at pagpuri sa kanilang mga tagumpay ay makakatulong para magkaroon sila ng magagandang karanasan sa pagtatrabaho. Dahil dito, magkakaroon sila ng magandang sistema sa pagtatrabaho, magandang pag-uugali, at mga pangunahing kasanayan.

Dapat din nating balansehin nang wasto ang pagtatrabaho at pahinga. Anim na araw sa isang linggo, pagpapalain tayo kapag hinaluan natin ang trabaho ng mga aktibidad na nagpapasigla sa atin. Gayunman, tuwing Linggo, pinangakuan tayo ng Panginoon ng mga espesyal na pagpapala kapag sinunod natin ang Kanyang utos na huwag magtrabaho at panatilihing banal ang araw ng Sabbath (tingnan sa Exodo 20:9–11; D at T 59:9–19).

Ang pagtatrabaho ay bahagi ng plano ng ating Ama sa Langit para sa atin sa langit at sa lupa. Kung tayo ay matwid, babalik tayo para manahan sa piling Niya. Doon ay patuloy tayong magkakaroon ng mga pagkakataong magtrabaho sa pagtulong nating itayo ang kaharian ng Diyos (tingnan sa Moises 1:39). ■



Kapag nagtulungan tayo at naghati-hati sa trabaho, kahit pinakamabigat na gawain ay gumagaan.

MGA PAGLALARAWAN NINA JOHN LUKE, WELDEN C. ANDERSEN, JERRY GARNS, CRAIG DIMOND, ROBERT CASEY, AT HOWARD COLLETT © IRI

**Responsibilidad nating alagaan ang ating sarili at ating pamilya.**



*1. Ang mga magulang ay may sagradong tungkuling alagaan ang kanilang mga anak (tingnan sa D at T 83).*



*2. Ang mga anak ay pagpapalain kapag inalagaan nila ang tumatanda nilang mga magulang (tingnan sa I Kay Timoteo 5:3–4, 8).*



*3. Dapat nating tulungan ang ating mga kamag-anak hanggang maaari.*





*1. Pinatatatag natin ang ating pagkatao at pinahuhusay ang mga kasanayan natin sa trabaho.*



*2. Nagagalak tayo sa plano ng Diyos para sa atin sa mundo.*



*3. Nagiging mas handa at umaasa tayo sa sarili kapag nag-imbak tayo ng tatlong-buwang suplay ng pagkain, tubig, at iba pang mga pangangailangan.*

**Dumarating sa atin ang mga pagpapala kapag tayo ay nagtrabaho.**



*"Igawa [ng tao] ang kaniyang mga kamay ng mabuting bagay, upang siya'y may maibigay sa nangangailangan" (Mga Taga Efeso 4:28).*

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 253–58; at "Ang Mag-anak: Isang pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.



# TINAWAG NG DIYOS

**Ni Ramona Dutton**

*Natutuhan ko mismo ang ibig sabihin ng "tawagin ng Diyos, sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5).*

Kalilipat lang naming mag-asawa sa isang bagong bayan at sabik kaming dumalo sa bagong ward namin. Lumabas na binabago pala noon ang hangganan ng mga ward, at hinati ang ward.

Matapos ang simba noong ikalawang Linggo namin, itinakda ng ward clerk na makausap namin ang bagong bishop noong Martes ng gabi. Matapos ang maikling pag-uusap, humingi ng pahintulot ang bishop sa asawa ko na tawagin ako bilang Primary president ng bagong ward. Pagkatapos ay tinawag niya ako sa tungkulin. Nabigla ako, pero naturuan ako na huwag tumanggi kapag tinawag, kaya pumayag akong gawin ang abot-kaya ko.

Binigyan ako ng bishop ng listahan ng mga pangalan at sinabi sa aking makipagkita sa kanya makalipas ang dalawang araw na may napili na para maging mga tagapayo at sekretarya. Natigilan ako. Pagdating namin sa bahay, nagkulong ako sa banyo at umiyak. Ibinuhos ko ang aking damdamin sa Ama sa Langit, sinabi ang mga alalahanin ko sa bago kong tungkulin. Wala akong kakilala sa bagong ward, at kailangan ko ang Kanyang tulong. Pagkatapos kong magdasal, napanatag ako.

Kinabukasan nagdasal ako at saka ko hinarap ang karaniwan kong mga gawaing-bahay. Nakapatong sa mesa ang listahan ng mga pangalang ibinigay sa akin ni bishop, at sinulyap-sulyapan ko ito tuwing madaraanan ko. Pagkatapos kong tingnan nang ilang beses ang listahan, dalawang pangalan ang namukod sa akin. Dinampot ko ang listahan at binasa ang mga pangalan. Nang bigkasin ko ang mga pangalan, nag-init ang pakiramdam ko. Noon ko lang nadama nang gayon kalakas ang Espiritu Santo.

Agad akong nanalangin sa Ama sa Langit, na tumutulo ang mga luha nang muli kong bigkasin ang mga pangalan. Wala akong alam tungkol sa sinuman sa mga babaeng ito, ngunit dama ko na sila ang magiging mga tagapayo ko.

Kinagabihan inisa-isa kong muli sa aking isipan ang mga pangalan sa listahan. Isang pangalan ang pumasok sa isipan ko tuwing gugunitain ko ito. Siya ang naging sekretarya ko.

Kinausap ko ang bishop kinabukasan at ibinigay sa kanya ang mga pangalan ng magiging mga tagapayo at sekretarya ko. Nagulat ako nang sabihin ng bishop na sila rin ang naisip niya na nababagay sa Primary. Pagdating ko sa simbahan kinalinggguhan, nakatayo sa labas ng chapel ang unang tagapayo sa bishopric at itinuro sa akin ang mga tagapayo at sekretarya ko nang magdatingan sila. Habang pinagmamasdan ko ang kababaihang ito, nadama ko na kilala ko na sila. Muling pinagtibay sa akin ng Espiritu na ang kababaihang ito ay tinawag ng Diyos.

Alam ko na magkakasundo kami sa paglilingkod sa Panginoon—na siya ngang nangyari. Kahit hindi ko kilala ang kababaihang ito, angkop na angkop sila sa kanilang tungkulin. Alam ng Panginoon kung sino ang nais Niyang tawagin. Napakagandang karanasan sa akin ang matutuhan mismo ang ibig sabihin ng matawag ng Diyos sa pamamagitan ng propesiya. ■

### HANGARIN ANG PATNUBAY NG ESPIRITU

"Ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos na maglingkod sa Simbahan (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5). Hinahangad ng mga lider ang patnubay ng Espiritu sa pagpapasiya kung sino ang tatawagin. Isinasaalang-alang nila ang pagkamarapat na kailangan para sa tungkulin. Isinasaalang-alang din nila ang mga kalagayan ng tao o ng kanyang pamilya. Bawat tungkulin ay dapat maging kapaki-pakinabang sa mga taong pinaglilingkuran, sa miyembro, at sa pamilya ng miyembro."

***Handbook 2: Administering the Church*** **(2010), 19.1.1.**

PAGLALARAWAN NI RUTH SIPUS



# ANG MISYON SA BUHAY NG **ISANG MAPAGMAHAL NA INA**

**Ni Peiholani Kauvaka**

Habang lumalaki ako sa Tonga, tumutulong paminsan-minsan ang aking ina sa pagtuturo ng seminary. Mula noong 5 taon hanggang 10 taong gulang ako, madalas niya akong gisingin bago mag-seminary at isama sa bahay kung saan nagkaklase. Bagama't wala pang sangkapat ng isang milya (0.4 km) ang lalakarin papasok sa daanan sa mga puno ng bayabas, tinatanong niya ako, "Natatakot ka ba?" Matapang akong sumasagot ng, "Hindi po."

Sasabihin niya pagkatapos, "Balang araw kailangan mong maging matapang at maglingkod sa iyong Ama sa Langit. Naglaan Siya sa atin ng lahat ng bagay, maging ng isang plano para makabalik tayo sa piling Niya. Balang araw magmimisyon ka at paglilingkuran mo Siya nang buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas. Dapat ka nang maghanda ngayon na maging isang mabuting misyonero."

Kalaunan ay inilipat ng mga magulang ko ang pamilya namin sa Ontario, California, USA. Natagpuan ni Inay ang kanyang sarili sa isang dipamilyar na bansa, hindi makapagsalita ng wika at naninibago sa kultura. Tulad ng isang inahin na tinitipon ang kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, titipunin niya kaming mga anak niya at luluhod siya, sumasamo sa Ama sa Langit na wala ni isa sa mga anak niya na ibinigay Niya ang mawala sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ginamit ng mga magulang ko ang panalangin ng pamilya, pagbabasa ng banal na kasulatan arawaraw, regular na pag-aayuno ng pamilya at family home evening, at pagdalo sa mga pulong ng Simbahan upang hangarin ang tulong ng Ama sa Langit na mapatatag ang aming pamilya.

Bata pa lang ay hinikayat na kami ng mga magulang ko na kumilos na tulad ng mga misyonero. Lagi kaming nakaputing polo sa simbahan at gupit-misyonero. Bilang priest ako ang nagbabasbas sa sakramento, at ang nakababata kong mga kapatid ang naghahanda at nagpapasa ng sakramento bilang mga teacher at deacon. Nakikita ko na minamasdan kami nina Inay at Itay, tinitiyak na lubos naming nagampanan ang aming mga tungkulin.

*Ang ama ng may-akda na si Moises, ina na si Lavinia, at pamangkin sa bakuran ng Los Angeles California Temple noong 1999.*

Bago ako umalis papunta sa misyon, sinabi ni Inay, "Gawin mo ang tungkulin mo, at gagawin ko ang akin. Mag-aayuno at magdarasal ako para sa iyo na makahanap ka ng mga taong tuturuan." Nagpatuloy siya sa pag-aayuno at pagdarasal para sa lahat ng apat niyang anak na lalaki noong sila ay nasa misyon. Lahat kami ay tapat na naglingkod at nakauwing marangal.

Sa huling pag-uusap namin bago siya pumanaw, sinabi ni Inay, "Peiholani, naituro ko na sa iyo ang lahat ng alam kong pinakamahalaga sa buhay na ito at sa kabilang buhay. Iyan ay, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay totoo. Ang nagbabayad-salang dugo ni Jesucristo ay kaligtasan sa iyong kaluluwa. Sundin ang mga tipang ginawa mo sa Panginoon sa templo. Gawin mo ito, at ang ating pamilya ay magkakasamasamang muli. Alam ko ito nang walang pagaalinlangan dahil ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay buhay."

Ang aking patotoo ay nakasalig sa ebanghelyo, sa pamamagitan ng bawat salitang sinabi nina Inay at Itay. Alam ko na ang aming pamilya ay magkakasamang muli balang araw dahil ginampanan ng aking mga magulang ang kanilang misyon na ituro sa amin ang ebanghelyo at akayin kami sa Tagapagligtas. ■

LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI PEIHOLANI KAUVAKA

# MI VIDA, MI HISTORIA

*Mga kuwento ng pananampalataya at inspirasyon mula sa mga Banal sa mga Huling Araw na Latino-Amerikano.*

Ang mga Banal sa mga Huling Araw sa mga pahinang ito ay nagbahagi ng kanilang mga kuwento ng matibay na pananalig at paniniwala sa ebanghelyo ni Jesucristo sa eksibit sa Church History Museum kamakailan. Sa kabuuan kinakatawan nila ang milyun-milyong mga Banal na Latino-Amerikano.

Dalawampu't apat na kuwento ang nakadispley sa Church History Museum sa Salt Lake City, Utah, hanggang Hunyo 2011. Ang multimedia exhibit ay mapapanood pa rin online sa lds.org/churchhistory/museum/exhibits/mividamihistoria.

**Carmen Echeverría Wood**

Si Carmen ay isinilang sa isang relihiyosong pamilya sa Guatemala City, Guatemala. Noong siyam na taong gulang siya, tinuruan ng mga misyonerang Banal sa mga Huling Araw ng ebanghelyo ang kanyang pamilya. Masaya siya sa pagdalo sa Primary at binanggit ang bagong kaligayahang nadarama ng kanyang pamilya. Pagkaraan ng isang taon nabinyagan ang pamilya. Sabi niya, "Napakasaya namin noon." Naaalala niya ang pagdalaw ni Pangulong David O. McKay (1873–1970) sa Guatemala noong 1954 at pagtuturo sa mga bata ng alituntunin ng ikapu. Sa edad na 17 natawag siyang maglingkod sa Central American Mission at nagpasalamat na maibahagi "ang pag-asa sa mas magandang buhay at pagiging magkakasama magpakailanman."







**Miriam Puerta Amato**


Si Miriam ay tubong Brazil. Nang gusto na niyang magmisyon, nagpasa siya ng aplikasyon. Pagkaraan ng pitong linggo, kasama ang kanyang pamilyang nagtipon sa tahanan, binasa niya ang sulat na tinatawag siya sa Utah Salt Lake City Temple Square Mission. Sabi niya, "Nang basahin ko ang sulat, nakakatuwa na naghiyawan ang pamilya ko tulad ng ginagawa nila kapag nakakapuntos sa laro ang football team ng Brazil. Masaya rin ako, at alam ko na ang Panginoon ang nagpapadala sa akin."



**Nelson Mousqués**

Hindi pa natatagalan matapos isilang si Nelson sa Asunción, Paraguay, nakilala ng kanyang mga magulang ang mga misyonero. "Isang araw nasa balkonahe ng bahay si Itay at nakita niya sina Elder Higbee at Elder Johnson pero hindi niya alam na mga misyonero sila," paggunita ni Brother Mousqués. "Sinabi niya sa kapatid kong babae na maglabas ng dalawang upuan dahil, aniya, 'Babaguhin ng mga binatang iyon ang buhay natin.' Nang pumalakpak ang mga elder sa pinto, binuksan niya ito at sinabing, 'Pasok kayo. Matagal na namin kayong hinihintay.' Ang aking ama at ang buong pamilya ay sumapi sa Simbahan."

MGA LARAWANG KUHA NINA MARK J. DAVIS, CRAIG DIMOND, KENT MILES, AT CRAIG J. LAW



**Robin Mendoza**

Si Robin ay lumaki sa Ecuador sa kahirapan, ngunit gusto niyang mapaganda ang buhay niya. Minsan, habang nagtatrabaho sa isang plantasyon nang 12 oras bawat araw, nagdasal siya na mapatnubayan, at kumidlat habang nagdarasal siya. Nadama ni Robin na mensahe ito ng Diyos na may pangako ang buhay. "Alam ko na ang nadama ko ay mula sa Diyos," paggunita ni Robin. Nalaman niya na sa pamamagitan ng pananampalataya, mababago niya ang kanyang buhay. Sa edad na 16 umalis siya para magtrabaho sa Guayaquil, kung saan siya nabinyagan. Ang patuloy na pagtanggap ng inspirasyon ay nagpahantong sa kanya sa Brigham Young University, kung saan natupad ang ambisyon niyang makapag-aral.



**Ursula Binder Brock**

Naaalala ni Sister Brock na pinagnilayan niya ang kahulugan ng buhay noong siya ay limang taong gulang lamang. Noong tinedyer siya sa Venezuela, itinuro ng mga misyonero sa kanya at sa pamilya niya ang ebanghelyo, at nabinyagan sila. Puspos ng pananampalataya, tinawag siyang maging branch Primary president sa edad na 16. Ngayon, matapos ang mahabang paglilingkod, naunawaan na niya na para sa kanya, "ang pananampalataya ay pinipili." Paliwanag niya, "Pinili kong bigyan ng puwang ang Tagapagligtas sa buhay ko. Nalaman ko na ang Pagbabayad-sala ang pinakadakila at di-makasariling pagpapakita ng pagmamahal sa lahat ng tao. Ang aking Tagapagligtas at Manunubos, ang Tagapagbigay ng kapayapaan, ang naging pinakamatalik kong kaibigan—na laging nariyan para sa akin."





**Lincoln Peters**


Si Lincoln ay tumira sa piling ng kanyang pamilya sa Santiago, Chile, hanggang sa pumanaw ang kanyang ina noong siya ay 10 taong gulang. Pagkaraan niyon, tumira siya sa kanyang tiya at tiyo. Noong si Lincoln ay 18, nagpunta sina Elder Barton at Elder Bentley sa bahay ng kanyang tiya at tiyo. Agad tinanggap ng tiya at lola ni Lincoln ang ebanghelyo, ngunit iniwasan ni Lincoln ang mga misyonero. Isang Linggo ng umaga, pumasok ang dati'y mahinahon niyang lola sa kanyang silid, hinila ang kubrekama, at sinabi sa kanya na sasama siyang magsimba sa kanila. Gulat sa kakaibang kilos ng kanyang lola at dahil sa paggalang dito, nagbangon siya at nagsimba. Sa araw na iyon may nadama siyang bago at makapangyarihan sa kanyang kaluluwa na nagpabago sa kanyang buhay. Hindi nagtagal naging isa siya sa mga unang nabinyagan sa Simbahan sa Chile.

**Luis at Karla Hernández**

Mga tinedyer pa sina Luis at Karla nang magkakilala sila sa Honduras. Nagsimula silang magdeyt at ikinasal kalaunan. Hanga si Luis, na hindi miyembro ng Simbahan, sa mga magulang ni Karla, na "may respeto at pagmamahal sa isa't isa, kaya ko ginustong malaman ang mga pinahahalagahan nila." Hindi nagtagal at nabinyagan si Luis, at nabuklod sila ni Karla sa Guatemala City Guatemala Temple. Sa edad nilang mahigit 30, nagkaroon sila ng problema sa kanilang relasyon, at umalis si Karla sa bahay, na iniisip kung pagkakamali ang maaga nilang pag-aasawa. Nag-ayuno at nanalangin si Luis at hiniling sa Diyos na "pauwiin si Karla, at ginawa Niya iyon. Ginawa Niya iyon." Mas matibay pa ang pagsasama nila ngayon kaysa noon.







**Noemí Guzman de Abrea**

Si Noemí ay isinilang sa Argentina, kung saan sumapi sa Simbahan ang kanyang pamilya. Nandayuhan sila sa Estados Unidos noong tinedyer siya. Kahit gustung-gusto niya ang pagiging Amerikana, masayang-masaya siyang maranasan ang kultura ng Argentina. "Sa Latin America, napakagiliw ng mga tao. Agad ka nilang isasama; kakaibiganin; at pakikisamahan. Gustung-gusto nilang kasama ang pamilya at mga kaibigan, kumain ng masasarap na pagkain. Napakasaya niyon, at ang maranasan ang bahaging iyon ng kultura ay isang bagay na hindi ko ipagpapalit sa anuman."



**Omar Canals**

Sa Uruguay noong 1948, ipinahiram ng nanay ni Omar ang payong niya sa dalawang misyonerang Banal sa mga Huling Araw. Dahil dito, nakausap niya ang mga misyonera, at ang ate ni Omar ay nabinyagan kalaunan. Isinilang noong 1948, si Omar ang unang sanggol na binasbasan sa Uruguay Mission, na nagbukas noong 1947. Si Omar at ang kanyang mga magulang ay nabinyagan noong siya ay walong taong gulang. Ilang taon matapos pakasalan ni Omar ang kanyang kasintahan, nandayuhan sila sa Estados Unidos. Matagal nang brodkaster, kinuha ng Simbahan si Omar noong 1973 at naging Spanish interpreter siya sa pangkalahatang kumperensya. ■

# Pananampalatayang Tumugon SA TAWAG

*Lahat tayo ay dapat magkaroon ng pananalig na nag-aalab sa ating puso na ito ang gawain ng Diyos at hinihingi nito ang pinakamainam na maibibigay natin sa pagtatayo ng "(mga) wasak na lugar ng Sion."*

Noong 1849, dalawang taon pa lamang na nakarating ang mga Banal sa Salt Lake Valley, pinamunuan ni Elder Parley P. Pratt ng Korum ng Labindalawang Apostol ang isang ekspedisyon patungo sa timog. Habang papalapit sa timog ang ekspedisyon, lalong humirap ang daan. Nang marating ng kalalakihan ang 3,000 talampakan (914 m) mula sa gilid ng Great Basin hanggang sa tagpuan ng Virgin River at Santa Clara River (timog ng St. George, Utah, ngayon), lalong naging tuyo at mabuhangin, mabundok at baku-bako ang daan. Hindi ito nagustuhan ng mga manggagalugad. Sabi sa isang journal:

"Nagdaan kami . . . sa baku-bako, mabato, mabuhangin at halos di-mailarawang bayan, na pawang lubhang naguguluhan. . . .

"Natanghal ang lawak ng kapangitan ng lupain, na binubuo ng malalaking burol, [mapulang] disyerto, walang buhay at walang damong kapatagan, nakatiwarik na malalaking bato, tigang na lupa, . . . batong-buhangin . . . na nagkalat sa di-mawaring kalituhan—sa madaling salita, isang nasalantang bayan, . . . winasak at iginuho ng isang napakatinding pagyanig sa nagdaang panahon."[1]


HULING BAGON, NI LYNN GRIFFIN

Ngunit gaano man kahirap tahakin ang lupain papuntang timog, ang wasak at guhong mga talampas at mabanging kagubatan ng bayan ng San Juan sa bandang silangan ay mukhang mas mapanganib. Alam ng mga pinuno ng Simbahan na ang paglinang sa mabato at liblib na lugar na iyon ay magiging mahirap, ngunit gusto pa rin nilang magtayo roon ng komunidad para sa Simbahan. Sa quarterly conference ng Parowan Stake noong 1879, 250 katao ang tumanggap ng tawag ni Pangulong John Taylor na iorganisa ang San Juan Mission. Sa 80 bagon at halos 1,000 baka at kabayo, sinimulan nilang maglakbay sa liblib at di-pamilyar na lugar na naliligiran ng mga bundok na balot sa niyebe at matutulis at naglalakihang bato.

Sa paghahanap ng pinakamaikling daan papuntang San Juan, nalampasan ng mga manggagalugad na iyon





**Ni Elder Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol


ang bawat sagabal ngunit di-nagtagal ay nakaharap nila ang pinakamalaki at nakakatakot na balakid sa lahat: ang di-maraanang golpo patungong Colorado River. Himalang nakakita ang pagal nilang mga manggagalugad ng makitid na siwang sa bangin—isang bitak na 2,000 talampakan (610 m) ang haba pababa sa mapulang mga talampas patungong Colorado River. Tila itong nag-iisa at napaka-mapanganib na "butas sa bato" ang tanging posibleng daanan papunta sa silangang bahagi.

Halos buong kahabaan nito, napakakitid ng siwang sa batong-buhangin para maraanan ng mga kabayo at ang ilang bahagi naman ay napakakitid para malusutan kahit ng tao. Sa taas nitong 75 talampakan (23 m) lang, tila imposible nang makadaan pa ang isang tupang bundok, at lalo na ang kargadong mga bagon. Ngunit walang balak umatras ang matatag na mga Banal, kaya sa tulong ng mga pampasabog at ilang kagamitan, at sa walang puknat nilang paggawa mula Disyembre 1879 hanggang Enero 1880, gumawa sila ng mapanganib at simpleng daanan sa gilid ng bangin.

Nang matapos ang daanan, sa gayong ayos, ang sumunod na gagawin ay palusutin ang unang 40 bagon sa "butas." Ang iba pang mga bagon, na naghihintay sa Fifty-Mile Spring na limang milya (8 km) ang layo mula roon, ang susunod kalaunan.

Inayos nila ang sarili sa paraang "may labindalawa o higit pang kalalakihang pipigil sa likod ng bagon" hawak ang mahahabang tali para dahan-dahan itong maibaba. Kinadenahan nila ang mga gulong, para dumausdos nang maayos ang bagon at hindi tuluy-tuloy na gumulong sa bangin ang mga ito.

Sa isa sa pinakadakilang mga sandali sa kasaysayan ng mga pioneer, isa-isang ibinaba ng pangkat ang mga bagon sa mapanganib na bangin. Nang



*Ano ang nakikita natin sa mga halimbawang ito ng matatapat na pioneer? Nakikita natin ang nakita natin nang lisanin ng mga Banal ang New York at Pennsylvania at Ohio at Missouri at ang pinakamamahal nilang Nauvoo patawid sa nagyeyelong ilog pati na ang templong di-magtatagal ay masusunog sa di-kalayuan.*

marating nila ang ibaba ng bangin, kaagad nilang sinimulan ang pagtawid sa ilog gamit ang balsang sadyang ginawa nila para doon. Nagkataon na pamilya ni Joseph Stanford Smith ang nasa huling bagon na ibababa sa araw na iyon.

Tumulong si Stanford Smith sa pagbababa sa mga naunang bagon, ngunit mukhang nakalimutan ng pangkat na kakailanganin pa rin ng tulong ng pamilya Smith sa pagbaba. Sa matinding pag-aalala na tila nakalimutan na siya at ang kanyang pamilya, inilapit ni Stanford ang kanyang mga hayop, bagon, at pamilya sa gilid ng bangin. Ipinuwesto niya ang mga hayop sa harapan at ang pangatlong kabayo ay nakatali *sa likod* ng bagon sa ehe sa likuran. Tumigil doon sandali ang mga Smith at sinilip ang mapanganib na butas. Bumaling si Stanford sa asawang si Arabella, at sinabi, “Mukhang hindi natin kaya.”

Sagot niya, “Pero kailangan nating kayanin.”

Sabi niya, “Kung mayroon man lang sanang ilang lalaki na pipigil sa bagon, *baka* makaya natin.”

Sagot ng kanyang asawa, “*Ako* ang pipigil sa likod.”

Naglatag siya ng kubrekama sa lupa, at ipinagbilin ang sanggol na anak sa tatlong-taong-gulang na anak niyang si Roy, at limang-taong-gulang na si Ada. “Bantayan muna ninyo ang kapatid ninyo hanggang sa bumalik si papa,” wika niya. Pumuwesto si Belle Smith sa likuran ng bagon, mahigpit na nirendahan ang kabayong nakatali sa likuran ng karetela. Inakay na ni Stanford ang mga hayop pababa sa butas. Gumewang-gewang pababa ang bagon. Sa unang pag-alog tumumba ang kabayo sa likuran. Sinunggaban ni Sister Smith ang kabayo at ang bagon, at hinatak ang mga tali nang buong lakas at tapang. Natumba rin siya at nakaladkad kasama ng kabayo, isang matulis na bato ang sumugat nang malalim sa kanyang binti mula sakong hanggang balakang. Ang matapang na babaeng ito, punit ang damit at malalim ang sugat, ay nangunyapit sa mga taling iyon nang buong lakas at pananampalataya hanggang sa pampang ng ilog.

Nang marating ang ibaba at halos di-makapaniwala sa kanilang nagawa, agad inakyat ni Stanford ang 2,000 talampakan (607 m) pabalik sa ituktok ng talampas, sa takot sa kapakanan ng mga anak. Pagdating sa gilid





*Nang atasan ang kanyang ama na ilipat ang kanyang pamilya sa mahirap na Muddy Mission sa kasalukuyang Nevada, USA, umiyak si Elizabeth Claridge (itaas) ngunit nagsabing, "Dapat ko siyang itakwil bilang ama kung hindi siya hahayo kapag tinawag siya."*

ng bangin, nakita niya ang mga anak na walang katinag-tinag sa pinag-iwanan sa kanila. Karga ang sanggol, at sakbit ang dalawa pang anak na nakakunyapit sa kanya at sa isa't isa, dinala niya sila pababa sa mabatong daan patungo sa kanilang nag-aalalang ina. Natanaw nila sa malayo ang limang lalaking papunta sa kanila na may dalang mga kadena at tali. Nang matanto ang kalagayan ng mga Smith, pumunta ang kalalakihang ito para tumulong. Sigaw ni Stanford, "Huwag na kayong tumuloy, mga kapatid. Nakababa na kami nang maayos. Si [Belle] lang ay sapat na [para makaraos sa paglalakbay na ito]."[2]

**Pagdating ng Tawag**

Ang ekspedisyong Butas-sa-Bato ay isa lamang sa maraming halimbawa ng kahanga-hangang determinasyon at katapatan ng mga Banal noong araw na tumugon sa tawag ng kanilang propeta nang dumating ito. Isa pang halimbawa ang paglikha at pagtawag sa Muddy Mission sa kasalukuyang Nevada. Tulad din ng mga naunang tinirhan ng mga pioneer, napakahirap ding mamuhay sa Muddy, at matindi ang kanilang pagninilay nang dumating ang mga tawag na manirahan doon.

Tiyak na itinanong ng ilan sa mga tinawag noong 1860s, "Sa dami ng lugar sa mundo, bakit sa Muddy pa?" Marami talagang dahilan. Una sa lahat, dahil sa Digmaang Sibil ng Amerika naging posible ang pagpapadala ng mga produkto sa pamamagitan ng Colorado River. Pangalawa, nang mahinto ang paggawa ng matagal nang pinagkukunan ng mga tela dahil sa digmaan, itinatag ang Cotton Mission sa di-kalayuang mga lungsod ng St. George at Washington. Ipinalagay na ang bulak para sa misyong iyon ay maitatanim sa rehiyon ng Muddy. Pangatlo, matinding nadama ng mga Banal sa mga Huling Araw ang obligasyon nilang makipagtulungan sa mga lipi ng mga Katutubong Amerikano sa rehiyon, sa pagtulong na mapakain at sa pag-asang maturuan sila.

Magkagayunman ay mapanglaw at tigang na kaparangan ang rehiyon. Tila halos wala itong maibigay kundi init at mabigat na trabaho. Nasa liblib ito at halos lahat ng bahagi ay mapanglaw, at ang ilog na nagbigay ng identidad sa misyon ay angkop na angkop sa pangalan nito.

Kung paano at sa anong klaseng pananampalataya at determinasyon nanirahan ang mga Banal sa Muddy, hahayaan kong magsalita ang isa sa mga nanirahan doon. Siya ang sagisag

ng determinasyon at katatagan ng loob at mataas na moralidad kapwa sa mga kabataan at matatanda—sa pagkakataong ito lalo na sa mga kabataan. Isinulat ni Elizabeth Claridge McCune tungkol sa tawag sa kanyang ama na manirahan sa Muddy:

"Walang lugar sa mundo na napakaimportante sa akin sa edad kong labinlimang taon maliban sa minamahal kong [bayan ng] Nephi [sa Juab County ng Utah]. Tuwang-tuwa kami tuwing bibisita si Pangulong Brigham Young at kanyang mga kasama! . . .

". . . Si Bro. Brigham, sina Bro. Kimball at Bro. Wells kasama ang [kanilang] buong pangkat ay umibis mula sa kanilang karwahe, at lumakad sa mabulaklak na daan . . . patungo sa aming tahanan, [kung saan] nakahanda at nakahain ang pagkain. . . .

"Dumalo kaming lahat sa pulong sa [Linggo] ng hapon, at inireserba ng mga batang babaeng nakaputi ang mga upuan sa harapan. Napakaganda ng mga sermon, at masaya kami hanggang sa sabihin ni Pangulong Young na may babasahin siyang ilang pangalan ng mga lalaking tinawag at pinili bilang mga misyonero na humayo at manirahan sa . . . rehiyon ng 'Muddy.' Halos huminto ang tibok ng puso ng mga naroon. Marami sa amin ang tinawag na manirahan sa bayan ng Dixie—ngunit iba sa Muddy, na milya-milya ang layo patimog! at mas malala! oh! oh! Wala na akong ibang pangalang narinig kundi 'Samuel Claridge.' Kasunod niyon ay humikbi na ako at umiyak, kahit mabasa ng luha ang [aking] bagong puting damit. Ang pangalan ng ama ng babaeng katabi ko ay tinawag din. Sabi ng kasama ko, 'Bakit, ano ang iniiyakan mo? Hindi naman nakakaiyak. Alam kong hindi papayag ang tatay ko.' 'May kaibhan,' sabi ko. 'Alam kong *papayag* ang tatay ko na umalis at walang makahahadlang sa kanya, at dapat ko siyang itakwil bilang ama kung hindi siya hahayo kapag tinawag siya.' Pagkatapos ay umiyak akong muli. . . .

"Dahil kalilipat lang namin sa isang bagong bahay at [talagang] komportable kaming manirahan doon, sinubukang hikayatin ng mga kaibigan namin si Itay na huwag ipagbili ang bahay niya at bukirin; at pumunta lamang sandali sa timog at bumalik din. Ngunit alam ni Itay na hindi ganito ang klase ng misyon na ibinigay sa kanya. 'Ipagbibili ko ang lahat ng ari-arian ko,' wika niya, 'at dadalhin ko ang buong kabuhayan ko para makatulong sa pagtatayong muli ng isa pang wasak na lugar ng Sion.' "[3]



*Lubos nating pinananaligan na hindi lang dapat sumulong ang gawain kundi kaya rin nitong sumulong at susulong ito. Hindi ko alam kung paano nagawang iwan ng mga ina at ama ang mga sanggol na iyon sa mababaw na libingan sa kapatagan at pagkatapos, sa huling sulyap, ay manangis habang daan papunta sa Sion.*

**Pananampalataya sa Gawain**

Ano ang lumikha noon at lumilikha ngayon ng katapatan at debosyon sa 15-taong-gulang na batang babaeng ito at sa pamilyang kanyang kinabibilangan? Ano ang nagtulak sa kanya na bumaling sa kanyang

di-gaanong matatag na kaibigan at sabihing, “Alam kong *papayag* ang tatay ko at walang makahahadlang sa kanya”? Saan nanggaling ang katatagang iyon na nagtulak sa kanyang sabihin na, “At dapat ko siyang itakwil bilang ama kung hindi siya hahayo kapag tinawag siya?”

At paano naman ang tatlong batang musmos na iyon na nakitang nawala ang kanilang mga magulang habang sakay ng isang bagon sa gilid ng banging patumbok sa Colorado River ngunit nagtiwala sa tagubilin sa kanila ng kanilang ina? Walang takot silang nakaupo roon, determinadong huwag umalis o umiyak sa kabila ng malaking takot.

Ano ang nakikita natin sa mga halimbawang ito ng matatapat na pioneer? Iyon ang nakita natin sa nagdaang mga dispensasyon ng panahon at walang dudang sa dispensasyon ding ito. Nakikita natin ang nakita natin nang lisanin ng mga Banal ang New York at Pennsylvania at Ohio at Missouri at ang pinakamamahal nilang Nauvoo patawid sa nagyeyelong ilog pati na ang templong di-magtatagal ay masusunog sa di-kalayuan. Iyon ang nakita natin nang ilibing ng mga tao ring ito ang marami nilang patay sa Winter Quarters, na sinundan ng pag-iwan sa mababababaw na libingan, na kung minsan ay sinliit ng kahon ng tinapay, sa Wyoming malapit sa Chimney Rock o sa isa sa marami nilang pagtawid sa Sweetwater River o sa maniyebeng pampang sa Martin’s Cove.

Ang nakita natin noon at ang nakikita natin ngayon sa mga pinagpalang Banal sa buong mundo ay pananampalataya sa Diyos, pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pananampalataya kay Propetang Joseph Smith, pananampalataya sa katotohanan ng gawaing ito at ng mensahe nito. Pananampalataya ang naghikayat sa isang batang lalaki na magpunta sa kakahuyan upang manalangin, at pananampalataya ang nagtindig sa kanya mula sa pagkakaluhod, naglagay sa kanya sa mga kamay ng Panginoon para sa Panunumbalik ng ebanghelyo, at sa huli ay sumuong sa pagiging martir wala pang dalawampu’t apat na taon pagkaraan.

Hindi kataka-takang pananampalataya ang una at nananaig na alituntunin ng ebanghelyo at ng ating gawain noon pa man at magpakailanman. Lubos nating pinananaligan na hindi lang dapat sumulong ang gawain kundi kaya rin nitong sumulong at susulong ito.

Hindi ko alam kung paano nagawang iwan ng mga ina at ama ang mga sanggol na iyon sa mababababaw na libingan sa kapatagan at pagkatapos, sa huling sulyap, ay manangis habang daan papunta sa Sion. Hindi ko alam kung paano nagawa ng isang babaeng tulad ni Belle Smith



*Ang nakikita natin sa mga pioneer at ang nakikita natin ngayon sa pinagpalang mga Banal sa buong mundo ay pananampalataya sa Diyos, pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pananampalataya kay Joseph Smith, pananampalataya sa katotohanan ng gawaing ito at ng mensahe nito.*

*MARTIN HANDCART COMPANY, BITTER CREEK, WYOMING, 1856,*
NI CLARK KELLEY PRICE © 1980 IRI

na iwan ang kanyang mga anak sa gilid ng talampas at ibaba ang kanyang bagon sa mapanganib na dalisdis. Hindi ko alam kung paano pa nagawang ipagbili ni Samuel Claridge ang lahat ng kanyang ari-arian at itatag ang Sion sa mapanglaw na Muddy Mission. Ang pangunahing lakas na nagtulak sa lahat ng kuwentong ito ay pananampalataya—sintigas ng bato, sindalisay ng metal na isinalang sa pugon, puno ng karanasan, pinalakas na pananampalataya na ito ang mismong Simbahan at kaharian ng Diyos at na kapag ikaw ay tinawag, humayo ka.

## Isang Tawag na Manalig

Marami pa ring "[mga] wasak na lugar sa Sion" na itatayo, at ilan doon ay mas malapit pa kaysa Muddy o San Juan Mission. Ilan sa mga ito ay nasa ating sariling puso at sariling tahanan.

Kaya ipinaaabot ko ang tawag na pag-alabin nating lahat ang pananalig sa ating puso na ito ang gawain ng Diyos at na hinihingi nito ang pinakamainam na maibibigay natin sa gawain. Nakikiusap ako sa inyo na pangalagaan ninyo ang inyong sariling pisikal at espirituwal na lakas upang magkaroon kayo ng matibay na pananampalatayang masasandigan pagdating ng mahihirap na atas o hamon o iba't ibang pangangailangan. Manalangin pa, mag-aral pa, huwag pansinin ang ingay at ihinto ang pagdaing, magalak sa kalikasan, humiling ng personal na paghahayag, saliksikin ang inyong kalooban, at magsumamo sa kalangitan para sa patotoo na gumabay sa mga ninuno nating pioneer. Sa gayon, kapag kailangan pa ninyo ng mas malalim na pang-unawa at mas matatag na kaalamang harapin ang buhay at gampanan ang inyong tungkulin, matitiyak ninyo na may makakapa kayong pananampalataya.

Kapag may sarili kayong pananampalataya, handa kayong pagpalain ang inyong pamilya. Ang kaisa-isang pinakamalaking pahiwatig ng pagkaaktibo at paglilingkod, ng debosyon at katapatan sa Simbahang ito ay matibay na pagkakabuklod pa rin ng pamilya. Nasasabi ko iyan dahil alam na alam ko na bahagi ng karingalan ng Simbahang ito ang *bawat* miyembro. Kung minsan ang miyembrong iyon ay bagong binyag; kung minsan ang miyembrong iyon ay nag-iisang Banal sa mga Huling Araw sa pamilya. May isang tao sa kung saan na kinailangang magkaroon ng pananampalataya sa kanyang puso at magsimula ng bagong henerasyong nananalig sa ebanghelyo. Ngunit ang totoo ay mas napapalakas at napapangalagaan at nagtatagal ang pananampalataya kapag buong pamilya ang nagpapatibay nito. Kaya matapos kayo manindigang mag-isa kung kailangan, masigasig na sikaping *hindi* naninindigang mag-isa ang iba sa inyong pamilya. Patatagin ang inyong pamilya at tiyaking malakas ang pananampalatayang naroon.

Kapag naisagawa iyan, mapaglilingkuran natin ang Simbahan sa malapit o malayong lugar kung tawagin tayo. Sa gayon ay mahahanap natin ang nawawalang tupa—miyembro man o hindi, buhay man o patay. Magagawa lamang ito nang matalino at mabuti kapag ang natitirang 99 na tupa, kabilang na ang sarili nating maliit na kawan, ay ligtas na nalulukuban habang tayo ay naghahanap. Kung minahal at tinuruan natin ang mga kasambahay, mauunawaan din nila ang eksaktong naunawaan ni Elizabeth Claridge: pagdating ng tawag, makatitiyak kayo na ang inyong ama at ina, ang inyong mga kapatid ay hahayo.

May gawaing gagawin. Hindi natin masasabi na bawat isa sa ating kapwa ay malalim ang pananampalataya, na bawat isa ay matatag ang pamilya, na bawat isa sa malayo at sa malapit ay narinig na ang mensahe ng ebanghelyo at naging isang Banal sa mga Huling Araw na nananalig, nagtuturo, at nagpupunta sa templo. Pasama nang pasama ang daigdig, at ang mga panahong darating ay susubukin ang pinakamabuti sa atin. Ngunit ang mga puwersa ng kabutihan ay laging mananaig kapag ang mga taong tulad nina Stanford at Arabella Smith, mga taong tulad ni Samuel Claridge at ng kanyang matatag na anak na si Elizabeth ay pananaigin ito.


Kailangan tayong sumampalataya sa gawaing ito—sumampalataya sa lahat ng ipinagagawa sa lahat ng nananalig, sumampalataya sa Panginoong Jesucristo at sa ating Ama sa Langit. Kailangan nating iakma ang ating kalooban sa Kanilang kalooban at pagkatapos ay gawing sintigas ng bato at tunay na sintatag ng mga pioneer ang kaloobang iyon. Kung gagawin natin iyan, alam ko na tayo ay magiging ligtas at panatag sa di-mapigilang pagsulong ng Simbahan at kaharian ng Diyos sa mundo. ■

*Mula sa isang mensahe sa regional stake conference broadcast noong Setyembre 12, 2010, sa Brigham Young University.*

### MGA TALA

1. Sa Milton R. Hunter, *Brigham Young the Colonizer* (1973), 47.
2. Tingnan sa David E. Miller, *Hole-in-the-Rock: An Epic in the Colonization of the Great American West* (1959), 101–18; idinagdag ang pagbibigay-diin at pinagpare-pareho ang pagbabantas.
3. Elizabeth Claridge McCune, sa Susa Young Gates, "Biographical Sketches," *Young Woman's Journal,* Hulyo 1898, 292, 293; pinagpare-pareho ang pagbabantas.

**Ni Barbara Thompson**
Pangalawang Tagapayo sa
Relief Society General Presidency





# "Kung Paanong Iniibig Ko Kayo"

*Pagmamahal at paglilingkod ang nagpapaiba sa atin bilang mga disipulo ni Cristo.*

Nagkaroon akong minsan ng roommate na maganda ang kalooban, pero halos lahat ng ginawa ko ay tila kinaiinisan niya. Naisip ko, "Bakit kaya siya naiinis sa akin? Napakadali ko namang pakisamahan. Hindi ba?"

Dahil hindi niya ako mahal, ginamit kong dahilan iyon para hindi rin siya mahalin. Mabuti na lang, naalala ko ang ipinayo ng isang bishop sa sacrament meeting noong nasa kolehiyo ako. Tandang-tanda ko pa ang payo niya: "Kung hindi mo gaanong mahal ang isang tao, siguro hindi pa sapat ang paglilingkod mo sa taong iyon. Kapag pinaglilingkuran mo ang isang tao, mamahalin mo ang taong iyon."

Matapos pag-isipan ang payo ng aking bishop, nagpasiya ako na kailangan kong paglingkuran ang roommate kong ito at subukan ang payo ng bishop. Humanap ako ng maliliit na paraan para matulungan ang roommate ko, magpakita ng kabaitan sa kanya, at maging mas sensitibo sa kanyang pangangailangan at gusto.

Pagkatapos ay halos agad na nangyari ang isang himala! Nalaman ko na talaga palang mahal ko siya. Isa siyang mabait at matalinong tao. Mapalad akong makasama siya sa apartment. Namangha ako sa pagbabago ng pagtingin ko sa kanya sa napakaikling panahon.

## Pagmamahal at Paglilingkod sa Iba

Kapag sinuri natin ang Juan 13, malalaman natin ang ilan sa pinakamahahalagang aral na itinuro ng Tagapagligtas noong magministeryo Siya sa lupa, kabilang ang:

1. Paglingkuran ang isa't isa.
2. Magmahalan.

Nang magtipon ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga Apostol para kumain sa araw ng Paskua, tahimik ang kapaligiran. Alam ng Tagapagligtas na malapit na Siyang dakpin at ipako sa krus. Tiyak ko na kahit hindi naunawaan ng mga Apostol ang

DETALYE MULA SA *PABAYAAN NINYONG MAGSILAPIT SA AKIN ANG MALILIIT NA BATA*, NI CARL HEINRICH BLOCH, SA KAGANDAHANG-LOOB NG NATIONAL HISTORIC MUSEUM AT FREDERIKSBORG SA HILLERØD, DENMARK

***Gusto ni Jesus na matutuhan ng Labindalawa—at ng bawat isa sa atin—na ang pagpapakumbaba at paglilingkod ay magagandang katangiang dapat nating hangaring matamo. Itinuro niya na walang taong napakaimportante para maglingkod sa iba.***



kahalagahan ng mga kaganapan sa gabing iyon, hindi magtatagal at malalaman at mas lubos nilang mauunawaan ang misyon ng Tagapagligtas.

Matapos ang hapunan kumuha ng tuwalya si Jesus, nagbuhos ng tubig sa palanggana, at hinugasan ang mga paa ng bawat lalaking naroon. Ang paghuhugas ng mga paa ay ginawa nang may kapitagan at kapakumbabaan habang walang alinlangang dumanas ng kalungkutan ang Tagapagligtas sa mga magaganap, kabilang na ang nalalapit na pagkakanulo sa Kanya.

Batid na si Jesus ang Mesiyas at ipinangakong Tagapagligtas, gusto ni Pedro na siya ang maglingkod sa Panginoon sa halip na ang Panginoon ang maglingkod sa kanya. "Kung hindi kita huhugasan," sabi ng Tagapagligtas, "ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa akin" (Juan 13:8). At agad pumayag si Pedro sa mapagmahal na paglilingkod ng Tagapagligtas.

Pagkatapos ay nagpaliwanag si Jesus:

*HINUHUGASAN NI JESUS ANG MGA PAA NG MGA APOSTOL, NI DEL PARSON © IRI*

"Tinatawag ninyo akong Guro, at Panginoon: at mabuti ang inyong sinasabi; sapagka't ako nga.

"Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa.

"Sapagka't kayo'y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko sa inyo" (Juan 13:13–15).

Gusto ni Jesus na matutuhan ng Labindalawa—at ng bawat isa sa atin—na ang pagpapakumbaba at paglilingkod ay magagandang katangiang dapat nating hangaring matamo. Itinuro niya na walang taong napakaimportante para maglingkod sa iba. Katunayan, isa sa mga bagay na nagpapadakila sa atin ang ating kahandaang maglingkod at mag-alay ng ating sarili. Sabi nga ng Tagapagligtas, "Datapuwa't ang pinakadakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo" (Mateo 23:11; tingnan din sa Lucas 22:26).

## Pagsunod sa Halimbawa ng Tagapagligtas

Ipinaaalala sa atin nito ang paglilingkod na ginawa matapos ang ilan sa mga pinsalang dulot ng kalikasan na naganap nitong nakalipas na mga buwan at taon. Nasaksihan natin ang mga bagyo, lindol, gutom at mga salot. Maraming kuwento tungkol sa mga tao, bagama't sila mismo ay nagdurusa, na nag-alaga sa mga nasaktan, maysakit, o nangangailangan.

Matapos wasakin ng lindol sa Peru ang mga bahay ng libu-libong tao, iniwan ng isang bishop ang mga labing guho ng kanyang sariling bahay at nagmadaling inalam ang kalagayan ng mga miyembro ng kanyang ward at tinulungan at inaliw ang kanyang maliit na kawan.

Habang nagdadalamhati ang isang ina sa Haiti sa pagkamatay ng kanyang sariling mga kapamilya dahil sa lindol, tumulong pa siyang pawiin ang takot at palisin ang sama ng loob ng iba, pinalakas niya ang loob ng mga nakaligtas at tinulungan silang makahanap ng pagkain at kanlungan.

Nagmadaling tumulong ang mga young adult sa Chile sa pamamahagi ng pagkain at suplay sa mga yaong labis na naapektuhan ng lindol doon. Habang naglilingkod ang mga miyembrong ito, nakubli sa kanilang masasayang mukha at matulunging mga kamay ang katotohanan na nanganganib din sila.


Lahat ng taong ito at marami pang iba ay sumunod sa pagsamo ng Tagapagligtas na "gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko sa inyo" (Juan 13:15). Mababasa rin natin sa Juan kabanata 13:

"Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa.

"Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa" (mga talata 34–35).

Napansin ba ninyo kung gaano kadalas magpahayag ang mga pinuno ng ating Simbahan—mula kay Pangulong Thomas S. Monson hanggang sa Labindalawang Apostol at mga lokal na panguluhan, bishopric, at guro—ng kanilang pagmamahal sa kanilang mga pinaglilingkuran? Ang pagmamahal na ito ay nagmumula sa pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas.

Ang paglilingkod sa iba ay pagpapakita ng pagmamahal sa kanila. Marahil ay iisa at magkapareho ang pagmamahal at paglilingkod. Tunay ngang ang mga ito ang nagpapaiba sa atin bilang mga disipulo ni Cristo. ■



### PAGMAMAHAL NA TULAD KAY CRISTO

"Magmahal tayo sa lahat ng panahon. At tulungan natin lalo na ang ating mga kapatid sa mga panahon ng paghihirap. . . .

"Kapag pinaglingkuran natin ang iba at minahal sila na katulad ni Cristo, may magandang nangyayari sa atin. Ang ating sariling espiritu ay gumagaling, mas dumadalisay, at mas lumalakas. Tayo ay nagiging mas masaya, mas payapa, at mas madaling sumunod sa mga bulong ng Banal na Espiritu."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Kayo ang Aking mga Kamay," *Liahona*, Mayo 2010, 70, 75.**







*Si Nelson Coila (kaliwa) ay nagdaragdag ng bagong patong ng mga tambo ng totora sa Utama, ang nakalutang na pulong tinitirhan niya at ng kanyang pamilya (itaas) sa Lake Titicaca.*

MGA LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON

# KAPULUAN NG PANANAMPALATAYA: ISANG KUWENTO NG KASIGASIGAN

*Sa regular na pagdaragdag lamang sa kanilang pulo mananatiling nakalutang ang pamilya Coila.*

**Ni Adam C. Olson** Mga Magasin ng Simbahan

Sina Nelson at Dora Coila ay nakatira sa isang pulo—hindi sa isang karaniwang pulo na yari sa matigas na bato na nakalitaw sa isang dagat o lawa—kundi sa isang napakaliit na pulo na sila mismo ang gumawa mula lamang sa mga nakalutang na tambo sa Lake Titicaca sa Peru.

Ang gumawa ng isang pulo at tirhan ito ay kailangan ng pananampalataya. Mga apat na talampakan lamang (1.2 m) ang taas ng magkakapatong na tambo na kinatatayuan ng kubo ng kanilang pamilya at ng isang dosena o mahigit pang kubo sa kanilang pulo sa ibabaw ng tubig na 50 degrees (10 °C) ang temperatura, at patuloy na nakaamba ang mga elemento na sirain ang kanilang tahanang pulo.

Ngunit para kina Nelson at Dora, ang kanilang pulo ay pisikal na sumasagisag sa pinagsisikapan nilang

## ANG NAKALUTANG NA KAPULUAN NG MGA UROS

Ang Utama ay isa sa mga 50 sa komunidad ng nakalutang na kapuluang tirahan ng ilang daang inapo ng mga Uros, ang mga tao bago dumating ang mga Incan na nanirahan sa kapuluang iyon nang daan-daang taon. Karaniwan, maramihang pamilya, na kadalasan ay magkakamag-anak, ang nakatira sa iisang pulo at tulung-tulong sila sa pangangalaga rito. Isa pang pamilya ang nakihati sa Utama kasama ang mga Coila. Ang pinakamalalaking pulo ay tinitirhan ng kasindami ng 10 pamilya.

Ang mga pulo ay maluwag na nakatali sa lugar gamit ang mahabang lubid na nakaangkla sa ilalim ng ilog, bagama't noong 2010, tinibayan ang mga angkla matapos ang di-pangkaraniwang lakas ng hangin na sumira sa mahigit 40 pulo mula sa mga lugar nito at ipinadpad ito nang ilang milya ang layo.







espirituwal na maitatag sa kanilang pamilya: isang pulo ng pananampalataya na magiging matibay laban sa mundo.

Natutuhan nila sa prosesong ito na ang pananampalatayang makapagtayo ay dapat sundan tuwina ng kasigasigang manatiling matibay.

## Ang Dahilan ng Pananatiling Matibay

Para sa mga taong Uros, na nagtayo ng mga bahay at nanirahan sa kapuluang ito sa maraming henerasyon, ang tambong totora ay mahalagang bahagi ng kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Ang tambo, na tumutubo sa mabababaw na dako ng Lake Titicaca, ay magagamit na panggatong sa pagluluto. Makakain ang mga ugat nito. Ang bunot (husk) nito ay maipanggagamot. At, mangyari pa, halos lahat ay gawa sa tambo: ang kanilang mga tirahan, bangka, tore, ang kapuluan mismo, maging ang kanilang mga basurahan.

Ginawa ng mga Uros ang kapuluan sa pagpapatung-patong ng mga tambo. Ngunit kumpara sa ibang materyales sa pagtatayo, hindi nagtatagal ang mga tambong totora. Natutuyo sa araw ang mga ito sa panahon ng tagtuyot. Bumibilis ang pagkabulok nito sa halumigmig ng tag-ulan. At ang tambo na nakalubog sa tubig ay unti-unting nabubulok. Ang patuloy na pagguho ng pulo ng mga Coila ay nagpapahiwatig na dapat maglagay si Nelson ng panibagong patong ng mga tambo kada 10 hanggang 15 araw.

"Ang pagbubuo ng pulo ay simula pa lamang," wika niya. "Kung titigil ako sa pagdaragdag ng mga tambo, unti-unting masisira ang pulo. Pero kapag mas marami ang ipinatong ko, mas titibay ang pulo."

## Ang Panganib ng Pagpapaliban

Ang pagdaragdag ng mga tambo ay hindi kumplikado o mahirap, pero trabaho ito. Madali itong ipagpaliban.

Gayunman, ang pagpapaliban ay nagpapatindi ng panganib na matapak ang isang kapamilya sa mahinang bahagi at mahulog siya sa malamig na tubig. Sobrang kabuwisitan iyan para sa matatanda, pero maaaring mamatay dito ang maliliit na bata tulad ng dalawang taong gulang na anak ng mga Coila na si Emerson.

Kaya nagdagdag ng mga tambo si Nelson ngayon, batid na ang kaligtasan ng bawat kapamilya ay nakasalalay rito bukas.

Ang aral tungkol sa kasigasigan ang nakagawa ng kaibhan sa buhay ng mga Coila.

## Ang mga Epekto ng Kasigasigan

Ang *kasigasigan* ay pagpipilit na gawin ang isang bagay sa kabila ng oposisyon.[1] Unang natutuhan ni Dora kung gaano kahalaga—at gaano kahirap—ang maging masigasig matapos siyang mabinyagan noong 1998.


Noong 17 taong gulang si Dora, nabinyagan sila ng kanyang

***Para sa pamilya Coila—Nelson, Dora, at Emerson—at sa mga taong Uros na nakatira sa Lake Titicaca, ang tambong totora ay malaking tulong sa buhay. Ngunit tulad ng mga alituntunin ng ebanghelyo, dapat itong gamitin nang regular.***









### PATULOY NA PALAKASIN ANG PANANAMPALATAYA

"Gaano man kalaki ang pananampalataya natin ngayon sa pagsunod sa Diyos, kailangan pa rin nating patuloy na palakasin ito at sariwain ito palagi. . . . Ang pagkatutong magsimula nang maaga at magpatuloy ang mga susi sa espirituwal na paghahanda. Ang pagpapaliban at pagbabagu-bago ang mga mortal na kaaway nito."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Kahandaang Espirituwal: Simulan nang Maaga at Magpatuloy," *Liahona,* Nob. 2005, 38.**



### MATATAPAT NA PAMILYA

"Nadama ko ang matinding kababaan ng loob, na doon sa nakalutang na [kapuluan] sa Lawa ng Titicaca, ang [matatapat] na Banal sa mga Huling Araw na mga pamilyang ito ay hiniling na ako ang manalangin para sa maliit na [pulo] ng Apu Inti at hilingin sa Panginoon na pagpalain ang [kanilang] mga tahanan at mga pamilya."

**Elder Ronald A. Rasband ng Panguluhan ng Pitumpu, "Espesyal na mga Karanasan," *Liahona,* Mayo 2008, 12.**

**Para malaman ang iba pa** tungkol sa pagbisita ni Elder Rasband sa kapuluan ng mga Uros, pumunta sa conference.lds.org at hanapin ang kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2008.

**Para makita ang iba pang mga larawan** mula sa kuwentong ito, bisitahin ang liahona.lds.org.

nakababatang kapatid na si Alicia—na nakatulong sa paglago ng Simbahan sa kapuluan ng mga Uros. Gayunman, makalipas ang mga isang buwan, binawalan sila ng kanilang tatay na makiugnay pa sa Simbahan.

Ngunit may kakatwang nangyari sa mga bata. Bigla silang naging matitigas ang ulo at madalas makipagtalo. Natanto ng kanilang ama na noong nakikibahagi sila sa mga aktibidad ng Simbahan, bumait na sila.

"Dahil diyan nagbago ang isip niya," sabi ni Dora. "Ginigising na niya kami nang maaga para siguruhing makarating kami ng simbahan sa oras."

Ayon kay Dora, maliliit na bagay na regular nilang ginawa ni Alicia ang dahilan ng pagbabagong ginawa ng ebanghelyo sa buhay nila, tulad ng pagbabayad ng ikapu, pagdarasal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath, at pagpapanibago ng kanilang mga tipan linggu-linggo sa pagtanggap ng sakramento.

Kalaunan, dahil nakita niya mismo ang mga pagbabagong dulot ng pananampalataya at kasigasigan,[2] sumapi sa Simbahan ang tatay ni Dora kasama ang iba pang mga kapamilya.

## Ang mga Gantimpala ng Kasigasigan

Ang pagpipilit na gawin ang tama—sa kabila ng oposisyon—ay iniutos sa pinagtipanang mga tao ng Panginoon. Gayunman, nangako ng mga dakilang pagpapala ang Panginoon sa mga masigasig manalangin,[3] sumunod sa mga utos,[4] makinig sa paghahayag,[5] magsaliksik ng mga banal na kasulatan,[6] at gumawa ng Kanyang gawain.[7]

Sa naranasan ng mga Coila sa pagpapatibay ng kanilang pulo ng pananampalataya kapwa literal at patalinghaga, nalaman nila na totoong ginagantimpalaan ang kasigasigan. "Kung minsan nanghihinawa tayo sa araw-araw na pagtatrabaho, pagluluto, at iba pa," sabi ni Nelson. "Kapag nalilimutan natin ang Diyos, nagiging kumplikado ang mga bagay-bagay. Mas maraming problema, at nagkakagulo ang lahat."

Huminto si Nelson para ituro ang



bagong patong na mga tambong inilagay niya nang umagang iyon. "Kung magpapatuloy tayo," wika niya, "kung regular tayong magdarasal, mag-aaral, mag-aayuno, at magpa-family home evening, mas titibay tayo." ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Merriam-Webster's Collegiate Dictionary,* ika-11 ed. (2003), "diligence"; tingnan din ang "persevere."
2. Tingnan sa Alma 32:41–43.
3. Tingnan sa 1 Nephi 2:18–19; 10:17–19; Enos 1:12.
4. Tingnan sa 1 Nephi 15:8–11; 16:28–29; Enos 1:10; Mosias 1:11; 4:6.
5. Tingnan sa Mosias 1:16; Alma 12:9–11.
6. Tingnan sa Mosias 1:6–7; Alma 17:2.
7. Tingnan sa Jacob 1:19; 5:75; Moroni 9:6.



MGA BATA

# Hindi Takot sa Tubig

## Si Joseph ng Apu Inti Island, Lake Titicaca, Peru

**Ni Adam C. Olson** Mga Magasin ng Simbahan

Ang pitong-taong-gulang na si Joseph ay lumaki sa lugar na naliligiran ng tubig. Ibig kong sabihin ay lumaki siyang may tubig sa paligid *niya*—ang malamig na tubig ng Lake Titicaca sa Peru. Iyan ang nangyayari kapag nakatira ka sa maliit na pulong gawa sa nakalutang na mga tambo.

Si Joseph at kanyang pamilya ay kabilang sa mga taong Uros, mga taong nagsipagtayo at tumira sa nakalutang na mga pulo sa Lake Titicaca nang daan-daang taon. Nangingisda sila sa lawa. Naliligo sila sa lawa. Nagsasagwan sila patawid ng lawa para makalipat-lipat sa mga pulo.

Maaari ninyong isipin na dahil sanay sa tubig si Joseph, hindi na siya kakabahan kapag tumayo na siya sa bautismuhan pagkaraan ng ilang buwan para mabinyagan. Pero nadarama niya ang nadarama ng maraming bata.

"Sabik na ako," wika niya. "Pero takot akong lumubog sa tubig."


Dahil may tubig sa buong paligid nila, tinuruan ang mga batang Uros na mag-ingat sa tubig. Kaya nang sabihin ni Joseph sa kanyang mga magulang ang kanyang mga pangamba, pinag-usapan ng pamilya ang binyag sa kanilang family home evening, at pinraktis ni Joseph at ng kanyang ama ang gagawin.

"Ang tatay ko ang magbibinyag sa akin," sabi ni Joseph. "Tinulungan niya akong huwag matakot."

Ngayon ay masigasig na naghahanda si Joseph para sa kanyang binyag. Sinisikap niya na lalong makinig sa oras ng Primary at matutuhan ang Mga Saligan ng Pananampalataya. Alam niya na makakatulong iyon sa kanya ngayon at sa hinaharap.

"Magmimisyon ako," wika niya. "Tulad ng sabi ni Nephi, hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon" (tingnan sa1 Nephi 3:7). ■





### ILAN SA MGA PABORITO NI JOSEPH

- Ang kuwento tungkol sa pagkuha ni Nephi ng mga laminang tanso (tingnan sa 1 Nephi 3–4).
- Ang ikasampung saligan ng pananampalataya.
- Pakikipaglaro sa kanyang kapatid na babae, pamangking babae (itaas), at pamangking lalaki.
- Pagkain ng piniritong lapu-lapu at patatas.
- Pag-aalaga sa kanyang mga tupa.

MGA LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON




# PAGTATANGGOL SA AKING THESIS—AT SA AKLAT NI MORMON

Noong nag-aaral pa ako sa unibersidad, ang honors program na inenrolan ko ay pinagagawa ng thesis ang mga estudyante. Ang thesis ng bawat estudyante ay kailangang pangasiwaan at aprubahan ng dalawang propesor.

Para sa thesis ko pinili kong saliksikin at suriin ang digmaan sa Aklat ni Mormon. Kinausap ko ang isang propesor tungkol sa aking ideya, at pumayag siyang maging isa sa mga superbisor ko. Iminungkahi rin niya ang isa pang propesor bilang pangalawang superbisor.

Kinausap ko ang pangalawang propesor at ipinaliwanag sa kanya ang thesis ko. Pagkabanggit ko sa Aklat ni Mormon, nag-iba ang kilos niya at sinimulan niyang batikusin ang Simbahan. Tahimik akong nakinig hanggang makatapos siya at saka ko ipinaliwanag sandali na palagay ko ay hindi niya naunawaan ang ating mga paniniwala. Parang hindi siya nakumbinsi, pero nagulat ako nang pumayag siyang



***Halos agad sinimulan ng propesor ang pagbatikos—hindi sa thesis ko kundi sa Aklat ni Mormon. Sinikap kong magpakahinahon, at pinatotohanan ko ang Aklat ni Mormon.***

pangasiwaan ang thesis ko.

Matapos ang halos isang taong pagsasaliksik at pagsulat, pinaaprubahan ko ang aking thesis sa faculty. Sa taong iyon natanggap ako sa kursong abogasya, at kailangan kong matapos ang proyektong ito para makatapos at makapagpatuloy.

Sa loob ng isang linggo nakatanggap ako ng e-mail mula sa propesor na bumatikos sa Simbahan. Pinapunta niya ako sa kanyang opisina.

Pagdating ko, ipinasara niya sa akin ang pinto at pinaupo ako. Halos agad niyang sinimulan ang pagbatikos—hindi sa thesis ko kundi sa Aklat ni Mormon. Sinikap kong magpakahinahon, at pinatotohanan ko ang Aklat ni Mormon.

Atubiling tinanong ko ang propesor kung aaprubahan pa rin niya ang thesis ko. Hindi raw.

Umuwi akong lumung-lumo at hindi ko alam ang gagawin. Kung hindi sang-ayon ang taong ito, mawawala ang pagkakataon kong makatapos sa honors program at makapag-aral ng abogasya. Ipinagdasal ko na maging maayos ang lahat kahit paano.

Nang ipaliwanag ko ang aking sitwasyon sa propesor na nangangasiwa sa thesis ko, pinayuhan niya akong bisitahin ang propesor kinabukasan at bigyan siya ng isa pang pagkakataong aprubahan ang thesis ko.

Kinaumagahan naghintay ako sa labas ng opisina ng propesor. Kinakabahan ako, na hindi tiyak kung ano ang magiging reaksyon niya kapag nakita akong muli. Pagdating niya, tahimik niyang binuksan ang pintuan ng kanyang opisina, at pinapasok ako. Walang sali-salitang kumuha siya ng bolpen at pinirmahan ang thesis ko, sa pormal na pag-apruba sa thesis ko. Hindi niya ipinaliwanag kung bakit nagbago ang isip niya pero nginitian niya ako nang magpaalam ako.

Nagpapasalamat ako na nagkaroon ako ng pagkakataong magpatotoo sa taong ito. Alam ko na kung paninindigan natin ang ating pinaniniwalaan, palalakasin at pagpapalain tayo ng Ama sa Langit. ■

Scott Macdonald, California, USA

# KAPAG NAKITA KONG MULI ANG AKING KAPATID

Noong bata pa ako, gustung-gusto kong makatakbo at makapaglaro ang kapatid kong si Juan Fernando na gaya ng ibang mga bata. Nang tanungin ko si Inay kung bakit hindi niya magawa iyon, sinabi niya na nagkaroon ito ng malaking pinsala sa utak nang isilang dahil sa kawalan ng oxygen at hindi na magagawa ang mga bagay na iyon kahit kailan.

Habambuhay na nakahiga sa kama ang kapatid ko. Dahil lumaki ako sa Simbahan, naunawaan at natanggap ko ang kanyang kalagayan at alam ko ang kadakilaan ng kanyang espiritu. Magkagayunman, sabik pa rin ang bata kong puso na makatulad siya ng iba, kahit hindi ko mawari kung ano ang pakiramdam ng makita siyang lumakad o tumakbo o magsalita.

Nag-alala ako kung sino ang mag-aalaga sa kanya kung mauna kaming mamatay na lahat sa pamilya kaysa kanya. Sa taimtim kong mga dalangin nagsumamo ako sa Ama sa Langit na unahin Niyang kunin si Juan Fernando bago kami. Alam ko na sasagutin Niya ako.

Namatay ang kapatid ko sa edad na 16 isang hapon ng taglamig, at nag-iwan ito ng malaking kahungkagan sa aming pamilya. Nakadama kami ng lungkot ngunit ng pag-asa rin. Ilang araw pagkamatay niya, nakatulog ako habang iniisip siya at maganda ang panaginip ko.

Naglalakad ako, pero wala akong makita dahil sa ulap. May nakikita ako sa di-kalayuan, kaya marahan akong naglakad palapit dito. Habang papalapit ako, nakita ko na ito ay isang bagon na puno ng magagandang bulaklak. Habang nakatitig dito, napansin ko ang isang guwapong binatilyo, nakasuot ng puting damit, nakatayo sa tabi ng bagon. Huminto ako sandali, at sinikap kong kilalanin siya, at nalaman ko na siya ang kapatid ko. Napakasaya kong makita siya. Kinausap niya ako, at ginusto ko siyang yakapin at hagkan. Pagkatapos ay nagising ako.

Labis akong nagpasalamat na narinig ko ang boses niya at nakita kong magaling na siya. Nawawari ko lang ang sandali na magkikita kaming muli. Tiyak kong yayakapin at hahagkan namin ang isa't isa at magiliw kaming mag-uusap—salamat sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Dahil sa Tagapagligtas lahat tayo ay babangon mula sa libingan at magkakasamang muli bilang pamilya, at hindi na muling maghihiwalay pa.

Naalala ko ang mga salita ni Amulek: "Ang espiritu at ang katawan ay magsasamang muli sa kanyang ganap na anyo; kapwa ang biyas at kasukasuan ay ibabalik sa wastong pangangatawan" (Alma 11:43).

Nagpapasalamat ako sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, na naghahatid ng kapayapaan sa aking kaluluwa. Alam ko na makikita kong muli ang kapatid ko balang araw. ■

María Isabel Parra de Uribe, Mexico

MGA PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON

# ANG PANAHON KO BILANG PIONEER SA CALGARY

Ako ay isinilang sa isang munting bayan sa hilagang Inglatera noong 1947. Noong ako ay 15 taong gulang, ipinakilala ako ng mga kaibigan ko sa mga misyonero, at sumapi ako sa Simbahan. Gayunman, hindi sumapi ang pamilya ko.

Nang malaman ko ang tungkol sa mga naunang pioneer ng simbahan, tila baga nalamangan ako sa hindi pagkakaroon ng mga ninunong tumawid sa kapatagan. Ngunit nang umunlad ako sa ebanghelyo, nagbago ang damdamin ko.

Naunawaan ko na ang mga naunang pioneer ang nagbigay-daan para makasapi ang mga taong tulad ko sa Simbahan. Ang dalawang misyonerong nagpakilala sa akin sa ebanghelyo ay mga inapo ng mga pioneer na iyon, kaya malaki ang utang na loob ko sa mga pioneer. Nadama ko na nakaugnay ako sa kanila sa espesyal na paraan.

Natanto ko rin na ako *ay* may pamana ng mapagbigay at masipag na mga taong nagsakripisyo, nagtrabaho, at lumaban pa sa mga digmaan upang makamtan ko ang mga bagay na hindi nila nakamtan at ibigay sa akin ang kalayaang tinatamasa ko ngayon. Hindi sumapi sa Simbahan ang aking mga magulang, ngunit pinalaki nila ako sa mabubuting pagpapahalaga at alituntuning naghanda sa akin na tanggapin ang ebanghelyo.

Sa huli, nalaman ko na maraming uri ang mga pioneer. Ako ang unang miyembro ng Simbahan sa aming pamilya. Hindi masaya ang pamilya ko sa desisyon kong magpabinyag, kaya nahirapan akong dumalo sa mga pulong. Hirap ang maliit naming branch dahil kulang ang mga miyembro, lalo na sa priesthood. Kalaunan naging malinaw na isasara na ito ng mission.

Dahil dito, nagpasiya akong lumipat sa Canada, na isa sa pinakamahihirap na desisyong nagawa ko. Nag-iisang anak ako at mahal na mahal ko ang mga magulang ko, gaya ng pagmamahal nila sa akin, pero nanganib sana ang patotoo ko kung nanatili ako sa isang lugar kung saan hindi ako makakasimba. Naaalala ko pa noong gabing umalis ako—tumatakbo si Itay sa tabi ng tren na nagpapalipad-hangin ng mga halik sa akin habang nakatingin si Inay. Nadurog ang puso ko, pero alam kong kailangan kong umalis.



***Naaalala ko pa noong gabing umalis ako—tumatakbo si Itay sa tabi ng tren na nagpapalipad-hangin ng mga halik sa akin habang nakatingin si Inay. Nadudurog ang puso ko, pero alam kong kailangan kong umalis.***

Dumating ako sa Calgary, Alberta, sa Araw ng mga Ina noong Mayo 1967. Nagsimba ako kasama ang mga miyembrong tinuluyan ko at umiyak sa buong pagpupulong. Naaalala ko na sinulatan ko ang mga magulang ko na tumutulo ang luha sa aking mga pisngi, at sinabi ko sa kanila na gustung-gusto ko ang Canada pero labis akong nangungulila sa Inglatera at sa aking pamilya.

Sinikap kong umakma sa bago kong buhay, na nangungulila sa pamilya, malungkot, at bigo, pero nanatili akong tapat sa ebanghelyo. Dinaluhan ko ang lahat ng pagpupulong at tumanggap ako ng mga tungkulin. Ito ang panahon ko bilang pioneer.

Kalaunan nakilala ko ang mapapangasawa ko. Nabuklod kami sa Cardston Alberta Temple at nagpalaki ng tatlong anak sa Simbahan.

Tuwing babalik ako sa Inglatera, naaalala ko ang aking pagbabalik-loob at hindi ko mapigilang pasalamatan ang mga pagpapala sa akin. Nasaan kaya ako ngayon kung hindi ako naglakas-loob na gumawa ng gayon kahirap na desisyon at sundin ang Espiritu?

Walang hanggan ang pasasalamat ko sa mga naunang pioneer kapwa sa loob at labas ng Simbahan na nagbigay-daan para marinig ko at ng iba pang katulad ko ang ebanghelyo. Ang mga nauna ay nagbigay sa akin ng pagkakataon at lakas ng loob na maging makabagong pioneer. ■

Lorraine Gilmour, Ontario, Canada

# DALAWANG LUNGSOD AT ANG MAGILIW NA AWA

Tulad ng Nauvoo, Illinois, ang lungsod ng Natchez, Mississippi, USA, ay nasa mataas na lugar na tanaw ang Mississippi River. Ang mga naunang Banal sa mga Huling Araw na nagmula sa Inglatera kadalasan ay nagdaan sa Natchez patawid ng ilog mula New Orleans papuntang Nauvoo. Katunayan, noong 1844 sinunog ng isang grupo ng masasamang tao ang isang bangkang nakadaong sa Natchez na may sakay na ilang Banal sa mga Huling Araw.

Pagdating ko sa Natchez para magtrabaho sa U.S. National Park Service, nag-alinlangan ako at natakot. Iniwan ko ang lahat ng maginhawa at pamilyar sa akin sa Utah, at nang tumira ako rito sa bago at tila kakaibang lungsod, nakadama ako ng lungkot at lumbay.

Sa unang araw ko sa training, inilibot ako ng superbisor sa mansiyong itinayo noong panahon ng Giyera Sibil na nasa parke at ipinakita kung paano ko dapat ilibot ang mga bisita. Matapos naming libutin ang unang palapag, nahihirapan na akong tandaan ang lahat ng detalye. Mula sa mga kasangkapang yari sa French rococo hanggang sa English porcelain china, ang nagagayakang mansiyon ay nagpakita ng kaunlaran sa Timog—at lubha akong namangha. Sa pagkatanto na kailangan pa naming makita ang ikalawang palapag ng mansiyon, nakadama ako ng lungkot at naalala ko ang bahay namin.

Pag-akyat namin sa maringal na hagdan, napansin ko ang oil painting ng isang bayan. Noon ko lang nakita iyon, subalit may isang bagay roon na pamilyar sa akin. Natuon ang mga mata ko sa ipinintang malaking gusali na nasa mataas na lugar ng bayan, at nakilala ko ang pagkurba ng ilog sa palibot ng lungsod. Iyon nga kaya ang naiisip ko?

Itinanong ko kung Nauvoo nga ang nakalarawan sa painting. Ang aking superbisor, na nagulat sa tanong ko, ay sumagot na iyon nga. Di-nagtagal ay nalaman ko na ang painting ay nabili ng isa sa mga huling may-ari ng mansiyon dahil inaakalang ito ay ipininta sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo at ang larawan ng ilog ay umakma nang husto sa kapatagan ng Natchez.

Ang mga Banal na dumaan sa Natchez sa gitna ng pang-uusig ay maaaring nakadama ng ginhawa at pasasalamat nang makarating sila sa wakas sa Nauvoo. Napanatag din ako nang makita ko ang painting ng Nauvoo sa mansiyon sa Natchez. Nakatulong sa akin ang pagkakita ko sa painting na malaman na batid ng Ama sa Langit ang aking sitwasyon at bibiyayaan ako ng lakas na makayanan ang aking pangungulila, takot, at pag-aalinlangan. Alam ko na ang painting ng Nauvoo ay magiliw na awa ng Panginoon. ■

Tiffany Taylor Bowles, Illinois, USA

*Pag-akyat namin sa maringal na hagdan, napansin ko ang oil painting ng isang bayan. Ang tanawin nga kayang iyon ang naiisip ko?*



# MAGSIMULANG Kumilos

**Ni Elder Von G. Keetch**
Area Seventy, Utah Salt Lake City Area

*Ang pamamahinga sa tagaytay ay tila isang ligtas na paraan para hindi magkamali, ngunit isang paraan din ito para hindi makasulong.*

May kuwento tungkol sa isang grupo ng mga smoke jumper [bumberong nagpaparaida]. Inaapula ng matatapang na lalaki at babaeng ito ang mga sunog sa kagubatan sa pamamagitan ng pagpaparachute sa lupa sa ibabaw ng sunog at pag-apula rito mula itaas paibaba, samantalang ang iba ay inaapula ito mula sa ibaba.

Sa isang partikular na malaking sunog sa kagubatan, nagpulong ang isang mahusay na grupo ng mga smoke jumper para matagubilinan bago sumakay sa kanilang eroplano. Sinabi ng dispatser—isang matalino at bihasang bumbero—sa mga smoke jumper na napakadelikado ng sitwasyon at hindi niya sila mabibigyan ng eksaktong gagawin. Bagkus, bilin ng dispatser, dapat siyang kontakin ng mga smoke jumper sa radyo kapag nakapag-parachute na sila sa tagaytay sa ibabaw ng sunog. At saka niya sila pagbibilinan kung saan daraan para masimulan ang pag-apula sa apoy.

Mabilis na sumakay ang mga smoke jumper sa kanilang eroplano, nag-parachute pababa sa tagaytay sa ibabaw ng naglalagablab na apoy, at nagtipon para kumilos. Habang tinitingnan nila ang sunog mula sa ibabaw, kita nila ang anim na posibleng daanan para masimulan ang kanilang gawain.

Para masunod ang kasunduan nila ng dispatser, inilabas ng pinuno ng grupo ang radyo, natunton ang tamang frequency, at tinawagan ang dispatser para itanong kung saan sila daraan. Ngunit maingay na tunog lamang ang narinig sa radyo; ni hindi nila marinig ang dispatser.

Sa pag-aakalang abala ang dispatser sa iba pang mga gawain, nagpasiyang maghintay nang 10 minuto ang mga smoke jumper at muli itong subukan. Ngunit sa ikalawang pagkakataon, gayon pa rin ang nangyari—walang signal at maingay na tunog at walang tagubilin.

Nag-usap-usap ang mga smoke jumper. May nakikita pa silang ilang daanan pababa ng bundok para makapunta sa magandang lugar at maapula nila ang apoy. Ngunit nag-alala sila na wala silang natanggap na anumang bilin mula sa kanilang dispatser. Nabahala sila na kung tatahakin nila ang landas na mukhang pinakamainam sa kanila, baka salungat pa ang gagawin nila sa gustong ipagawa ng dispatser at mapilitan silang bumalik.

Kaya nagpasiya silang maghintay sa tagaytay. Makalipas ang labinlimang minuto muli nilang sinubukang tawagan ang dispatser. Wala. Ibinaba nila ang kanilang mga backpack at nakahanap ng mauupuan. Ang tatlumpung minuto ay naging isang oras; ang isang oras ay naging dalawang oras. Regular nilang sinubukang kontakin ang dispatser. Ngunit tulad ng dati, maingay na tunog lang ang narinig nila.

Nagpasiyang mananghalian ang mga smoke jumper. Pagkatapos niyon, nang hindi pa rin nila makontak ang dispatser, humilig sila sa kanilang mga backpack at umidlip. Dismayado sila. Kung pinansin lang sana sila ng dispatser at sinabi kung saan sila daraan, masaya nilang susundan ang daang ito at sisimulan nilang apulain ang apoy. Ngunit tila binalewala sila ng dispatser, na malamang ay abala sa ibang bagay. At nagpasiya sila na hindi sila kikilos nang walang tagubilin ng dispatser. Tutal, nangako itong



LARAWAN © LANDOV



pagbibilinan sila bago sila mag-parachute pababa sa tagaytay.

Pitong oras matapos makarating ang mga smoke jumper sa taluktok ng tagaytay, isang pagod na crew chief mula sa grupo ng mga bumberong umaapula ng apoy sa bandang ibaba ng bundok ang umakyat at nakita ang mga smoke jumper. Gulat na gulat ito. Paglapit sa pinuno nila, nagtanong ito, "Ano ang ginagawa ninyo at nagpapahinga lang kayo rito? Kinailangan namin ang tulong ninyo. Muntik na naming hindi maapula ang apoy dahil walang tumulong sa amin. At sa buong panahong iyon ay nagpapahinga lang pala kayo rito sa tagaytay?"

*Ang pinakamainam at pinakamalinaw na patnubay na dumarating sa ating buhay ay hindi kapag naghintay lamang tayong tulungan at gabayan ng ating Ama sa Langit kundi kapag sabik at buong sipag tayong nakilahok sa gawain.*

Ipinaliwanag ng pinuno ng mga smoke jumper ang kalagayan nila sa crew chief. Pinangakuan silang tatagubilinan ng dispatser. Hindi sila tumigil sa pagsisikap na makuha ang mga tagubiling iyon. Ngunit binalewala sila ng dispatser, at hindi sinagot ang mga tawag nila. Totoo, may nakita silang ilang daraanan pababa sa sunog. Ngunit natakot sila na baka mali ang madaanan nila. Kaya nagpasiya silang maghintay hanggang sa matanggap nila ang ipinangakong tagubilin ng dispatser.

Kinuha ng crew chief ang maliit na radyong ginagamit ng mga smoke jumper. Pagkatapos ay naglakad siya ng mga 50 yarda (45 m) pababa sa isa sa mga landas papunta sa sunog. Tumigil ito at sinubukan ang radyo. Malakas at malinaw na narinig ang boses ng dispatser. Pagkatapos ay nagbalik ang crew chief sa taluktok ng tagaytay at naglakad ng mga 50 yarda pababa sa isa pang landas. Tumigil siya at tinawagan ang dispatser. Muling narinig kaagad ang boses ng dispatser.

Bumalik ang crew chief sa mga smoke jumper at initsa ang radyo sa pinuno, at sinabing, "Wala kayong signal diyan. Ang dapat lang ninyong gawin ay lumakad pababa sa isa sa mga daanan, at madali sanang naitama ng dispatser ang daan ninyo at nakarating sana kayo sa mismong lugar kung saan namin kayo kailangan. Sa halip ay nagpahinga kayo rito, at nawalan kayo ng silbi sa amin."

Kadalasan sa ating pangangailangan sa espirituwal na gabay at patnubay, matutukso tayong gawin ang mismong ginawa ng mga smoke jumper. Matatagpuan natin ang ating sarili sa di-kilalang teritoryo. Nakikita natin ang ilang landas na maaari nating tahakin, at hindi natin tiyak kung alin ang tatahakin. Pinangakuan tayo ng inspirasyon at tulong mula sa ating Ama sa Langit. Ngunit hindi ito laging dumarating kaagad. Nadidismaya tayo at nagpapasiyang umupo na lang at maghintay hanggang dumating ang ipinangakong patnubay. Hintay tayo nang hintay, na nagtataka kung bakit hindi tayo tinutulungan ng banal na Dispatser sa ating landas.

Dahil dito, binabalewala natin ang isang mahalagang alituntunin ng paghahayag. Umaasa ang ating Ama sa Langit na gagamitin natin ang ating sariling talino, kakayahan, at karanasan para balangkasin ang unang landas na ating tatahakin. Sa pagtahak natin sa landas na pinili natin, nasa mas mabuting kalagayan tayong tumanggap ng pagtatama ng landas na gusto Niya para sa atin. Ngunit kung magpapahinga lang tayo sa tagaytay at hihilig sa ating mga backpack hanggang sa pagbilinan Niya tayo, nanganganib tayong matagpuan ang ating sarili sa lugar na walang espirituwal na inspirasyon.

Itinuro sa atin ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Inaasahan na gagamitin natin ang liwanag at kaalamang taglay na natin

PAGLALARAWAN NI MATHEW REIER © IRI

upang ayusin ang ating buhay. Huwag na nating hintaying ituro pa sa paghahayag ang dapat nating gawin, sapagkat sinabihan na tayong gawin ito sa mga banal na kasulatan; ni huwag na nating asahang palitan pa sa paghahayag ang espirituwal o temporal na talinong natanggap na natin—para lamang ito palawakin. Dapat tayong mamuhay sa karaniwan at regular na paraan, sa pagtupad sa mga pang-araw-araw na tungkulin at patakaran at regulasyong namamahala sa buhay.

"Ang mga patakaran at regulasyon at utos ay mahahalagang proteksyon. Kung kailangan natin ng inihayag na tagubilin upang ituwid ang ating landas, maghihintay ito hanggang kailanganin natin ito."[1]

Pinatototohanan ko na ang pinakamainam at pinakamalinaw na patnubay ay dumarating sa ating buhay hindi kapag naghintay lamang tayong tulungan at gabayan ng ating Ama sa Langit kundi kapag sabik at buong sipag tayong nakilahok sa gawain. Kayo na naghihintay sa patnubay ng Panginoon sa inyong buhay—na nangangailangan ng tulong sa mahahalagang desisyon o tanong—narito ang hamon ko sa inyo: Mapanalangin at maingat na gamitin ang sarili ninyong talino at kakayahan sa pagpili ng landas na tila tama sa inyo. Pagkatapos ay maging sabik na tahakin ang landas na iyan (tingnan sa D at T 58:26–28). Pagdating ng oras na itatama ang inyong landas, naririyan Siya para tulungan kayo at gabayan. ■

**TALA**

1. Boyd K. Packer, "Ang Paghahangad sa Espirituwal na Kaalaman," *Liahona,* Ene. 2007, 16.

# SA MALILIIT NA PARAAN

**Ni Laurel Teuscher**

Akala ko maayos ang buhay ko. Nagmisyon ako, nakatapos sa kolehiyo, nagkaroon ng trabaho, at sa huli ay lumipat sa isang apartment para magsarili. Nagsimba ako tuwing Linggo at nagpunta sa mga aktibidad kung minsan. Marami akong kaibigan, walang asawa at mayroon, at bigla akong nagkaroon ng mas maraming oras para magbasa, na paborito kong gawin noong bata pa ako. Subalit maging sa lahat ng aktibidad na ito, parang may kulang pa rin.

Sa Alma kabanata 37, mababasa natin ang payo ni Alma sa kanyang anak na si Helaman. Sa mga talata 41–42, nagsalita si Alma tungkol sa pamilya ni Lehi at sa Liahona. Ipinaliwanag niya na hindi kikilos ang Liahona kapag "sila ay . . . mga tamad, at nakalimot na pairalin ang kanilang pananampalataya at pagiging masigasig" at na "hindi sila sumulong sa kanilang paglalakbay; kaya nga, sila ay namalagi sa ilang, o hindi nakapaglakbay sa isang tuwid na daan." Nalaman ko sa pagbabasa ng mga talatang ito na hindi ako sumusulong. Hindi ako sumasampalataya o masigasig sa anumang bagay sa buhay ko. Tumigil ako sa pagsisikap na matamo ang isang mithiin. Naghintay na lang ako na may mangyari.

Walang isang partikular na sandali na gumawa ako ng listahan at nagsulat ng lahat ng kailangan kong baguhin. Bagkus, unti-unting nangyari ang mga pagbabagong iyon. Una, nagsimula akong gumising nang maaga at mag-jogging o mag-ehersisyo nang kaunti. Sumunod, naghanap ako ng kurso sa paaralan na makakatulong sa akin na umasenso sa trabaho o makahanap ng iba. Nakakita ako ng kurso at gumugol ng panahon sa paghahanda sa mga test para makapag-aplay. Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan at panalangin ay naging mas mahalaga sa akin, at sinikap kong mag-ukol ng oras araw-araw sa pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo at paghahangad na madama ang Espiritu. Lalo akong nagsikap na makibahagi sa ward namin—kahit nangahulugan ito ng pagsasakripisyo ng ilang oras ko.

Mula nang simulan ko ang maliliit na pagbabagong ito, mas sumaya ako. Nadarama ko na sumusulong ako at binibigyan ako ng Ama sa Langit ng bagong mga hamon. Kaya ko nang harapin ang mga hamong iyon nang may pag-asa sa halip na may takot at panghihina ng loob. Nalaman ko na kapag huminto tayo sa paggawa o pagsampalataya at pagtahak sa isang direksyon, hindi tayo matutulungan ng Ama sa Langit na sumulong at hindi natin mararating ang ating patutunguhan. Labis akong nagpapasalamat sa maliliit na pagbabago sa aking buhay na nakatulong sa akin na makita ang hinaharap. ■

# Tuwirang **Sagot**

## Bakit tayo kailangang **lubos na malubog sa tubig kapag tayo ay binibinyagan?**



Maaaring nakadalo na kayo sa isang binyag kung saan ang taong binibinyagan ay kailangang binyagan nang dalawang beses dahil hindi siya lubos na nalubog sa tubig sa unang pagkakataon. Dahil ang binyag ay isang nakapagliligtas na ordenansa, mahalagang isagawa ito nang tumpak at tama.

Ang binyag ay isang simbolikong ordenansa. Ito ay "sumasagisag sa pagkamatay, libing, at pagkabuhay na mag-uli, at magagawa lamang sa pamamagitan ng paglulubog" (Bible Dictionary, "Baptism"). Ang paglubog sa tubig ay kumakatawan sa pagkamatay at libing ni Jesucristo, ngunit kumakatawan din ito sa pagkamatay ng ating likas na pagkatao (tingnan sa Mga Taga Roma 6:3–6). Ang pag-ahon mula sa tubig ay simbolo ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo at kumakatawan sa pagsilang na muli ng Kanyang pinagtipanang mga disipulo. Ang dalawang saksing nakatayo sa tabi ng bautismuhan ay nakamasid upang matiyak na ang taong binibinyagan ay lubos na nailubog, na simbolo ng pagiging lubos na isinilang na muli.

Kapag tayo ay bininyagan, sinusunod natin ang huwarang ipinakita ng Tagapagligtas, na bininyagan sa pamamagitan ng lubos na paglulubog sa ilog Jordan (tingnan sa Mateo 3:13–17). Nais ng Ama sa Langit na bawat isa sa Kanyang mga anak ay malinis mula sa kanilang mga kasalanan upang muli nila Siyang makapiling. Ang mabinyagan sa pamamagitan ng paglulubog, na tulad ni Cristo, ay mahalagang bahagi ng Kanyang banal na plano. ■



## Ang Espiritu Santo dapat ang palagi nating kasama, pero hindi ko alam kung lagi kong nadarama ang Espiritu. May mali ba sa akin?

Kung karapat-dapat ka pero hindi mo nadarama ang Espiritu sa tuwina, ibig sabihin siguro nito ay nag-aaral ka pang kilalanin at sundin ang patnubay ng Mang-aaliw. Ipinaliwanag ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kahit sikapin nating maging tapat at masunurin, talagang may mga panahong hindi natin kaagad makikilala sa buhay natin ang patnubay, katiyakan, at kapayapaang hatid ng Espiritu" ("Nang sa Tuwina ay Mapasaatin ang Espiritu," *Liahona,* Mayo 2006, 29).

Kung hindi ninyo alam kung nasa inyo ang Espiritu Santo, tumigil at makinig sandali. Maaaring madama ninyo ang impluwensya ng Espiritu sa isang tahimik at payapang katiyakan. Subukang kilalanin ang marahan at banayad na tinig kapag gumagawa kayo ng mga bagay na nag-aanyaya sa Espiritu, tulad ng pagdarasal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, o pagdalo sa sacrament meeting. Sa pagtalima ninyo sa mga panghihikayat at pagsasanay na makinig sa Espiritu, lalakas ang kakayahan ninyong madama ang tahimik at hindi halos napapansing damdaming iyon.

Dapat kayong mamuhay nang marapat upang mapasainyo ang Espiritu (tingnan sa Mosias 2:36). Kung hindi ninyo nadarama ang impluwensya ng Espiritu sa inyong buhay, maaaring ito ay isang babala na kailangan ninyong magsisi at muling pag-isipan ang inyong mga prayoridad. Maaanyayahan ninyo ang Espiritu sa inyong buhay sa pamamagitan ng taos na pagsisisi, pagdarasal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at iba pang nakasisiglang gawain. ■

## Kontra ba ang Simbahan sa lahat ng video game o yaon lamang mga nagpapakita ng karahasan?

Maraming video game na malinis, nagpapatalas ng isip, at nakakatuwa, at may mga multiplayer game na masayang laruin sa pagtitipun-tipon. Hindi kontra ang Simbahan sa mga video game, ngunit ang mga kabataan ay hinihimok na maging matalino sa pagpili ng mga laro at sa haba ng oras na iuukol dito. Inutusan tayong huwag sayangin ang ating oras (tingnan sa D at T 60:13). Hindi komo malinis at nakakatuwa ang isang bagay ay makabuluhan nang gawin.


Ipinaliwanag ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng labindalawang Apostol: "Ang isa sa mga ginagawa ni Satanas . . . para pahinain ang inyong espirituwal na lakas ay hikayatin kayong gumugol ng maraming oras sa mga bagay na di-gaanong mahalaga. Kasama na rito ang paggugol ng maraming oras sa panonood ng telebisyon o video, paglalaro ng mga video game gabi-gabi, [o] pagbababad sa Internet" ("Be Strong in the Lord," *Ensign,* Hulyo 2004, 13).

Hindi masamang maglaro sandali ng mga video game na akma sa mga pamantayan ng media na matatagpuan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Ngunit dapat ay handa rin kayong isara ang telebisyon o computer at gumawa ng iba pang bagay. Huwag ninyong hayaang maging hadlang ang mga video game sa paggawa ng mga makabuluhang gawain tulad ng pag-eehersisyo, pag-aaral ng ebanghelyo, paggawa ng takdang-aralin sa paaralan, o pag-uukol ng oras sa inyong pamilya. ■

MGA PAGLALARAWAN NINA JOHN LUKE AT MATTHEW REIER


# TSISMIS

## HUWAG ITONG IPASA.



LARAWANG KUHA NI JED A. CLARK

# Ang Bahaging para sa Atin



## ANG PABORITO KONG BANAL NA KASULATAN

**2 Nephi 2:11**

Ang talatang ito ang lagi kong gabay at inspirasyon tuwing ako ay nagdududa, nalulungkot, o nahihirapan. Naging paborito ko ito mula nang itanong ko kung bakit kailangang magkaroon ng oposisyon. Bakit dapat magkaroon ng mga kumokontra? Bakit hindi na lang maging positibo, masaya, madali, at maganda ang buhay? Bakit dapat magkaroon ng masasama?


Nakatulong sa akin ang talatang ito para maunawaan ang buhay at mga kaguluhan nito. Nakatulong ito para mas mapahalagahan ko ang kahulugan ng buhay. Ipinaunawa nito sa akin ang layunin ng oposisyon at na dapat ko itong pasalamatan. Dahil kung wala ito, hindi natin malalaman ang tunay na diwa at ganda ng buhay. Kung walang oposisyon, hindi natin malalaman kung paano magmahal, maging masaya, o magtagumpay. Natutuhan kong mahalin ang buhay at tanggapin kung ano ito at magtiwala sa Panginoon dahil hindi mapag-aalinlanganan ang Kanyang karunungan.

Sheena P., Pilipinas



"Ang payo ko sa ating lahat ay tumingin sa parola ng Panginoon. Walang napakakapal na hamog, napakadilim na gabi, napakalakas na unos, walang marinong naligaw na hindi maililigtas ng parola ng Panginoon. Tumatanglaw ito sa kabila ng mga unos ng buhay. Ipinadadala sa atin ng Panginoon ang Kanyang liwanag na madaling makilala at laging tumatanglaw."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Mensahe sa Pagtatapos," *Liahona,* Mayo 2010, 113.**



***Kinunan ko ang larawang ito sa Thessaloníki, Greece. Ipinaaalala nito sa akin ang abu-abo ng kadiliman sa panaginip ni Lehi (tingnan sa 1 Nephi 8:22–24).***

**Kevin K., Germany**

## IPADALA

ang inyong kuwento, retrato, o puna sa liahona@ldschurch.org. Isama ang inyong buong pangalan, ward o branch, stake o district, at pahintulot ng magulang (maaari ding ipadala sa e-mail). Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.

## PAANO MAGKAROON NG MALINIS NA ISIPAN



Kahit pumapasok sa isip natin ang masasamang bagay, huwag nating papasukin ito at hayaang manatili pa. Ang pinakamainam na pagkakataon para malabanan natin ang tukso ay kapag nagsimula itong mabuo sa isipan; huwag itong itanim sa ating isipan, at hinding-hindi ito lalago. Kapag nasa ganitong sitwasyon ako, kinakanta ko ang paborito kong himno at sinisikap kong isapuso ang larawan ni Jesus hanggang sa makaya kong paglabanan ang tukso. Kung pursigido tayong labanan ang masasamang kaisipan, mawawala ito.

**Jorge G., Venezuela**

PAGLALARAWAN NG AKLAT NI GENE CHRISTIANSEN; PAGLALARAWAN NG PAROLA NI SCOTT GREER

# ANG SAGOT SA TALATA WALO

*Nahanap ni Joseph Smith ang sagot sa Santiago 1:5. Nahanap ko ang sa akin pagkaraan ng ilan pang talata.*

**Ni Angelica Nelson**

Alas-11:00 ng gabi, at nasa kuwarto na ako pagkatapos mamasyal kasama ang mga kaibigan ko sa hayskul. Alam kong mali ang mga desisyon ko nang gabing iyon. "Pero," katwiran ko, "hindi rin naman iyon gaanong masama."

Inis kong dinampot ang aking takdang-aralin. Pagod na pagod ako at gusto ko na lang matapos ito at matulog na. "Kailangan ko pang magbasa ng mga banal na kasulatan. Pero hindi na muna ako magbabasa ngayong gabi," naisip ko.

Sinimulan kong isipin ang lahat ng dapat kong gawin. Magbasa ng mga banal na kasulatan, pumunta sa early-morning seminary, magsimba at dumalo sa Mutual, makakuha ng matataas na marka, sumali sa iba pang mga aktibidad, maghanapbuhay . . . Marami pang iba.

Hirap na hirap na ako sa bawat aspeto ng buhay ko, lalo na't ako lang ang babaeng Banal sa mga Huling Araw sa aming paaralan. Paulit-ulit kong ipinaalala sa sarili ko na maaaring ako lang ang babaeng Banal sa mga Huling Araw na kilala ng mga kaibigan ko, kaya kinailangan kong maging mabuting halimbawa. Pero alam kong nakakagawa na ako ng mali.

"Sana wala rin akong iniintinding katulad ng mga kaibigan ko," naisip ko. Sana rin hindi ako nakonsiyensya nang pumunta ako sa isang party o nagsalita ng masama, pero ang totoo ay nakonsiyensya ako talaga. Parang nanghina ako nang gumawa ako ng mga pasiya na alam kong mali. Pero sa kung anong dahilan, patuloy ko itong ginawa.

Halos hatinggabi na nang matapos ko ang aking takdang-aralin. Limang oras na lang at tutunog na ang alarma ng orasan ko. Gigising ako, pipiliting pumunta sa seminary, at susubukang makaraos sa isa pang araw sa paaralan.

Pagkatapos ay bigla kong naisip. Hindi ko kailangang sundin ang lahat ng patakaran. Puwede akong hindi magsimba at magpunta sa seminary at Mutual kung gusto ko. Hindi komo nagpunta ang pamilya ko, pupunta na rin ako.

Para akong nakalaya. Nakahiga na ako sa kama at halos tulog na nang matindi kong nadama na magbasa ng mga banal na kasulatan. "Hindi," naisip ko. "Pagod na ako."

Muli ko iyong nadama. Sa pagkakataong ito naisip ko, "Siguro huli na ito."

Sa seminary sa taong iyon, pinag-aralan namin ang Bagong Tipan. Binuklat ko ang bahaging inipitan ko ng marker sa Santiago kabanata 1. Ito ang kabanatang nabasa ni Joseph Smith na nagtulak sa kanya na pumunta sa Sagradong Kakahuyan at ibuhos ang nilalaman ng kanyang puso sa Ama sa Langit. "Para namang sinadya," naisip ko. Nagbasa na ako.

Pamilyar sa akin ang talata 5: "Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo . . ." Pero ang talata 8 ang nagmulat sa mga mata ko nang gabing iyon. Sabi roon, "Ang taong may dalawang akala, ay walang tiyaga sa lahat ng kaniyang mga paglakad." Natigilan ako. Pagkatapos ay binasa ko itong muli.

Ganoon ako. Sinasabi ko na isa akong Banal sa mga Huling Araw, pero iba ang nakikita sa mga kilos ko. At kung nagpatuloy ako, anumang landas ang piliin ko, hindi ako magiging matatag at sigurado at samakatwid ay hindi masaya.

Kinailangan kong malaman kung totoo ang ebanghelyo. Kinailangan kong malaman kung sulit ang pagbangon ko nang alas-5:00 n.u. araw-araw para mag-aral ng ebanghelyo. Kinailangan kong malaman na sinisikap kong mamuhay na mabuti nang abot-kaya ko, kahit kung minsan ay kinutya ako, dahil ito ang talagang labis na nagpapaligaya at nagpapagalak sa akin.

Halos ala-1:00 na ng umaga iyon, pero lumuhod ako sa tabi ng kama at ibinuhos ang nilalaman ng puso ko sa aking Ama sa Langit. Hiniling ko sa

PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY



Kanya na tulungan akong malaman ang tama, na malaman kung aling landas ang tatahakin, na akayin ako at pawiin ang aking pagkalito.

Simple, malinaw, at payapang pumasok ito sa isip ko, "Alam mo na." At alam ko na nga.

Tumindig ako, isinara ang ilaw, at natulog. Apat na oras pa at tumunog na ang alarma. Inaantok pa, pinahinto ko ito. Isang minuto kalaunan gising na ako at naghahanda para sa panibagong araw, pati na sa early-morning seminary.

Maraming taon na ang lumipas mula nang mangyari ang napakagandang karanasang iyon sa hatinggabi. Patuloy pa ring lumalago ang aking patotoo. Kung minsan mas malakas ito kaysa ibang pagkakataon. Ang kaibhan ay alam ko na at hindi ko na iyon nilingon kahit minsan. ■



**Ni Pangulong Thomas S. Monson**

# ANG **MARANGAL** NA PAMANA SA ATIN NG MGA PIONEER

*Marami tayong matututuhan mula sa ating mga ninunong pioneer[, na] hinarap ang mga hirap at dalamhati nang may tapang at matatag na pananalig sa Diyos na buhay.*

## Ang Pagdurusa ng mga Pinoneer

"Ang unang paglalakbay noong 1847, na inorganisa at pinamunuan ni Brigham Young, ay inilarawan ng mga mananalaysay na isa sa kahanga-hangang bahagi ng kasaysayan ng Estados Unidos. Daan-daang Mormon pioneer ang nagdanas ng hirap at namatay sa sakit, sa pagkalantad sa init at lamig, o sa gutom. May ilan, sa kawalan ng mga bagon at kabayo, na talagang nilakad ang 1,300 milya [2,092 km] patawid sa kapatagan at kabundukan, na nagtutulak at naghihila ng mga kariton."[1]

## Nagpapasigla ng Pananampalataya

"Marami tayong matututuhan mula sa ating mga ninunong pioneer[, na] hinarap ang mga hirap at dalamhati nang may tapang at matatag na pananalig sa Diyos na buhay. . . . Ang mga kabataan at mga musmos ay kabilang sa libu-libong humatak at nagtulak ng mga kariton o tumahak sa landas ng mga pioneer, tulad nilang kabilang sa mga Banal sa ngayon na nangunguna sa kani-kanilang lugar sa buong mundo. Sa palagay ko bawat miyembro ng Simbahang ito ngayon ay naantig ng mga kuwento tungkol sa mga pioneer noon. Sila na nakagawa ng marami para sa ikabubuti ng lahat ay tiyak na naglayong bigyang-sigla ang pananampalataya. Nakamit nila ang mithiin sa kagila-gilalas na paraan."[2]

## Pagharap sa mga Paghihirap

"Nakaaantig ang pahayag sa mga lumang pahina ng maalikabok na journal ng isang pioneer: 'Yumukod kami sa mapakumbabang panalangin sa Diyos na Maykapal na may puspos ng pasasalamat sa aming puso sa Kanya, at inilaan namin ang lupaing ito sa Kanya para matirhan ng Kanyang mga tao.'

"Ganito ang paglalarawan ng isang lalaking bata pa noon sa mga bahay na di-maayos ang pagkakayari: 'Wala kahit anong uri ng bintana sa bahay namin. Wala ring pinto. Nagsabit lang ng lumang kubrekama ang nanay ko, na nagsilbing pinto sa unang taglamig. Ito na ang aming kuwarto, sala, pahingahan, kusina, silid-tulugan, lahat ay nasa kuwartong ito na mga 12 talampakan ang lapad at 16 ang haba [3.6 ang lapad at 4.9 m ang haba]. Paano kami nakatiis na lahat doon ay hindi ko alam. Naaalala ko na sinabi ng mahal kong matanda nang ina na walang reynang pumasok sa kanyang palasyo na mas masaya o nagkakapuri sa tirahan at mga pagpapala ng Panginoon kaysa kanya nang pumasok siya sa tapos na tirahan sa gilid ng burol.'

"Gayon ang mga pagsubok, paghihirap, pagpupunyagi, at dalamhati noong araw. Hinarap nila ang mga ito nang may tapang at matatag na pananalig sa Diyos na buhay."[3]

## Mga Pioneer Ngayon


"Pinupuri namin yaong mga nagtiis ng malaking hirap. Pinupuri namin ang kanilang mga pangalan at pinagninilayan ang kanilang mga sakripisyo.

"Ano naman sa panahon natin? Naranasan ba nating maging pioneer? Pagninilayan ba ng mga darating na henerasyon nang may pasasalamat ang ating mga pagsisikap, ang ating mga halimbawa? Kayong mga kabataan ay maaari talagang maging pioneer sa katapangan, sa pananampalataya, sa pag-ibig sa kapwa, sa determinasyon.

"Mapapalakas ninyo ang isa't isa; may kakayahan kayong pansinin ang

MULA SA ITAAS: MGA PAGLALARAWAN NINA MATTHEW REIER, JOHN LUKE, AT SA KAGANDAHANG-LOOB NG SANDY UTAH WILLOW CREEK STAKE; *MGA BAGON NA MAY TAKIP,* NI MINVERVA TEICHERT, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM









mga binabalewala. Kapag may mga mata kayong nakakakita, mga taingang nakaririnig, at mga pusong nakadarama, matutulungan at masasagip ninyo ang mga ibang kaedad ninyo."[4]

## Ang Pinakadakilang Pioneer

"Sa pagbuklat ng mga pahina ng kasaysayan sa mga banal na kasulatan mula simula hanggang wakas, makikilala natin ang pinakadakilang pioneer—maging si Jesucristo. Ang kanyang pagsilang ay ipinropesiya ng mga propeta noong araw; ang Kanyang pagsilang ay ipinahayag ng isang anghel. Ang Kanyang buhay at ministeryo ay nagpabago sa mundo. . . .

"Maraming ibig sabihin ang isang pangungusap sa aklat ng Mga Gawa: Si Jesus ay 'naglilibot na gumagawa ng mabuti . . . sapagka't sumasa kaniya ang Dios' (Mga Gawa 10:38). . . .

"Ang Kanyang misyon, ministeryo sa mga tao, mga turo ng katotohanan, pagpapakita ng awa, matibay na pagmamahal sa atin ang naghihikayat sa ating pasasalamat at umaantig sa ating puso. Si Jesucristo, ang Tagapagligtas ng mundo—maging ang Anak ng Diyos—ang pinakadakilang pioneer noon at ngayon, dahil Siya ang nauna, na nagpakita sa lahat ng iba pa ng daang susundan. Nawa'y lagi natin Siyang sundan."[5] ■

**MGA TALA**

1. "Come Follow Me," *Ensign,* Hulyo 1988, 2; tingnan din sa *Tambuli,* Nob. 1988, 2.
2. "Pagtuturo sa Ating mga Anak," *Liahona,* Okt. 2004, 4.
3. *Ensign,* Hulyo 1988, 4; tingnan din sa *Tambuli,* Nob. 1988, 3.
4. "Pioneers All," *Ensign,* Mayo 1997, 93.
5. "Ipinakita ng mga Espirituwal na Pioneer ang Daan," *Liahona,* Ago. 2006, 8.

# Pagtutulungan sa INDIA

**Nina Elder Charles at Sister Carol Kewish**
Mga Senior Missionary, Asia Area

Nang salantain ng matitinding unos at bagyo ang katimugang India noong Oktubre 2009, agad nagsikilos ang mga kabataan at young adult mula sa Hyderabad at Bangalore India District para tumulong na ibsan ang pagdurusa ng mga naapektuhan ng pagbaha.

Ayon kay President Prasada Gudey ng Hyderabad India District, "Napakaganda ng ginawa ng aming mga kabataang lalaki sa paghahatid ng pagkain at tubig sa mga nangangailangan. Naibigay na ang mga suplay at nakarating na sa lalawigan, ngunit hindi ito naipadala ng pamahalaan sa libu-libong biktima sa mahigit 200 refugee camp. Namukod-tangi ang ating mga miyembro na may suot na vest na Mormon Helping Hands sa kanilang mahusay na pamamahagi ng pagkain at tubig sa lahat."

Sinabi ng ilan sa mga kabataang lalaki at young adult na naglingkod na napakasaya at nakalulugod ang maglingkod. ■

***Ibaba:** Animnapung miyembro ng Simbahan ang nagpunta sa mga refugee camp sa hilagang Karnataka State. Nagdala sila ng mga kumot, trapal at mga panglinis sa katawan na ipinakete ng mga miyembro ng Simbahan. Bulalas ng isang binata, "Talagang masayang tumulong sa flood relief project na ito. Noon pa man ay gusto ko nang tumulong at maglingkod sa iba. Nagpapasalamat akong makapaglingkod. Napaluha ako nang makita ko ang mga taong nawalan ng lahat ng ari-arian nila dahil sa baha. Malaking pagpapala sa akin na matulungan ang mga kababayan ko."*





***Kanan:** "Tuwang-tuwa akong magkaroon ng pagkakataong mapaglingkuran ang aking kapwa. Magandang karanasan iyon sa akin, at marami akong natutuhan sa paggawa nito, at kasabay niyon ay masaya kaming makasama ang aming mga kaibigan sa pagpapakete ng mga pagkain at suplay na kailangan. Nadama ko ang pagmamahal ng Tagapagligtas at ang kapayapaan nang maglingkod ako sa iba." — Venus Armstrong*

*"Napakasaya ko na makatulong sa proyektong ito. Nakakatuwang malaman na tumutulong akong paglingkuran ang mga taong lubhang nangangailangan. Ipinagdasal ko na pagpalain ang mga tao." —Vishali Nakka*



*Itaas: "Nang sabihin ko sa mga kaibigan ko sa kolehiyo ang tungkol sa proyektong pangserbisyo, tuwang-tuwa sila para sa akin. Ipinaliwanag ko ang ginagawa natin at ibinahagi ko sa kanila ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Maganda ang pakiramdam ko habang tinutulungan ko ang mga tao sa proyekto. Pinupuri ko ang organisasyon ng Simbahan sa pagbibigay sa amin ng pagkakataong maglingkod." —Deepak Sharma*

*Kanan: "Ang sarap ng pakiramdam na makapaglingkod sa flood relief project. Tumulong akong magpintura at mamahagi ng mga pagkain. Malaking pagpapala sa akin ang makasama sa iba pang mga kapatid sa priesthood at makatulong at makapaglingkod sa mga taong lubhang nangangailangan." —Avinash Thomas*





## ALAM BA NINYO?

Itinuro ni Propetang Joseph Smith na ang isang tunay na Banal sa mga Huling Araw ay "dapat pakainin ang nagugutom, damitan ang hubad, tulungan ang mga balo, pahirin ang luha ng mga ulila, aliwin ang nagdurusa, sa simbahan mang ito, o sa iba pa, o sa walang kinabibilangang simbahan, saanman niya makita sila" (Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith [2007], 500). Dahil sa pagnanais nating paglingkuran ang iba, itinataguyod ng Simbahan ang mga proyektong tulong-pantao at pagpapaunlad sa iba't ibang dako ng mundo. Halimbawa, noong 2009:

- Nag-ambag ng 763,737 araw ng paggawa sa mga pasilidad na pangkapakanan ng Simbahan.
- Mahigit 8,000 misyonero ang naglingkod sa Welfare Services.

Sa pagitan ng 1985 at 2010, nakapagbigay na ang Simbahan ng tulong-pantao sa 178 bansa. Kabilang sa ilang partikular na proyekto ang mga sumusunod:

- Paglalaan ng tulong sa mga napinsala ng mga lindol sa Haiti, Indonesia, at Chile; ng tsunami sa Samoa; at ng bagyo sa Pilipinas.
- Paglalaan ng pondo para sa bakuna laban sa tigdas sa Africa.
- Pagpapadala ng 10.3 milyong pakete ng mga panglinis ng katawan, gamit ng sanggol, at kagamitan sa paaralan.
- Pamamahagi ng mahigit 61,000 tonelada ng pagkain; mahigit 13,000 tonelada ng suplay ng gamot; at mahigit 89,000 tonelada ng mga damit.

*Para sa iba pang impormasyon tungkol sa programang pangkapakanan ng Simbahan, tingnan sa www.providentliving.org.*

MGA LARAWANG KUHA NINA CHARLES AT CAROL KEWISH; LARAWAN NI JOSEPH SMITH NA IPININTA NI DAN WEGGELAND, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM



# ANG BASURA NG ISANG TAO AY KAYAMANAN NG IBA

*Ang isang aklat na may mga ginintuang letra sa pabalat ay naging kayamanan sa taong naghahanap ng katotohanan.*

**Ni Andrej Bozhenov**

Araw ng tag-init iyon sa aking misyon. Nilakad namin ng kompanyon ko ang lahat ng kalye ng St. Petersburg, Russia, sa pag-asang makahanap ng mga bagong investigator. Nang gabing iyon nakilala namin ang isang matandang lalaki malapit sa bahay namin at sinimulan namin siyang kausapin. Bagama't hindi siya nagpahayag ng interes sa ebanghelyo, kapwa namin naisip na bigyan siya ng Aklat ni Mormon. Sa loob ng aklat isinulat namin ang magagandang hangarin namin para sa kanya, ang aming patotoo, at numero kung saan kami makokontak.

Kalaunan nang gabi ring iyon, lingid sa aming kaalaman, isang binatang nagngangalang Ilya ang nasa labas kasama ang kanyang kapatid. Habang naglalakad sa kahabaan ng medyo naiilawang underground street, nakita ni Ilya ang kislap ng ginintuang letra sa pabalat ng isang aklat sa lupa. Nang yumukod siya para tingnan nang malapitan ang aklat, nabasa niya ang ginintuang mga letrang nakalimbag sa aklat—Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo. Pinulot niya ito at iniuwi.

Kinabukasan pinagnilayan namin ng kompanyon ko kung paano kami makakahanap ng mga bagong investigator. Pumasok ang mga ideya sa isipan ko: "Ginagawa namin ang lahat para makahanap ng mga bagong pagkakataon. Nasaan ang mga resulta? Siguro may kailangan kaming baguhin sa ginagawa namin."

Ilang sandali pa at tumunog ang telepono. Sinagot ko ito. Tanong ng tinig sa kabilang linya, "Elder ba ito? Nakita ko ang nawawala ninyong aklat sa subway crossing. Gustong ko itong ibalik sa inyo."

Agad akong sumulyap sa istanteng kinalalagyan ng mga banal na kasulatan ko. "Palagay ko hindi ko naiwala ang mga banal na kasulatan ko sa subway," sagot ko. "Hindi ko naiwala ang aking Aklat ni Mormon, pero sa inyo na lang iyan at basahin ninyo."

Sinabi ng binata na siya raw si Ilya at ipinaliwanag na lumaki siya sa Orsk, Russia, at nagpunta sa St. Petersburg para magtrabaho.

"Gusto kong malaman pa ang tungkol sa aklat na ito at sa inyong simbahan," wika niya. "Maaari ba tayong magkausap?"

Napatalon ako sa tuwa. Hindi karaniwang tumatawag ang mga potensyal na investigator para makipagkita at matuto pa tungkol sa Simbahan.

"Siyempre, puwede, Ilya!" masaya kong tugon.

Nang makausap namin si Ilya, nakinig siyang mabuti at nagtatanong. Natuwa kami dahil handang-handang siyang tanggapin ang ebanghelyo.

Minsan habang nagtuturo, binuklat ko ang kopya ni Ilya ng Aklat ni Mormon. Nang buklatin ko ang mga unang pahina, nasulyapan ko ang pamilyar na sulat-kamay—ang akin! Natanto ko na ito ang aklat na ibinigay namin sa matandang lalaki noong isang araw. Malinaw na itinapon ng lalaki ang aklat, na nakita naman kaagad ni Ilya. Laking pasasalamat naming magkompanyon dahil ipinasiya naming iwan ang aklat sa




PAGLALARAWAN NI ALLAN GARNS

matandang lalaki, kahit sa sandaling iyon ay hindi namin maintindihan kung bakit.

Hindi nagtagal nagpasiya si Ilya na sumapi sa Simbahan. Masigasig niyang sinimulang ibahagi ang mensahe ng ebanghelyo sa kanyang mga kamag-anak at kaibigan.

Nalaman ko na alam ng Ama sa Langit kung kailan handa ang isang tao na tanggapin ang Kanyang salita. Ang hinihingi lang Niya sa atin, bilang mga misyonero at miyembro ng Kanyang Simbahan, ay sundin ang Kanyang mga utos at sumang-ayon sa Kanyang kalooban sa paghahangad nating ibahagi ang ebanghelyo. Sa sitwasyong ito alam ng Diyos na bagama't binalewala ng orihinal na tumanggap ang kahalagahan ng aming Aklat ni Mormon, hindi naman ito babalewalain ni Ilya (tingnan sa 1 Nephi 19:7). ■

# Magpatuloy Ka Lang sa Paglangoy



Mahilig lumangoy ang labindalawang-taong-gulang na si Monica Saili. Isa siya sa pinakamahuhusay na batang manlalangoy sa New Zealand. Para siyang taong-isda.

Iyong tungkol sa isda ay malamang na hindi totoo. Ngunit ang tanging isa pang dahilan kung bakit napakahusay niya ay dahil napakasipag niyang magsanay.

Dalawang oras siya sa swimming pool tuwing Lunes, Miyerkules, at Biyernes nang alas-5:00 n.u. Tuwing Martes, Huwebes, at Sabado tumatakbo siya nang malayuan pagkagaling sa paaralan.

Ang pinakaayaw niyang estilo ng paglangoy ay ang butterfly stroke na isang kamay lang ang gamit, laging nakataas ang baba, at salit-salit ang kampay ng mga kamay kada 100 metro. "Talagang mangangalay ang mga balikat mo," wika niya.

Pero natutuhan niya na kapag nahihirapan siya, hindi pinadadali ng pagsuko ang buhay. Kasipagan ang lalong nagpapalakas sa kanya.

**Kasipagan at Mahihirap na Sandali**

Lahat ng kasipagang iyon ay nakatulong. Nagsimula siyang magkamit ng mga medalya sa edad na 10. Sa edad na 11 kasama na siya sa 10 pinakamahuhusay sa bansa na kaedad niya pagdating sa butterfly stroke. Sa edad na 12 napili siya para sa swimming camp sa pagpapahusay kasama ng pambansang koponan at napiling lumangoy sa Oceania Games sa Samoa laban sa mga manlalangoy ng ibang mga bansa.

Sabi niya, "Laging sinasabi ng tatay ko, 'Kaakibat ng tagumpay ang kasipagan. Hindi iyan dumarating sa iyo nang walang hirap.' "

Nalaman ni Monica na totoo iyon sa paglangoy, at nalaman niya na totoo rin iyon sa buhay nang biglang mamatay ang kanyang ama ilang buwan pagkaraan ng kanyang ika-11 kaarawan.

"Malapit na malapit ako sa tatay ko," sabi ni Monica. "Siya ang naghikayat sa aking lumangoy. Sinamahan niya ako sa lahat ng praktis at paligsahan ko. Nang mamatay siya, pakiramdam ko wala na akong makakausap."

**Huwag Sumuko**

Nahirapan siyang mawalan ng ama. Pero hindi sumusuko si Monica sa mahihirap na praktis, kaya nang mamatay ang kanyang ama, hindi rin niya isinuko ang

MGA LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON



*Natutuhan ni Monica Saili na ang pagsuko kapag nahihirapan ay hindi pinadadali ang buhay.*






**HUWAG SUMUKO!**

"Paminsan-minsan ay mahirap ang buhay para sa bawat isa sa atin. Huwag panghinaan ng loob. Huwag sumuko. Hanapin ang sikat ng araw sa likod ng mga ulap."

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "The Continuing Search for Truth," *Tambuli,* Peb. 1986, 9.**

***Sa tulong ng kanyang ina, nalagpasan ni Monica ang mga pagsubok. Natutuhan niya na hindi hadlang ang mga pagsubok para lumigaya siya.***



kanyang pananampalataya sa Ama sa Langit.

"Ang tatay ko ang halimbawa ko," wika niya. "Tinuruan niya ako kung paano ipamuhay ang ebanghelyo."

Mula nang mamatay ang kanyang ama nagbabasa na ng mga banal na kasulatan si Monica bago matulog sa gabi, "para makagawian ko ito," wika niya. Pinaninindigan niya sa paaralan ang kanyang mga pinaniniwalaan. "Maraming nagtatanong sa akin tungkol sa Simbahan," wika niya. At naglilingkod siya bilang ward music director.

"Mapalad akong maging miyembro," sabi ni Monica. "Napapanatag ako kapag lubha akong nababagabag."

## Mas Malakas sa Huli

Nangungulila pa rin si Monica sa kanyang ama. Ngunit sa tulong ng kanyang ina at pamilya, nagpatuloy siya sa buhay.

Naging abala siya sa pag-aaral ng piyano at biyolin, sa mga student council meeting, sa paglangoy, sa paggawa ng Pansariling Pag-unlad, at pagkumpas tuwing sacrament meeting.


Hindi pa niya alam kung hanggang saan siya dadalhin ng kanyang paglangoy o hanggang kailan niya ito gagawin. Ngunit kung ebanghelyo ang pag-uusapan, determinado siyang ipamuhay ito hanggang wakas.

"Kung minsan mahirap ang buhay," sabi ni Monica. "Ngunit ang paggawa ng mahihirap na bagay ay mas magpapalakas sa atin." Basta magpatuloy ka lang sa paglangoy." ■

**Para makita ang iba pang mga retrato mula sa kuwentong ito, bisitahin ang www.liahona.lds.org.**

# Bakit mahalagang maglingkod sa kapwa?

*Mula sa "Hindi Makasariling Paglilingkod,"* Liahona, *Mayo 2009, 93–96.*



*Nagbahagi si Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol ng ilang ideya tungkol sa paksang ito.*





Sa pagtanggap ng sakramento tuwing Linggo, pinagtitibay natin ang ating pangako na paglilingkuran ang Panginoon at ang ating kapwa.

Ibinigay ng ating Tagapagligtas ang Kanyang sarili sa di-makasariling paglilingkod. Itinuro Niya sa bawat isa na dapat natin Siyang Sundin sa pamamagitan ng pagwawaksi sa ating sarili ng makasariling interes upang makapaglingkod sa iba.




Mas maligaya tayo at mas nasisiyahan kapag tayo ay gumagawa at naglilingkod dahil sa ating maibibigay, hindi dahil sa matatanggap natin.



Itinuro ni Jesus na tayong sumusunod sa Kanya ay dapat maging mahalaga at natatangi, na tatanglaw sa lahat ng tao.

MGA PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Gagabay sa Iyong Pag-uwi

Nais ng ating mapagmahal na Ama sa Langit ang bawat espiritung anak Niya na makabalik na muli sa Kanya. Isinugo Niya ang Kanyang Anak na si Jesucristo, upang ligtas tayong makapaglakbay. Naglagay Siya ng mga gabay at tagasagip upang tulungan ang Kanyang mga anak sa daan. Ang mga magulang, kapatid, lolo’t lola, tiya, at tiyo ay malalakas na gabay at tagasagip.

Ang mga lider din sa Primary ay tumutulong sa paggabay sa mga bata. Isang babae, noong bata-bata pa, ang nasa Primary general board na tumulong sa paglikha ng sawikain ng CTR. Nagturo siya sa Primary ng kanyang ward hanggang sa halos 90 taong gulang na siya. Dama ng maliliit na bata ang pagmamahal niya sa kanila. At higit sa lahat, dahil sa kanyang halimbawa natutuhan nilang madama at makilala ang Espiritu Santo.



Isang hapon, inihatid ng asawa ko ang aming panganay na anak sa bahay ng isang babaeng tinuturuan siyang magbasa. Ako ang susundo sa kanya pag-uwi ko mula sa trabaho.

Natapos nang maaga ang aralin niya kaysa inaasahan namin. Tiwala siya na alam niya ang daan pauwi. Kaya naglakad na siya. Matapos siyang makapaglakad nang halos kalahating milya (0.8 km), gumagabi na. Malayung-malayo pa siya sa bahay.

Nanlabo ang mga ilaw ng mga kotseng nagdaraan dahil sa kanyang mga luha. Naisip niya na kailangan niya ng tulong. Kaya’t nilisan niya ang kalsada at naghanap ng lugar na luluhuran.

Sa mga palumpong, naririnig niya ang mga boses na papalapit sa kanya. Dalawang kabataan ang nakarinig sa kanyang pag-iyak.



Sabi nila, “May maitutulong ba kami sa iyo?” Sinabi niya sa kanila na naligaw siya at gusto na niyang umuwi. Nagtanong sila kung alam niya ang numero ng telepono o address sa bahay nila. Hindi niya alam. Isinama siya nila sa kalapit na lugar kung saan sila nakatira. Nahanap nila ang pangalan ng pamilya namin sa direktoryo ng telepono.

Nang matanggap ko ang tawag, dali-dali akong nagpunta para tumulong, at nagpasalamat na may mabubuting taong inilagay sa kanyang daan pauwi. At lagi akong nagpasasalamat na naturuan siyang manalangin nang may pananampalataya na darating ang tulong kapag siya ay naligaw.

Pinatototohanan ko na kayo at bawat anak ng Diyos ay mahal ng Panginoon. Kapag sinunod ninyo ang inspiradong tagubilin dito sa totoong Simbahan ni Jesucristo, kayo ay makararating nang ligtas sa ating tahanan sa piling ng Ama sa Langit at ng Tagapagligtas. ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2010.*

MGA PAGLALARAWAN NI JENNIFER TOLMAN; LARAWANG KUHA NI ROBERT CASEY



## GABAY MULA SA CTR

Ikinuwento ni Pangulong Eyring ang isang guro sa Primary na tumulong sa paglikha ng sawikain ng CTR: Piliin ang Tama. Ang sawikaing ito ay nakatulong na gabayan ang mga bata sa pagpili ng tama sa maraming taon. Ang mga singsing na makikita rito ay nasa wikang Aleman, Finnish, Ingles, Pranses, at Italyano.

## SINO ANG INYONG MGA GABAY?

Sinabi ni Pangulong Eyring na naglagay ang Ama sa Langit ng mga gabay at tagasagip sa mundo na tutulong sa mga bata na makabalik sa kanya. Maaari ninyong idrowing ang ilan sa mga taong ibinigay sa inyo ng Ama sa Langit para gabayan kayo. O sulatan ang isa sa mga taong ito para pasalamatan siya sa isang bagay na naitulong niya sa inyo.

ISANG PINUNO NG SIMBAHAN O IBA PANG MIYEMBRO NG SIMBAHAN



ISANG MAGULANG O KAPAMILYA



ISANG GURO



ISANG MAGULANG O KAPAMILYA



*Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito upang malaman ang iba pa tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.*

# Ang Templo ay Bahay ng Diyos

*"Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga taong makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo").*

**Nina JoAnn Child at Cristina Franco**

Ano ang pakiramdam ninyo kapag nakikita ninyo ang kagandahan ng templo? Pumapasok ba sa inyong isipan ang mga salitang ito: "Templo'y ibig makita. Doon ay pupunta"?

Kung minsan kapag kinakanta ng mga bata ang awiting "Templo'y Ibig Makita,"[1] hinahangad nilang makita ang templo balang araw, ngunit hindi nila nauunawaan kung bakit may mga templo, ano ang ginagawa sa loob ng templo, o ano ang dapat nilang gawin para makapasok sa loob. Alamin natin ang iba pa tungkol sa templo.

### Bakit may mga templo?

Sabi ng Panginoon, "Magtayo ng bahay sa aking pangalan, para sa Kataas-taasan upang manahanan doon" (D at T 124:27). Ang Espiritu ng Panginoon ay nananahan sa Kanyang mga templo. Ang templo ay bahay ng Diyos. Ito ang lugar kung saan tayo gumagawa ng mga tipan (o mga pangako) sa ating Ama sa Langit. Kung tinutupad natin ang ating mga tipan, makakapiling natin Siyang muli.

### Ano ang ginagawa sa loob ng templo?

Lahat ay kailangang mabinyagan upang makabalik sa Ama sa Langit. Marami sa mga anak ng Ama sa Langit ang namatay nang hindi nabibinyagan. Kapag 12 taong gulang na kayo, maaari na kayong binyagan sa templo para sa mga taong iyon para makamtan nila ang gayon ding mga pagpapala.

Sa templo tumatanggap din tayo ng endowment, o kaloob. Ang kaloob na ito ay pangako na kung sumusunod tayo sa mga utos, magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan.

Sa templo maaaring ibuklod ang mag-asawa bilang pamilya para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Ibig sabihin kung mananatili silang karapat-dapat, mag-asawa sila magpakailanman at makakapiling ang kanilang mga anak bilang walang hanggang pamilya.

Lahat ng ginagawa sa templo ay sa pamamagitan ng priesthood, o awtoridad, ng Diyos.

### Paano ako maghahanda para makapasok sa templo balang araw?

Para makapasok sa templo, dapat ay 12 taong gulang ka man lang. Dapat ay nabinyagan at nakumpirmahan ka. Dapat ay naniniwala ka sa Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. Dapat ay naniniwala ka sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Dapat ay ipinamumuhay mo ang mga utos ng Ama sa Langit. Iinterbyuhin ka ng iyong bishop o branch president para matiyak na karapat-dapat kang makapasok sa templo, at tatanggap ka ng temple recommend na ipapakita sa templo. Ang pagkakaroon ng recommend ay nangangahulugan na namumuhay ka sa paraang nararapat para makapasok ka sa loob.

Kapag nanatili ka sa landas na maghahantong sa iyo sa templo, magiging handa kang pumunta roon upang "Espiritu'y daramhin, alay ko'y dalangin. Pagkat templo'y tahanan ng Diyos, kagandaha't pag-ibig."[2] ■



**MGA TALA**


1. "Templo'y Ibig Makita," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 99.
2. Templo'y Ibig Makita," 99.

LARAWAN NG BERN SWITZERLAND TEMPLE NA KUHA NI CHRIS WILLS; MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

## AKTIBIDAD

Tingnan ang dalawang larawan. Aling pamilya ang handang magpunta sa open house ng templo? (1) Sa unang larawan, bilugan ang mga bagay na tumutulong sa pamilya na makapaghandang magpunta sa templo. (2) Sa isa pang larawan, bilugan ang mga bagay na kailangang baguhin ng pamilya para makapaghandang magpunta. (3) Mag-isip ng dalawang bagay na magagawa ninyo para makapaghanda sa pagpunta sa templo kapag malaki na kayo. Isulat ang mga bagay na iyon sa ilalim ng mga larawan.





Ang isang bagay na gagawin ko para makapaghandang magpunta sa templo ay ______________________________ .

Ang isang bagay na gagawin ko para makapaghandang magpunta sa templo ay ______________________________ .

# Araw ng mga Pioneer sa Tahiti

Ni Michael Moody

Mahal ng mga bata sa Papeete Tahiti Stake ang mga pioneer! Nagtipon sila kasama ang kanilang mga magulang para sa aktibidad sa Araw ng mga Pioneer para parangalan ang mga pioneer na naglakbay sa Salt Lake Valley noong 1847.

Gumawa ng bagon na pang-pioneer ang bawat ward—ang ilan ay ginawang may mga gulong ng bisikleta at ang isa ay may mga kabayong gawa sa karton. Nagparada ang mga bata, naglaro ng mga laro ng pioneer, at kumain ng masasarap na pagkain.

Ang Araw ng mga Pioneer ay isa ring espesyal na araw para alalahanin ang mga tao sa bawat bansa na tumanggap sa ebanghelyo at tumulong na ituro ito sa iba. Lahat ng taong ito ay mga pioneer din! ■



*Ang pamilyang ito ay magkakaterno ang bunete, epron, at suspenders.*

*Hinila ng mga batang lalaki ang may takip na bagon ng kanilang ward sa parada.*





*Ang ilan sa mga batang babae ay nagsuot ng mga palda at buneteng pang-pioneer.*

*Ang ilan sa mga batang lalaki ay nagsuot ng sumbrero at bandana.*

MGA LARAWANG KUHA NI MICHAEL MOODY

# **Ang Ating** Pahina



***Si Marcia V., edad 5, mula sa Peru, ang ipinagmamalaki at galak ng kanyang mga magulang na sina Patricia at Raul. Siya ay nasa klase ng CTR sa Primary, at may CTR ring siya. Gusto niyang kulayan ang mga larawan sa* Liahona*, at ang paborito niyang himno ay "Ako ay Anak ng Diyos."***

***Gusto niyang tumulong sa pag-aalaga ng maliliit na bata, at tinutulungan niya ang kanyang guro sa pagbubura ng pisara. Tumutugtog siya ng biyolin. Gusto ni Marcia ang family home evening at gusto niyang magsimba. Mahal niya ang Ama sa Langit at alam niyang mahal din Niya siya.***

I-e-mail ang inyong drowing, retrato, karanasan, patotoo, o liham sa liahona@ldschurch.org, na nakasulat ang "Our Page" sa subject line. Kailangang isama sa bawat isinumite ang buong pangalan ng bata, kasarian, at edad pati na pangalan ng magulang, ward o branch, stake o district, at sulat-kamay na pahintulot ng magulang (tinatanggap ang e-mail) na gamitin ang retrato at isinumite ng bata. Ang mga isinumite ay maaaring iedit para linawin o paikliin.



**Guillermo T., edad 8, Venezuela**



**Sarah D., edad 6, Brazil**



**Jair O., edad 10, Peru**

PAGLALARAWAN NG BAGON SA KAGANDAHANG-LOOB NG 2010 CHILDREN'S ART EXHIBIT

### ISANG WALANG HANGGANG PAMILYA

Noong Agosto 23, 2008, ibinuklod ang pamilya ko sa Salt Lake Temple sa Utah. Ito ay isang pangarap namin na natupad. Naglakbay kami sa kabilang panig ng daigdig—mahaba at nakapapagod ang biyahe, pero sulit ito. Pagdating namin sa Utah, gabi na, at ang unang ginawa namin ay puntahan ang templo. Napakaganda nito sa gabi dahil natatanglawan ito ng mga ilaw. Makalipas ang dalawang araw ibinuklod kami. Ang kababaihang nag-aalaga sa mga bata sa templo ang tumulong sa aming magkapatid na magbihis ng puting kasuotan. Pagkatapos pinuntahan namin ang aming mga magulang. Para akong makikipagkita kay Jesus. Napakasaya namin na nabuklod kami! Alam ko na ngayon na maaari kong makapiling ang aking pamilya magpakailanman.

**Dean F., edad 5, Sri Lanka**



# Ang Tungkulin

*"Magtayo ng bahay sa aking pangalan, maging sa lugar na ito, upang inyong mapatunayan ang inyong sarili sa akin na kayo ay matapat sa lahat ng bagay sa anumang aking inuutos sa inyo" (D at T 124:55).*

**Ni Corine Pugh**

Batay sa tunay na kuwento ng pioneer na si John Carling

"Isaac, Isaac." Tinig iyon ng kanyang ina. "Kailangan ka ng tatay mo sa kural."

Nag-angat ng ulo si Isaac at tumanaw sa bintana. Tama nga, pasikat na ang araw, at ibig sabihin niyan oras na para magtrabaho. Bumalikwas si Isaac sa kama at inabot ang kanyang kamiseta. Naririnig na niya ang unga ng mga baka.

Paglabas niya sa pintuan ng kusina, nakita niyang akay ng Papa niya ang matandang si Taurus palabas ng tarangkahan.

"Saan po kayo pupunta nang ganito kaaga, Papa?" tanong ni Isaac.

"Diyan lang sa labas ng bakod. Hawakan mo ang timba ng butil para hindi gumalaw si Taurus."

Umungol ang baka, na parang nagtatanong, "Ano ang nangyayari ngayong umaga?" Ngunit nang ipuwesto na ni Isaac ang timba sa ilalim ng ilong ni Taurus, tumahimik ito at sinimulang dilaan ng kanyang mahabang dila ang mga butil. Habang kumakain ang baka, itinaling mabuti ni Papa ang suga sa bakod.

Paglabas ni Mama sa pintuan sa harapan, sabi sa kanya ni Papa, "May espesyal akong gagawin, Emeline. Maaari mo bang dalhin sa akin ang malapad na lapis na nakapatong sa mesa?"

Nang iabot na ni Mama ang lapis, naglatag si Papa ng ilang karton sa lupa. Matapos tingnang mabuti si Taurus, nagsimula siyang magdrowing sa makinis na dilaw na kahoy.

"Ano po ang ginagawa ninyo, Papa?" tanong ni Isaac.

"Binigyan kami ni Brother Fordham ng mahalagang gawain para sa templo," paliwanag ni Papa. "Tutulong kami sa paggawa ng 12 estatwang baka na papatungan ng bautismuhan. Idinodrowing ko ang padron, at si Taurus ang aking modelo."

Nang marinig ang kanyang pangalan, nag-angat ng ulo si Taurus, at saka binalikan ang kanyang almusal.

Pinanood ni Isaac ang kanyang ama na nagguguhit ng mahahaba at malalapad na linya. "Nagiging kamukha na ni Taurus," sabi ni Isaac. "Pero bakit po siya ang pinili ninyo?"

"Dahil siya ang pinakamalakas at pinakamagaling na bakang nakita ko. Nakita mo na ba ang tindig niya? Parang alam niya kung gaano siya kahalaga. Masunurin din si Taurus."

"Napakaespesyal na tungkulin po ng proyektong ito, Papa. Hindi po ba?"

"Oo, Anak, tama ka. Nagpapasalamat ako dahil pinatulong ako."


Hinimas ni Isaac ang leeg ni Taurus. Nararamdaman niya ang matitigas na kalamnan ng baka. "Isang karangalan iyan para sa iyo, Taurus," bulong niya.

Mabilis na natapos ni Isaac ang kanyang gawain. Ginawa pa niya ang karaniwang dalawang dosenang sipit ng damit na yari sa kahoy nang mas mabilis kaysa rati. Alam niya na kapag natapos siya ay may panahon pa siyang gawin ang gusto niya.

Ngayon ay gustong magdrowing ni Isaac. Pinayagan siya ng kanyang mga magulang na magdrowing sa may dapugan, gamit ang uling na mula sa sunog na kahoy. Madaling mabura ang uling, at magagamit niya ito sa pagguhit ng malalapad o makikitid na linya.

Habang idinodrowing ni Isaac si Taurus, naisip niya ang kanyang ama at ang magandang templong itinatayo sa Nauvoo. Kung si Isaac ay malakas at masunuring tulad ni Taurus, siguro pipiliin din siya ng Panginoon na gumawa sa templo, gaya ng kanyang ama. ■





"Ibahagi ang inyong mga talento, dahil ang bagay na handa nating ibahagi, ay mananatili sa atin."

**President Thomas S. Monson, "The Spirit of Relief Society," *Ensign,* Mayo 1992, 101.**



PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN

# Magkakasama **Magpakailanman**

**Ni Rebecca Cornish Talley**


Batay sa tunay na buhay

*“Kanyang ibabaling ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga ama”* (3 Nephi 25:6).

**1.** Bago inilaan ang templo malapit sa bahay nila, niyaya ni Olivia ang kanyang lola na sumama sa kanya sa open house ng templo.




**2.**




**3.**














MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK

## PAGTATAYO NG TEMPLO


Inabot ng 40 taon ang mga unang naninirahan sa Salt Lake Valley sa pagtatayo ng Salt Lake Temple. Sa tulong ng isang nakatatanda, gupitin ang mga bahaging ito ng templo at buuin ang mga piraso para makagawa ng isang modelo.





1




4




7




6




2




8



3




5



KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NI THOMAS S. CHILD

# NAKATAGONG LARAWAN SA TEMPLO


Ang pamilyang ito ay masayang magkasama-sama sa bakuran ng templo. Tingnan kung makikita ninyo ang sumusunod na mga bagay sa larawang ito: CTR ring, bagon na may bubong, sacrament cup, mga laminang ginto, himnaryo, tinapay, pedigree chart, beehive.




KANAN: PAGLALARAWAN NI ADAM S. KOFORD

# Mga Conference Spotlight Card

*Maaari mong gupitin ang mga kard na ito at gamitin upang ipaalala sa iyo ang maaari mong matutuhan sa pangkalahatang kumperensya.*




"Mga bata kong kaibigan . . . , palaging tanawin ang templo. Huwag gumawa ng anumang bagay na hahadlang sa pagpasok ninyo sa mga pintuan nito at sa pagtanggap ng sagrado at walang hanggang mga pagpapala roon."

**Pangulong Thomas S. Monson**



"Napakagandang maging isang Kristiyano at mamuhay bilang tunay na disipulo ni Cristo."

**Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol**



"At mula sa inaakala ninyong maliit na pagpili, aakayin kayo ng Panginoon sa kaligayahang nais ninyo. Sa inyong mga pagpili ay mapagpapala Niya ang marami pang tao."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan**




"Sa pamamagitan ng ating taos-pusong kabaitan at paglilingkod, maaari nating maging kaibigan ang mga taong ating pinaglilingkuran. Mula sa mga pagkakaibigang ito ay magkakaroon ng mas mabuting pag-unawa sa ating katapatan sa ebanghelyo at hangaring alamin pa ang tungkol sa atin."

**Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol**



"Huwag hayaang lumipas ang maghapon nang hindi kumikilos ayon sa mga paramdam ng Espiritu."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan**



"Hindi natin nakikita ang Ama, ngunit maaari nating marinig ang Kanyang tinig upang mabigyan tayo ng lakas na kailangan natin upang mapagtiisan ang mga pagsubok ng buhay."

**Jean A. Stevens, Unang Tagapayo sa Primary General Presidency**



"Naparito kayo sa mundo sa panahong ito, . . . at itinakda na ng kamay ng Panginoon na ihanda ang daigdig para sa Kanyang maluwalhating pagbabalik. Panahon ito ng magagandang oportunidad at mahahalagang responsibilidad. Ito ang inyong panahon."

**Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol**



"Hindi kayo nag-iisa. . . . Kapag tinupad ninyo ang inyong mga tipan, gagabayan at pangangalagaan kayo ng Espiritu Santo. Palilibutan kayo ng hukbo ng mga anghel sa langit."

**Elaine S. Dalton, Young Women general president**

## Naghahanap ang Simbahan ng mga Kasaysayan ng mga Makabagong Pioneer

**Ni Hikari Loftus**
Mga Magasin ng Simbahan

Kapag iniisip ng mga miyembro ng Simbahan ang mga pioneer, ang karaniwan nilang iniisip ay yaong mga naglakbay patungong kanluraning Estados Unidos na sakay ng bangka o naglakad noong ika-19 na siglo.

Maaaring hindi alam ng marami na sila ay mga pioneer sa ngayon.

Kasalukuyang naghahanap ang Church History Department ng mga kasaysayan ng mga makabagong pioneer. Bagama't tinatanggap ng departamento ang lahat ng isinumiteng personal na kasaysayan, mas interesado ito sa mga kasaysayan ng mga nabinyagan, mga taong nakatira sa isang lugar na pinagtatayuan o pinagtayuan na ng isang bagong templo, mga misyonerong naglilingkod sa bagong mission, at mga taong ipinamumuhay ang ebanghelyo kahit wala silang kasamang iba pang mga Banal sa mga Huling Araw.

"Ang mga personal na kasaysayan ng iba ay makakatulong sa mga dumanas ng kanilang naranasan o tumira sa lugar na kanilang tinirhan o nabuhay sa kanilang panahon," sabi ni Brad Westwood, manager of acquisitions sa Church History Department.

Ang mga personal na kasaysayan ay maaaring buong kasaysayan ng buhay o baha-bahagi nito, tulad ng mga alaala sa misyon, mga personal na karanasan bilang magulang, o iba pang mga partikular na kuwento tungkol sa isang mahalagang kaganapan, sabi ni Brother Westwood.

"Naniniwala tayo na lahat ng anak ng Diyos ay pantay-pantay sa Kanyang paningin," sabi ni Brother Westwood. "Lahat tayo ay may mahalagang kuwentong isasalaysay—dumaranas tayong lahat ng pagsubok sa mundong ito, at alam natin na nakakatulong ang kasaysayan sa pagkakaroon ng patotoo."

Isandaang taon mula ngayon, sabi ni Brother Westwood, maaaring mabasa ng isang taong walang sariling talaan ng kasaysayan ng kanyang pamilya ang sa inyo at sabihing, "Ganito pala kapag nabinyagan ka."

Kapag nalaman ng mga tao ang tungkol sa kanilang mga kamag-anak o iba pang mga pioneer—kabilang na ang mga paghihirap na



LARAWAN SA SCREEN MULA SA VIDEO NI JOSEPH MILLETT

***Ang isang maikling pelikula tungkol sa buhay ni Joseph Millett, na makukuha sa Ingles sa news.lds.org, ay kuwentong nagpapalakas ng pananampalataya na mapapanood ngayon dahil naingatan ito sa mga personal na kasaysayan.***

dinanas nila, at mga aral na natutuhan nila, at karunungang natamo nila—makakakita sila ng payo at tulong para sa sarili nilang buhay.

Kapag isinumite ang isang kasaysayan sa aklatan, ikinakatalogo ito at matitingnan at mababasa ng mga bumibisita. Ang mga manuskrito o aklat ay nakalagak sa Church History Library na kontrolado ang temperatura, na nangangalaga sa preserbasyon nito.

Narito ang payo ni Brother Westwood sa mga nag-iisip magpadala ng kanilang mga personal na kasaysayan sa Church History Library:


*Magsulat para mabasa ng publiko.* Bagama't magandang pagkunan ng kasaysayan ang mga diary at journal, kadalasan ay tungkol ito sa mga kaganapan sa araw-araw at sa personal na kurukurong hindi laging angkop na mabasa ng publiko. Kung minsan ay ipinapahamak nito ang pribadong buhay ng isang tao. Kung may impormasyon sa mga kasaysayan na makakasira sa reputasyon ng isang tao, tatanggapin ang mga ito ngunit hindi mababasa ng publiko.

*Isulat sa mga yugto at kabanata ang inyong mga kuwento.* Kadalasan, ang pagsisikap na magsimula sa mga unang alaala noong bata pa kayo at pagsaklaw sa lahat ng bagay hanggang sa kasalukuyan ay napakahirap gawin. Magsimula sa paisa-isang kuwento. Halimbawa, magsimula sa pagsulat lamang tungkol sa inyong misyon. Kapag natapos ito, isulat naman ang iba pang yugto ng inyong buhay.

*Gumamit ng mahahalagang sanggunian.* Kung may liham kayo, kopyahin ito o ilagay sa isang aklat. Kung may retrato kayo, isama ito. Kung gumamit kayo ng impormasyon mula sa isang aklat, itala ito. Maaaring gumamit ng mga scrapbook sa personal na kasaysayan. Gayunman, ang mga gumagawa ng mga scrapbook ay karaniwang hindi nagbibigay ng detalye o nagsusulat tungkol sa mga kaganapang nakalarawan sa mga retrato, sabi ni Brother Westwood. Iminumungkahi niya na bigyan ng ilang minuto ang pagsusulat tungkol sa kaganapan sa mga retratong inilagay sa scrapbook.

*Konsultahin at interbyuhin ang iba.* "Karaniwan ay iniisip natin ang ating personal na kasaysayan sa sarili nating pananaw, ngunit kapag nakakuha tayo ng mas maraming impormasyon, mas magiging makabuluhan ito," sabi ni Brother Westwood. Ang pag-iinterbyu sa ibang tao ay nagdudulot ng bagong pananaw at makakatulong para mapaganda ninyo ang inyong kasaysayan.

*Magsulat tungkol sa mga espirituwal na karanasan, mahahalagang sandali, at pangunahing bagay, tao at kaganapan.* "Gusto ng mga tao ang isang kuwentong maganda ang pagkasalaysay," sabi ni Brother Westwood. Magsulat ng mga karanasang may simula, gitna, at wakas. "Huwag sumulat ng 60 pahina tungkol sa inyong buhay bago kayo nag-dalawang taong gulang. Malamang na hindi ninyo isulat ito, at hindi ito babasahin ng mga tao."



© 2006 DAVID STOKER

***Ang mga personal na kasaysayan ay makakatulong sa iba na mapalakas ang kanilang pananampalataya.***

*Magsulat tungkol sa mga bagay na gustung-gusto ninyo.* Iminungkahi ni Brother Westwood na sa halip na isulat nang sunud-sunod ang mga pangyayari sa inyong buhay, maaari ninyo itong isulat ayon sa tema o paksang kinawiwilihan ninyo.

Ang pinakamahalaga, hindi dapat magsumite ang mga miyembro ng kasaysayang personal o pampamilya sa Simbahan nang hindi muna ito ipinababasa sa mga kapamilya, dahil dapat itong magpalakas sa pamilyang pinagmulan nito.

Naniniwala si Brother Westwood na ang mga naglalaan ng oras para itala ang personal nilang kasaysayan, na tapat na isinusulat ang masasama at mabubuting panahon ng kanilang buhay, ay makikita ang kamay ng Panginoon sa kanilang buhay at mag-iiwan ng pamana at mga alaalang magpapalakas sa kanilang pamilya at iba pang mga miyembro ng Simbahan.

Kung kayo ay isang makabagong pioneer at gusto ninyong ibahagi ang inyong mga karanasan, isumite ang inyong kasaysayan sa Church History Department.

Maaari ninyong ipadala sa koreo ang inyong kasaysayan sa: Church History Library, 15 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150-1600, USA, Attention: Acquisitions.

Ang personal na paghahatid nito ay maaaring gawin mula alas-9:00 n.u. hanggang alas-5:00 n.h., Lunes hanggang Biyernes.

Maaari din niyong i-email ang inyong kasaysayan sa ChurchHistoryAcquisitions@ldschurch.org o tumawag sa Church History Acquisition call center sa 1-801-240-5696. ■




***Sa kanyang paglalakbay sa South Korea, ipinaalala ni Elder Quentin L. Cook sa mga Banal sa mga Huling Araw na ang ebanghelyo ay naghahatid ng galak at kapayapaang hangad natin. Ang karagdagang mga larawan ay makikita sa news.lds.org.***

## Dapat Maging Pinakamahusay na Henerasyon ang mga Young Adult, Sabi ni Elder Perry

"Nakita ko ang matinding espirituwal na lakas ng mga young adult ng Simbahang ito," sabi ni Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol sa Church Educational System fireside broadcast para sa mga young adult noong Marso 6, 2011. "Alam ko ang inyong kakayahan."

Nagturo siya ng apat na bagay na tutulong sa mga young adult na maabot ang kanilang potensyal at matulungan ang iba na manampalatayang muli kay Cristo: araw-araw na panalangin, araw-araw na pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagkamarapat sa templo, at araw-araw na paglilingkod.

"Kayo ang henerasyong inilaan ng Panginoon para sa panahong ito. . . . Hinahamon ko kayo na maging 'pinakamahusay na henerasyon,'" sabi ni Elder Perry.

Basahin, pakinggan, o panoorin ang mensahe sa iba't ibang wika sa institute.lds.org. Mag-klik sa **CES Firesides**, pagkatapos ay pumili ng wika.

## Ang Ebanghelyo ay Naghahatid ng Galak, Sabi ni Elder Cook sa mga Banal sa Asya

Mula Pebrero 12 hanggang 20, 2011, binisita ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga Banal sa Korea at Japan.

Itinuro niya sa mga miyembro sa Seoul, Korea, na dapat tayong magpasalamat sa mga bagay na mayroon tayo sa halip na magtuon sa mga bagay na wala tayo. Ipinaalala niya sa kanila na ang ebanghelyo ay naghahatid ng galak, ligaya, at kapayapaang hangad nating lahat.

Nakaharap din ni Elder Cook ang mga mamamahayag mula sa ilang pahayagan para sa interbyu.

Naglaan ng panahon si Elder Cook para turuan, payuhan, at sagutin ang mga tanong ng mga misyonero sa Korea Daejeon Mission at lumahok sa kumperensya sa pamumuno ng priesthood para sa Korea Daejeon Mission area.

Natapos ang pagbisita sa pakikilahok ni Elder Cook sa isang stake conference na ginanap sa Cheongju Korea Stake, ang unang pagbisita ng isang Apostol sa stake.

Nakilahok din si Elder Cook sa kumperensya sa pamumuno ng priesthood sa Kobe, Japan, at sa Okayama Japan Stake conference; kinausap niya ang mga kinatawan mula sa Meiji Shrine sa Tokyo, Japan; at bumisita siya sandali sa Vietnam.

## Tinutulutan Tayo ng Batas na Maabot ang Ating Potensyal, Sabi ni Elder Christofferson

"Ipinagkaloob ng Diyos sa atin, na Kanyang mga anak, ang oportunidad at responsibilidad na bumuo ng mga batas at sistemang legal upang pamahalaan ang pagtutunguhan at kilos ng mga tao," sabi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol sa isang mensahe sa mga miyembro ng J. Reuben Clark Law Society noong Pebrero 4. Nagsalita siya tungkol sa papel na ginagampanan ng batas sa pagtutulot sa mga tao na maabot ang ganap na potensyal nila sa buhay na ito at sa kabilang buhay.

Ipinaalala ni Elder Christofferson sa mga nakikinig na "hindi natin matatamo ang lubos na katarungan nang wala si Jesucristo," at "ang

pinakamabuti nating magagawa para tulungan silang maabot ang kanilang potensyal ay akayin sila sa Tagapagligtas." Pinatotohanan niya ang kapangyarihan ng Tagapagligtas na itama ang mga mali at "punan ang ating kakulangan at bigyang-katwiran tayo sa batas na iyon na nagtutulot sa atin na maging mga tagapagmana ng buhay na walang hanggan kasama Niya." Nagtapos siya sa pagpapatotoo na si Cristo ay buhay.

Sa fireside, ginawaran din si Elder Christofferson ng J. Reuben Clark Law Society Distinguished Service Award para sa mga kontribusyon niya sa larangan ng batas.

## Binigyang-diin ni Sister Beck ang Papel na Ginagampanan ng Relief Society sa Plano ng Diyos

Kinausap ni Julie B. Beck, Relief Society general president, ang halos 10,000 kababaihan at lider ng Relief Society sa BYU-Idaho campus noong Pebrero 26, 2011, upang palakasin ang kanilang pananampalataya at hikayatin sila sa papel na ginagampanan nila sa Relief Society at sa plano ng kaligtasan.

Sa isang pangkalahatang sesyon at sa sesyon sa pagsasanay sa pamumuno, sinagot ni Sister Beck ang mga tanong ng kababaihan at mga lider ng priesthood mula sa mahigit 40 stake sa timog-silangang Idaho, USA.

Nagpatotoo si Sister Beck na kapag isinaisip at isinapuso ng mga kabilang sa gawain ng Relief Society ang mga layunin ng Panginoon at isinagawa ang Kanyang mga layunin dito sa lupa, sila ay pagpapalain, palalakasin, lilinisin, at pagagalingin.

"Tayo ay may organisasyon na itinatag ng Panginoon upang pagpalain ang Kanyang mga anak na babae," wika niya. "Kilala ng Panginoon kung sino kayo dahil ito ay Kanyang gawain. Kayo ay Kanyang palalakasin at pauunlarin."

Basahin ang iba pang itinuro ni Sister Beck at panoorin ang kasamang video sa news.lds.org. (Ang video at teksto ay makukuha lamang sa Ingles.) ■

### Pinag-iibayo ng mga Makinang Panahi ang Pag-asa sa Sarili

Dahil sa donasyong 50 makinang panahi ng Simbahan sa Ministry of Social Welfare ng Fiji noong 2010 at sa parating pang 50 donasyon, nag-iibayo ang pag-asa sa sarili at pagkakaroon ng pagkakataong makapagtrabaho para sa kababaihang nakatira sa mga baryo ng Fiji.



Dahil sa mga donasyon ng mga miyembro ng Simbahan sa humanitarian fund, natutugunan ng Simbahan ang mga pangangailangan sa buong mundo sa pamamagitan ng mga proyektong katulad ng mga donasyong makina. Ang mga kinatawan ng Simbahan ay nakikipagtulungan nang husto sa mga pinuno ng baryo at gobyerno para maunawaan ang mga sitwasyon sa lugar at isaalang-alang ang mga naisin ng mga mamamayan sa komunidad.

"Ginagawa namin ito at ang mga proyektong tulad nito dahil kami ay mga alagad ni Jesucristo," sabi ni Elder Taniela B. Wakolo, Area Seventy, sa isang interbyu ng *Fiji Times.* "Ang aming pananampalataya ay umaakay sa amin na . . . gumawa ng mabuti sa mundo."

### Tumanggap ng Parangal ang Isang Miyembrong Hapon

Noong Nobyembre 9, 2010, apat na buwan bago ang mapangwasak na lindol sa Japan, tumanggap si Yoji Sugiyama, miyembro ng Fujisawa Japan Stake, ng isang intermediate class ng Order of the Sacred Treasure para sa natatanging paglilingkod niya sa kanyang bansa.

Bilang miyembro ng Foreign Ministry sa loob ng maraming taon, malaki ang bahagi ni Brother Sugiyama sa pag-aayos ng mga kasunduan at naglingkod siya bilang diplomat para sa Japan.

Kinikilala ni Brother Sugiyama na ang Panginoon ang naglalaan sa ating lahat ng mga pagkakataong gumawa ng mabuti sa sarili nating nasasakupan. Sabi niya, "Kung minsan binibigyan tayo ng Panginoon ng mga problema upang masumpungan natin ang ating mga pangangailangan. Kung wala ang mga pangangailangang iyon at ang pagkakataong makahanap ng magagandang solusyon, hindi uunlad ang mga tao at wala silang maidudulot na kaligayahan sa mundong ito."

### Naglaan ng Malinis na Tubig ang Latter-day Saint Charities

Halos isang bilyong katao sa mundo ang walang malinis na tubig, na madalas humantong sa mga sakit na nakukuha sa tubig tulad ng kolera, pagtatae, at tipus. Ngunit simula noong 2002, pitong milyong katao ang natulungan ng Simbahan sa mahigit 5,000 komunidad na magkaroon ng mga mapagkukunan ng malinis na tubig. Mapapanood sa videong *Water Is Happiness,* na makukuha sa Ingles sa news.lds.org, ang kuwento tungkol sa paglalaan ng LDS Charities ng malinis na tubig sa isang baryo sa Sierra Leone. ■

# MAIIKLING BALITA SA **BUONG MUNDO**

### Inilabas Na ang Binagong *Teachings of the Living Prophets*

Inilabas na ng Church Educational System ang isang bago at makulay na manwal na, *Teachings of the Living Prophets*. Binibigyang-diin sa bagong manwal ang kahalagahan ng mga makabagong propeta, inilalarawan ang tungkulin ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol, at ipinaliliwanag ang paghahalili sa Unang Panguluhan.

Ang manwal ay mabibili sa store.lds.org o sa mga distribution center sa buong Estados Unidos. Ang manwal ay kasalukuyang makukuha sa Ingles at Espanyol at isinasalin sa iba pang mga wika.

### Sa Simbahan Idinaos ang Pagtatanghal ng Iba't Ibang Relihiyon

Isang musikal na pagtatanghal ng iba't ibang relihiyon na nagtatampok ng kanta, sayaw, banal na kasulatan, at mga panalangin mula



© 2007 IRI

***Ang Interfaith Music Tribute ay nagsimula noong 2002 Olympic Games at idinaraos tuwing Pebrero.***

sa iba't ibang tradisyong pangrelihiyon ang idinaos noong Linggo, Pebrero 20, 2011, sa Tabernacle sa Temple Square.

Ilang kaganapan sa mga lokal na sinagoga, kapilya, templong Hindu, at iba pang mga lugar ang idinaos bago ang konsiyerto sa araw ng Linggo at nagtanghal ng mga tradisyon ng mga relihiyon sa komunidad ng Utah. ■

## KOMENTARYO

### Isang Tahanan at Pagsasama ng Mag-asawa na Nakasalig sa Tagapagligtas

Ginagamit naming mag-asawa ang *Liahona* para sa family home evening. Napakasayang karanasan nito. Sa mga mensahe ng Unang Panguluhan, hinahanap namin ang mga salitang nagbibigay-inspirasyon para matulungan kami sa aming mga hamon sa araw-araw. Dahil dito napapalakas namin ang mga saligan ng aming tahanan at pagsasama naming mag-asawa na nakasalig sa Tagapagligtas na si Jesucristo.

**Patricia Oliveira de Souza Balena Leal, Brazil**

### Kaligayahan sa Gitna ng Kalungkutan

Ang mga mensahe sa *Liahona* ay talagang nagpalakas sa akin, lalo na mula nang pumanaw ang aking ina. Kahit sa gitna ng aking kalungkutan, masaya akong maging bahagi ng dakilang gawaing ito at makamtan ang lahat ng pagpapala ng ebanghelyo sa aking buhay. Alam ko na kung magtitiis ako hanggang wakas makakapiling kong muli ang aking ina. ■

**Dinabel Zelaya, Honduras**

*Mangyaring ipadala ang inyong komentaryo o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.*

# MGA IDEYA PARA SA **FAMILY HOME EVENING**

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na maaaring gamitin para sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.*

**"Kumilos,"** pahina 42: Bilang bahagi ng aralin, isiping maglaro ng Simon Says upang ilarawan ang paghihintay sa isang tao na sabihing gumalaw kayo. (Para malaro ito, sasabihin ng isang tao, "Simon says . . ." pagkatapos ay sasabihin niya sa iba na gawin ang isang aksyon, tulad ng pagtataas ng kamay. Patuloy niya itong gagawin nang ilang beses at pagkatapos ay pagagawin ng aksyon ang iba nang hindi niya muna binabanggit ang, "Simon says." Halimbawa: "Simon says itaas ang inyong kamay. Simon says pumalakpak. Ipadyak ang paa.") Magpatotoo tungkol sa isang panahon na nagabayan kayo sa inyong pagsulong.

**"Ang Sagot sa Talata Walo,"** pahina 50: Sabay-sabay na basahin ang artikulo at pagkatapos ay basahin ang Santiago 1:8. Talakayin kung ano ang ibig sabihin ng dalawang akala [magdalawang-isip]. Maaari din ninyong basahin ang Mateo 6:24 at Josue 24:15. Ano ang itinuturo sa atin ng artikulong ito tungkol sa kaugnayan ng ating mga pagpili sa ating mga pagnanais? Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa ating Ama sa Langit? Ano ang ginawa ni Angelica para mahanap ang mga sagot sa kanyang mga tanong? Isiping patotohanan ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan at panalangin.

**"Ang Tungkulin,"** pahina 68: Ikuwento ito. Isiping talakayin kung paano makakatulong sa iba ang mga talento ng inyong mga kapamilya sa pamamagitan ng paglilingkod at mga tungkulin sa Simbahan. Mangakong pag-aralan o paghusayin pa ang isang talento o kasanayan. ■

# SA TAONG ITO, DAMO IYAN— BUNUTIN MO

**Ni Mont Poulsen**

Habang lumalaki ako sa Lehi, Utah, USA, may malaking halamanan ang pamilya ko na sapat ang lawak kaya pinagsalit-salit namin ang pagtatanim ng mais at patatas bawat taon. Isang araw inutusan ako ng tatay ko na bunutan ng damo ang mga mais habang siya naman sa mga patatas. Habang binubunutan ko ng damo ang isang hilera ng mais na anim na pulgada (15 cm) ang taas, nakita ko ang nag-iisang tanim na patatas na mas malago at mas maganda kaysa anumang tanim na patatas sa panig ng halamanan na kinaroroonan ni Itay. Tinawag ko siya at tinanong, "Ano po ang gagawin ko rito?"

Halos hindi nag-angat ng ulo si Itay. "Bunutin mo."

Dahil inakala kong hindi niya naunawaan na patatas ang itinuro ko, tumutol ako, "Pero Itay, hindi po ito damo. Patatas po ito." Muli, sumagot siya nang hindi tumitingin, "Hindi sa taong ito. Sa taong ito, damo iyan. Bunutin mo." Kaya't binunot ko iyon.

Mula noon madalas ko nang pag-isipang mabuti ang katalinuhan ng mga salita ng aking ama. Napagtanto ko na ang pagsunod ay hindi lang paggawa ng tamang pasiya kundi paggawa ng tamang pasiya *sa tamang panahon*. Kapag iniisip ko ang lahat ng bagay na ipagagawa sa akin ng Ama sa Langit sa buhay na ito, ang paggawa nito sa tamang panahon ay singhalaga rin ng paggawa ng lahat ng ito. Halimbawa, ang pagmimisyon, pagdedeyt, pag-aasawa, pagkakaroon ng mga anak, pag-aaral, at pagsisimulang maghanapbuhay ay mga tamang pasiya. Subalit kapag ginagawa ng mga tao ang mabubuting bagay na ito sa maling pagkakasunud-sunod, kadalasan ay kapahamakan ang kinahihinatnan nito.



*Kapag iniisip ko ang lahat ng bagay na ipagagawa sa akin ng Ama sa Langit sa buhay na ito, ang paggawa nito sa tamang panahon ay singhalaga rin ng paggawa ng lahat ng ito.*

Itinuro ni Haring Benjamin na dapat ay ating "tiyakin na ang lahat ng bagay . . . ay gagawin sa karunungan at kaayusan" (Mosias 4:27).Itinuro ni Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kabilang din sa pananampalataya ang tiwala sa tiyempo ng Panginoon, sapagkat sinabi Niya, 'Lahat ng bagay ay kinakailangang mangyari sa kanilang panahon' (D at T 64:32)."[1]

Naniniwala ako na nililinlang tayo ni Satanas sa pagkumbinsi sa atin na gawin ang mga tamang bagay sa maling pagkakasunud-sunod: pagtatalik bago pakasal, pagdedeyt bago sumapit sa edad na 16, pagkakaroon ng anak bago mag-asawa, at kung anu-ano pa. Ang mga pinakadakilang utos ng Diyos, kapag ipinagpalit o nilapastangan, ay nagiging mga halamang tumubo nang wala sa panahon—mga damo. Kapag natutukso akong pangatwiranan ang paggawa ng tama sa maling panahon, nagpapasalamat ako sa mahalagang aral na itinuro ng aking ama: "Hindi sa taong ito. Sa taong ito, damo iyan. Bunutin mo." ■

**TALA**

1. Neal A. Maxwell, "Lest Ye Be Wearied and Faint in Your Minds," *Ensign,* Mayo 1991, 90.

LARAWANG KUHA NG © DIGITAL VISION



*Pinangangalagaan ng Kababaihan ng Lahat ng Bansa ang Kapayapaan,* ni Emma Allebes

*"Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man" (Juan 14:27).*

*"Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan" (Juan 16:33).*



Sina Victor Vasquez (itaas) at Ruth Lopez Anderson (pabalat sa harap) ay 2 sa 24 na Banal sa mga Huling Araw na Latino-Amerikanong nagbahagi ng kanilang mga nakaaantig na kuwento at patotoo tungkol sa pagbabalik-loob para sa *Mi Vida, Mi Historia*—isang eksibit na idinispley kamakailan sa Church History Museum sa Salt Lake City. Basahin ang tungkol sa 9 sa mga Banal sa mga Huling Araw na ito sa mga pahina 16–21. Mapapanood ninyo ang buong palabas online sa wikang Espanyol o Ingles sa **lds.org/churchhistory/museum/exhibits/mividamihistoria**.

TAGALOG
4 02096 87893 6